# Pagsusuri ng Ilang Salik sa Pagtutuos ng Saguting Kriminal

*Lorenzo U. Padilla**

PROLEGOMENO .......................................................... 499
I. KAHULUGAN NG KRIMEN .............................................. 500
A. *Mga Pangkalahatang Sangkap ng Krimen*
1. Kagagawan o Pagkukulang
2. Pagpaparusa sa Pamamagitan ng Batas
3. Pananadya o Pagkakamali
B. *Kaurian ng Krimen*
1. Mga Krimeng Sinadya
i. Kalayaan
ii. Katalinuhan o katinuan ng pag-iisip
iii. Hangarin
2. Mga Krimen ng Pagkakamali
C. *Kawalan ng Krimen Kahit May Pinarurusahang Kagagawan*
1. Pagkakamali Kaugnay sa Talagang Pangyayari

* A.B. '79, LL.B. '83 *(pangalawang karangalan)*, M.B.A. '97, Pamantasang Ateneo de Manila; LL.M. '98 (European Community Law), Rijksuniversiteit Leiden, Nederland. Guro sa Ateneo de Manila: sa Paaralang Pambatas, (International Economic Law at Criminal Law) at sa Paaralang Loyola (European Business Law). Kasapi siya ng Rodriguez Delos Santos Naidas & Padilla Law Offices. Bukod sa Ingles, pormal siyang nakapag-aral ng Espanyol/Kastilyano (*Instituto Cervantes*), Pranses (*Alliance Française*) at Aleman (*Goethe Institut*), at nagsikap turuan ang sarili ng Italyano at Nederlandes.

Nakapaglathala siya ng mga akdang pampanitikan at teknikal na sulatin sa batas. Nagsusulat din siyang madalas kaugnay ng iba't ibang paksa sa Filipino at Ingles, at nagsasalin ng mga materyales pambatas mula sa ibang wika sa wikang pambansa ng Pilipinas.

Siya ang Patnugot ng Tala at Talastasan ng Tomo 26 at nag-ambag sa pamamatnugot ng Tomo 27, *Ateneo Law Journal*. Inilathala ng *Journal* ang kanyang: *Policy Complimentaries in the Multilateral Context and New Approaches in International Cooperation: A Function for Voluntary Principles and Collaborative Initiative in the ASEM Process*, 43 ATENEO L.J. 241 (1999); *Reinforcing the enforcement procedure: The Interplay of the Litigation Aspect of Community Enforcement with Direct Effect and State Liability for Damages for Breaches of Community Obligations*, 42 ATENEO L.J. 265 (1998); *Ensemble of Thoughts in Penal Law*, 42 ATENEO L.J. (Supp. 1997); *The History of Penal Law II*, 40 ATENEO L.J. 109 (1996); at *The History of Penal Law I*. 39 ATENEO L.J. 58 (1995).

Ang sanaysay na ito ang kauna-unahang paglalathala ng *Ateneo Law Journal* ng sulatin sa wikang Filipino.

*Cite as* 46 ATENEO L.J. 497 (2001).

2. Pagkakamali Kaugnay sa Pag-iral ng Makatarungang Pangyayari, atbp.
i. Pagkakamaling Nagpapahiwatig ng Kawalan ng Pagkakusang-loob
ii. Ibang Pagkakamaling Nagbubunga ng Krimen
*D. Kawalan ng Krimen Dahil sa Sakuna*
*E. Kalikasan ng Krimen sa Ilalim ng Pasadyang Batas*
1. Hangaring Magsakatuparan ng Krimen at Hangaring Gumanap ng Kagagawan
2. Mga Konsepto ng Mala in Se in Mala Prohibito
3. Dahilan o Motibo
II. SAGUTING KRIMINAL .......... 528
*A. Sa Krimeng Naisagawa*
1. 1. Kagagawang Sanhi o Pinagmulan
i. Sinadya
ii. Krimen
iii. Pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal
2. Bunga o Kinahinatnan
i. Pagkakamali Sa Pagsino o Pagkilala Sa Biktima
ii. Pagkakamali Sa Tinamaan o Dinatnan
iii. Pinsalang Sumasaibayo Sa Nilalayon
iv. Pinsalang Hindi Pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal
3. Kaugnayan ng Sanhi sa Bunga, ng Pinagmulan sa Kinahinatnan
i. Tuwiran, Likas, at Makatwirang Kaugnayan
ii. Sapat at Mabisang Kaugnayan
iii. Kaugnayang Hindi Naputol ng Mapanghimasok na Sanhi
iv. Malapit na Kaugnayan, Kahit Hindi Agaran
*B. Krimeng di-maisagawa*
1. Legal na Pagkaimposible
2. Pisikal na Pagkaimposible
III. KALUBHAAN NG KRIMEN, MGA KAPARAANAN, ANYO AT ANTAS NG PAGSASAKATUPARAN NITO .......... 541
*A. Pagpapangkat ng Krimen Ayon sa Pamamaraan ng Pagsasagawa*
1. Mga Krimeng Pormal
2. Mga Krimen ng Pagtatangka
3. Mga Krimen ng Pagkukulang o Pagkaligta
4. Mga Krimen ng Pagkakasundo
5. Mga krimeng Materyal
*B. Landas Ng Pagsasakatuparan Ng Krimen*
1. Panloob na Kagagwan
2. Kagagawang Panlabas
i. Kagagawan sa Paghahanda
ii. Mga Kagagawan sa Pagsasakatuparan
*C. Mga Antas ng Pagsasakatuparan ng Krimen*



1. Pagtatangka
i. Simula ng Tuwirang Pagsasagawa
a. Kagagawang Panlabas
b. Tuwirang Kaugnayan
1) Kagagawang Kinakailangan Nguni't Hindi Naisagawa
2) Kawalan ng Kusang-loob na Pagtitimpi o Pagpigil sa Sarili
3) Maibubukod na Sanhi o Sakuna
2. Pagkabigo
3. Pagkaganap
*D. Masalimuot na Pagtatalaban ng Antas Kaugnay ng Iba't Ibang Krimen*
*E. Walang Antas ng Pagsasakatuparan sa Imposibleng Krimen*
*F. Kadalasang Walang Antas ng Pagsasakatuparan sa Ilalim ng Pasadyang Batas*
*G. Hindi Mailalapat ang Tuntunin Kaugnay ng Antas ng Pagsasakatuparan sa mga Krimen ng Pagkakamali*
IV. PAGPAPANUKALA AT PAGSASABWATANG MAGSAGAWA NG KRIMEN, AT IBA PANG ANYO NG PAKIKIBAHAGI SA KRIMEN .......... 552
*A. Pagpapanukalang Magsagawa ng Krimen*
*B. Pagsasabwatang Magsagawa ng Krimen*
1. Paraan ng Pagsasagawa ng Krimen
2. Paraan ng Pagkakaroon ng Saguting Kriminal
i. Kung Walang Pagsasabwatan
ii. Kung May Pagsasabwatan
a. Hayagang Pagsasabwatan
b. Pahiwatig na Pagsasabwatan
1) Pagsasakatuparan ng Iisang Balak o Layunin
2) Walang Pamantayang Lawig ng Panahon
3) Mapatutunayan nang tuwiran o di-tuwiran
4) Di-nangangailangan ng Pormal o Maayos na Kasunduan
5) Maaaring Manguna o Sumabay sa Kagagawang Kriminal
6) Pinatutunayan sa Katanggap-tanggap na Paraan
*C. Iba Pang Anyo ng Pakikibahagi sa Krimen: Pahapyaw na Tanaw*
EPILOGO BILANG PROLOGO .......... 571

## PROLEGOMENO

Hindi lamang dapat maging makatarungan sa pananaw ng lipunan ang batas sa krimen, kundi dapat ding maparating sa kriminal ang pag-uunawang isang pagsusumikap ng lipunan na maging makatarungan sa kanya ang parusang idinudulot nito. Sa bahaging ito nauugnay ang paggamit ng batas sa krimen bilang paraan ng pagtuturo sa kriminal (*tutela juridica*). Hindi lamang dapat maging layunin ng batas sa krimen ang pagsasaalang-alang ng krimen, ayon sa pagkakatadhana nito at pagpapakahulugan dito, at ang pagsasakatuparan ng parusa, ayon sa paglalapat nito sa kaukulang pagkakataon, kundi dapat ding

pagsikapan nitong ituro ang tamang landas sa mga maaaring maglayong gumawa ng krimen at sa mga nakagawa ng krimen na nais magbalik-loob. Harinawang mabuwag ang mistulang muog ng kahiwagaang bumabalot sa batas sa krimen at itanghal ito bilang pagsusumikap ng lipunan na makiugnay sa kriminal upang maipaunawa sa kanya ang pagpapahalaga nito sa kanyang pagkatao at ang pagsusumikap nito na maging makatarungan.

## I. KAHULUGAN NG KRIMEN

Ang salitang *"felony"* ang taguring ginagamit sa tekstong Ingles ng Binagong Kodigo Penal,[1] para tukuyin ang ano mang paglabag sa mga ipinagbabawal nito, at *"delito"* naman ang sa tekstong Kastila, bagama't ginagamit din ang mga salitang *"crime"* at *"offense"*[2] upang tukuyin ang mga ito sa maraming bahagi ng salin sa Ingles. Layuningmaging magkakatumbas lamang sa kahulugan ang naturang mga kataga at pawang tumutukoy sa mga kagagawan at mga pagkukulang na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal.[3] Bagama't mahigit nang isang daang taong nagkabisa dito sa Pilipinas ang kasalukuyang Kodigo, sa anyo ng dati at sa binagong bersiyon nito, hindi pa rin nagtamo ng ganap na pag-unlad tungo sa pagkakaroon ng iisang katawagan sa batas bilang pantukoy sa kagagawang pinarurusahan. May nagsasabing dapat lamang gamitin ang katagang *"felony"* upang tukuyin ang mga kagagawan at mga pagkukulang na pinarurusahan sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal, upang magsilbing palatandaan na, bilang pangkalahatang panuntunan, mailalapat lamang ang mga tadhana nito sa mga kagagawan o pagkukulang na pinarurusahan ng naturang

1. Batas Blg. 3815 (1932).

BINAGONG KODIGO PENAL, Artikulo 3: *Mga pagpapakahulugan.* — Tinatawag na delito ang mga kagagawan at mga pagkukulang na pinarurusahan ng batas.

Naisasagawa ang mga delito hindi lamang sa pamamagitan ng pananadya kundi sa pamamagitan din ng pagkakamali.

May pananadya kung ginanap ang kagagawan ang nang may kusang-loob na paghahangad at may pagkakamali kung bunga ang maling kagagawan ng kakulangan ng pag-iingat, ng kapabayaan, ng kakulangan ng pangingita, o ng kakulangan ng kasanayan. (Tutukuyin ang Binagong KODIGO PENAL bilang "KODIGO PENAL" lamang kasunod nito).

2. Tinatawag din na "sala" o *"offense"* ang ano mang paglabag sa ipinagbabawal o di-pagsunod sa ipinag-uutos ng batas.

3. Katunayan, sa opisyal na pagsasalin sa Ingles ng KODIGO PENAL ng Kapuluan ng Pilipinas, na ipinalimbag noong 1911 at pinamatnugutan ng Punong Abogado sa panahon ng mga Amerikanong mananakop, ipinaliwanag sa paanan ng unang pahina ng mga tadhana nito na dapat unawain ang mga salitang *"felony"* at *"misdemeanor,"* sa pagsasaling ito, ayon sa kahulugan ng kanilang pinakamalapit na katumbas sa Kastila, ang *delito* at ang *falta,* ayon sa pagkakabanggit, at hindi talaga alinsunod sa kahulugan ng mga ito sa mga batas at mga kapasyahang Amerikano. Ang salin ding ito ang pinagbatayan ng opisyal na pagsasalin sa Ingles ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas, bagama't itinigil na ang paggamit ng katagang *"misdemeanor"* nang kaltasin mula sa nabagong bersiyon ng dating kodigo ang karamihan sa mga tadhanang may kinalaman sa *falta.*



Kodigo. Ang pananaw na ito ay patuloy na iminumungkahi, datapwa't dumami nang dumami ang mga kagagawan o pagkukulang na pinarurusahan sa ilalim ng mga pasadyang batas na humihingi ng paglalapat ng mga tadhanang matatagpuan sa Binagong Kodigo Penal, sinadya man o hindi ng mambabatas na magkagayon. Naging higit na malaganap na rin, kaysa sa naturang mga katawagan, ang paggamit ng katagang "krimen" upang tukuyin ang mga kagagawan o mga pagkukulang na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal, samantalang ito rin ang ginagamit upang tukuyin ang mga paglabag sa tadhana ng mga pasadyang batas pamarusa at kahit ng mga ordinansa.[4]

Gayon pa man, hindi pawang may kalikasang kriminal ang lahat ng mga kagagawang pinarurusahan ng batas, gaya ng mga ordinansang ipinagtibay ng mga pamahalaang-bayan.[5] Ito ang naging batayan sa pagpapawalang-sala ng isang ipinagsakdal sa krimeng pagbubulaan nang dahil lamang sa kanyang pagtangging amining minsan na siyang napagsampahan ng kriminal na paratang, samantalang naipagsakdal na pala siya, sa katotohanan, ng paglabag sa isang ordinansang nagbabawal sa pasahero ng karitela na maupo sa luklukang nakalaan lamang sa isang kutsero. Bukod dito, hindi rin nagpapahiwatig ng pagsasakrimen ang lahat ng pagpapataw ng parusa sa isang kagagawan, gaya ng karagdagang multang ipinapataw ng isang pamahalaang-bayan kaugnay ng paglabag sa kasunduan ng isang nangungupahan ng puwesto sa pamilihang-bayan.[6]

### A. *Mga Pangkalahatang Sangkap ng Krimen*

Sa pangkalahatan, ang sumusunod ay mga sangkap na kinakailangan upang umiral ang isang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal: (1) dapat may kagagawan o pagkukulang; (2) dapat na pinarurusahan ng naturang batas ang kagagawan o pagkukulang; at (3) dapat na isinakatuparan ang kagagawan o nangyari ang pagkukulang nang may pananadya (*dolo*) o pagkakamali (*culpa*).[7]

#### 1. Kagagawan o Pagkukulang

Tinutukoy ng salitang "kagagawan" ang ano mang galaw o kilos ng katawan na naglalayong magbunga ng ano man sa panlabas na daigdig o paligid, nang hindi kinakailangan pang talagang magkabunga dahil sapat na sa pagpapakahulugan

4. Gayon pa man, hindi pa rin maiwanan hanggang ngayon ang paggamit sa teksto ng mga salitang *"felony"* at *"delito"* upang tukuyin ang mga krimeng pinarurusahan sa Binagong KODIGO PENAL, kung kaya kahit sa proyekto ng 1966, para sa muling pagbabago nito, na inihanda ng U.P. Law Center, dala-dala pa rin ang mga ito, nang tila di-alintana ang gayong suliranin.

5. De Guzman v. Subido, 120 SCRA 443 (1983).

6. Conde v. Mamenta, Jr., 142 SCRA 500 (1986).

7. People v. Gonzales, 183 SCRA 309 (1990).

ng batas na maaaring magkabunga ito ng ano man.[8] Nguni't dapat na maging isang krimen ang kagagawan o pagkukulang, ayon sa pagpapakahulugan ng Binagong Kodigo Penal (o ng kaukulang batas na tumatalakay dito, sa mga pagkakataong hinihingi nito ang paglalapat ng mga pangkalahatang katadhanaan ng Binagong Kodigo Penal); o, kung hindi man, dapat itong maging isang panlabas na pagsasagawa, pagsasakatawan o pagsasakatuparan ng naturang krimen, o isang panlabas na hakbang, galaw o kilos na may tuwirang kaugnayan sa nilalayong krimen.[9]

Kakulangan ng gawa ang kahulugan ng salitang "pagkukulang" o pagkaligta (ang kalagayan ng pagkukulang na umabot sa ganap na kawalan ng kagagawan), na nagiging krimen kung tumutukoy sa isang pagkabigong gampanan ang isang positibong tungkulin na dapat gawin sa ilalim ng batas (*deber juridico de obrar*).[10] Sakop ng kakulangan ng gawa ang ganap o lubusang kawalan nito. Kaugnay nito, dapat na may batas na humihingi ng pagsasagawang binubuo ng pagtupad ng isang gawaing dapat gampanan, bago masasabing may pagkukulang kaugnay sa hinihingi nito. Sa balangkas ng Binagong Kodigo Penal, dapat managot sa krimeng pag-abandona o pagpapabaya sa mga taong nasa bingit ng panganib ang sino mang taong nabigong tulungan ang kahit na sinong sugatan o nasa panganib ng kamatayan na kanyang matatagpuan sa isang di-pinamamahayanang pook.[11] Dapat ding managot sa krimeng labag-sa-batas na paniningil ang sino mang opisyal ng bayan na pinagkakatiwalaan sa paglilikom ng mga buwis, na kusang-loob na hindi nagbigay ng resibo, ayon sa itinatadhana ng batas, kaugnay sa ano mang halaga ng salapi na nalikom niya sa pagganap ng kanyang tungkulin.[12] Mananagot din sa salang di-pagsusumbong ng pagtataksil sa bayan ang bawat taong may tungkuling maging tapat sa Republika ng Pilipinas na hindi isang dayuhan, at may kabatirang nauugnay sa ano mang pagsasabwatan laban sa bayan, na ipinaglihim o hindi nagsumbong o

8. *Id.*

9. *Tignan* KODIGO PENAL, art.6 (1932). Dapat maging panlabas ang naturang kagagawan, sapagka't hindi na sakop ng batas pamarusa ang mga kagagawang panloob o mga saloobin. Hindi bumubuo ng krimen ang isang diwang kriminal o simpleng paglalayon lamang, maging gaano man kasama o di-marapat ito. Kahit pa nagsasaalang-alang ang isang tao ng balak na pumatay ng kapwa, wala pa siyang saguting kriminal habang hindi niya sinisimulang isagawa ito.

10. Kay CUELLO CALON, tatlong sangkap ang kinakailangan dito: (1) pagkakusang-loob (dahil "*no toda inactividad es omission, esta es inactividad voluntaria*"); (2) kawalang-gawa (*conducta inactiva*); at (3) tungkuling gumanap sa ilalim ng batas. 1 EUGENIO CUELLO CALLON, DERECHO PENAL,314-15.

11. KODIGO PENAL, art. 275 (1932). Ito ay sa pasubaling magagawa niya ito nang walang maaaring maging pinsala sa sarili.

12. KODIGO PENAL, art. 213, (2b).



hindi nagpabatid nito, sa lalong madaling panahon, sa mga kinauukulang maykapangyarihan.[13]

Di-sapat, upang magbunga ng saguting kriminal, ang pagkabigong ipagbigay-alam o iulat sa mga maykapangyarihan ang pagkakagawa ng krimen, sapagka't hindi bumubuo ng krimen ang gayong pagkabigo. Dahil walang batas na nagpaparusa sa isang taong nabigong magsumbong o magbigay-alam sa mga maykapangyarihan kaugnay sa kanyang nasaksihang pagsasagawa ng isang krimen ng ibang tao, hindi maituturing na isang krimen ang gayong pagkukulang.[14] Hindi pinarurusahan ang pagiging naroon lamang sa pinangyarihan ng isang krimeng ginawa ng iba nang walang ginagawa, ang pagsasawalang-kibo at ang pagkabigong magbigay ng alarma o babala kaugnay nito, kung wala namang katibayan ng pagkakasundo o ng pakikipagsabwatan.[15]

2. Pagpaparusa sa Pamamagitan ng Batas

Upang maging krimen, dapat na pinarurusahan ng batas ang kagagawan o pagkukulang, tuntuning batay naman sa kasabihang "*nullum crimen, nulla poena sine lege*,"[16]: walang krimen, ni kaparusahan, kung walang batas na nagsasakrimen at nagpaparusa sa kagagawan o pagkukulang. Mahaba ang naging kasaysayan ng simulaing ito, na kumakatawan sa isa sa pinakamahalagang kaunlarang tinamo ng batas kriminal ng kasalukuyan, ang *garantia criminal (nullum crimen sine praevia lege poenali)*.

Madalas maiturong dapat unawain ang pariralang "pinarurusahan ng batas" sa kahulugang "pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal" at hindi ng isang pasadya o espesyal na batas kung isang krimen, delito o pelonya ang tinutukoy,

13. KODIGO PENAL, art. 116. Maidaragdag din ang sumusunod pang mga pagkukulang na pinarurusahan sa ilalim ng Binagong KODIGO PENAL: (1) pagkabalam sa paghahatid ng mga taong nakapiit sa mga maykapangyarihang panghukuman (art. 125); (2) pagkabalam sa pagpapalaya ng mga bilanggo (art. 126); (3) pagkabigo ng mga nanunungkulan sa bayan na labanan ang isang himagsikan o pag-aalsa laban sa pamahalaan (art. 137); (4) pagkabigong usigin ang mga nagsisipaglabag sa batas (art.208); (5) pagkabigo ng isang nanunungkulang tagapagtuos na maglahad ng kuwenta, at hindi paglalahad ng kuwenta ng isang may-kapanagutang opisyal ng bayan (art. 128); (6) pagkabigo ng isang nanunungkulan sa bayan na mag-entrega ng pondong-bayan (art. 221); (7) pag-iwas sa sentensya ng isang bilanggo nang dahil sa kapabayaan ng opisyal na may pananagutan sa pagtataglay sa kanya (art. 224); at (8) maalam na paglilihim o di-pagbubunyag ng masasamang gawain kaugnay ng sedisyon.

14. *Tignan* People v. Silvestre at Atienza, 56 Phil.353 (1931).

15. *Tignan din* People v. Drilon, Jr., 123 SCRA 72 (1983), kung saan naulit ang pasyang hindi sapat ang pagiging naroon lamang ng nasakdal sa pinangyarihan ng krimen, sapagka't hindi naman ito nagpapahiwatig ng pakikipagsabwatan. Kinakailangang mapatunayan pa ang makasalanang pakikibahagi ng nasakdal sa kriminal na hangarin.

16. Bagama't Latin ang kasabihang ito, hindi ito nagmula sa mga Romano, kundi kay FEUERBACH, LEHRBUCH DES GEMEINEN IN DEUTSCHLAND GUELTIGEN PEINLICHEN RECHTS § 20 (12d ed.1836), gaya ng kinikilala sa 1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 176.

upang maipapahiwatig ang pagkakaiba ng "krimen" o "pelonya" na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal at ng "krimen," "paglabag" o "sala," na pawang higit na malalawak na mga kataga at sumasakop sa mga kagagawang pinarurusahan ng mga pasadya o ispesyal na batas at ordinansa. Bagama't may katwiran ang gayong pananaw, higit pa sa konseptong ito ang talagang kinakatawan ng naturang parirala, na naglalayong magpahayag sa pinagmulang Kodigo nito, ng napakahalagang simulain ng "legalidad" (o pagkaayon-sa-batas ng ano mang pagsasakrimen ng mga kagagawan). Tinitiyak nito na tanging maituturing na krimen at mapapatawan ng kaparusahan yaon lamang mga kagagawang binigyan ng kalikasang kriminal sa pamamagitan ng batas. Isa itong hakbang na kumakatawan ng napakahalagang pag-unlad mula sa panahon kung kailan maituturing ng mga hukom na krimen ang mga kagagawang hindi naman tahasang binigyan ng gayong kaurian ng batas mismo o sa pamamagitan ng batas.[17]

### 3. Pananadya o Pagkakamali

Batay sa paraan ng pagsasagawa ng krimen, dalawang pangkalahatang pangkat nito ang maaaring tukuyin: (1) mga krimen ng pananadya (sinadyang krimen; *delito doloso o delito intencional*); at (2) mga krimen ng pagkakamali (krimeng di-sinasadya; *delito culposo o delito no intencional*). Kaya naman, ipinahahayag ng ikalawang talataan ng artikulo 3,[18] na isinasagawa ang mga krimen hindi lamang sa pamamagitan ng pananadya (*dolo*),[19] kundi pati na rin sa pamamagitan ng pagkakamali (*culpa*). Sa mga krimen ng pananadya, bugso ng masamang hangarin ang kagagawan o pagkukulang ng salarin. Sa kawikaan ng artikulo 3, isinagawa ang kagagawan nang may kusang-loob na paghahangad ng pinsala sa kapwa, na siyang nagbabahid sa kagagawan ng masamang hangarin o malisya.

17. Ayon kay FEUERBACH, tatlo ang higit na matatayog na mga simulain ng kasalukuyang batas sa krimen: (1) *nulla poena sine lege,* walang maipapataw na parusa kung walang batas na nagtatadhana nito; (2) *nulla poena sine crimine,* walang maipapataw na parusa kung walang paglabag sa batas; at (3) *nullum crimen sine poena legali,* walang krimen kung walang itinadhanang parusa ang batas. FEUERBACH, LEHRBUCH DES GEMEINEN IN DEUTSCHLAND GUELTIGEN PEINLICHEN RECHTS § 20 (12d ed. 1836), *tinalakay sa* 1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 176.

18. KODIGO PENAL.

19. Matatagpuan ang salitang "*deceit*" sa ikalawang talataan ng art. 3, sa tekstong Ingles ng Binagong Kodigo Penal, samantalang *dolo* naman ang ginamit sa tekstong Kastila. Hindi talaga *deceit*, o panlilinlang, ang wastong salin ngayon ng salitang *dolo*. Katumbas ang *dolus* ng masamang hangarin o malisya, na ang layuning lumikha ng kapinsalaan sa iba (*voluntas sceleris* o *animus nocendi*) ang wastong kahulugan sa kasalukuyan.19 Kapag naglalayong lumikha ng kapinsalaan sa katauhan, ari-arian, o karapatan ng iba ang isang salarin, sa kanyang pagganap ng isang kagagawan o pagkukulang, kumikilos siya nang may masamang hangarin. Kung pinarurusahan ang gayong kagagawan o pagkukulang, dapat siyang managot sa pagsasagawa ng isang sinadyang krimen. Isinasagawa sa pamamagitan ng *dolo*, o nang may bahid ng masamang hangarin, ang karamihan sa mga krimeng tinatalakay at pinarurusahan sa Ikalawang Aklat ng Binagong Kodigo Penal.



Sa mga krimen ng pagkakamali, walang bahid ng masamang hangarin ang kagagawan o ang pagkukulang ng salarin. Hindi nilalayon ang kapinsalaang nalikha o naidulot ng salarin sa ibang tao, dahil insidente, natataon o ibinubunga lamang ito ng ibang kagagawang isinagawa naman nang walang bahid ng masamang hangarin.[20] Resulta lamang ang maling kagagawan ng kakulangan sa pag-iingat, ng kapabayaan, ng kakulangan sa panginginita, o ng kakulangan ng kasanayan.[21]

Kahit na walang layuning gumawa ng masama ang salarin kundi maglapat pa nga ng lunas, dapat pa ring siyang managot sa salang pamiminsala sa katawan ng kapwa kung may napatunayang kakulangan ng pag-iingat.[22] Nagpapahiwatig ng pagkukulang sa pagkilos ang kapabayaan. Nagpapahiwatig naman ng pagkukulang sa pananaw o pangingita ang kakulangan ng pag-iingat. Kung nabigong gampanan ng isang tao ang kinakailangang pag-iingat upang maiwasan ang isang kapinsalaan sa kapwa o kasiraan ng ari-arian ng iba, masasabing may kakulangan ng pag-iingat. Kung nabigo namang magbigay ang isang tao ng kaukulang pagsasaalang-alang at gumamit ng angkop na pagsisikap sa pangingita sa kapinsalaan o kasiraang maaaring malikha ng kanyang pagkilos, mayroon ding kapabayaan. Madalas na may kaugnayan ang kapabayaan sa kakulangan ng pangingita. Karaniwang namang kinasasangkutan ang kakulangan ng pag-iingat ng kakulangan ng kasanayan.[23] Sumasailalim sa pagsasakrimen ng kapabayaan o kakulangan ng pag-iingat ang palagay na dapat gamitin ng tao ang kanyang sentido kumon o karaniwang pandama upang maiwasan ang kapinsalaan sa iba. Dapat siyang gumamit ng angkop na pag-iisip sa lahat ng kanyang mga gawain; tungkulin niya ang mag-ingat, mangalaga, at maghunos-dili, nang dahil sa takot ng kaparusahan, kung hindi man sa udyok ng sariling kalooban. Pananagutan niya ang mga resultang nasa kakayahang makinita nino man at ang mga kagagawang hindi sana magaganap kundi sa pamamagitan ng maling kapabayaan. Kung hindi gayon ang patakaran ng batas, malalagay sa lahat ng uring panganib at kapinsalaan ang kanyang sariling pagkatao, mga karapatan at ari-arian, at yaong sa kanyang mga kapwa tao.[24]

Sa bawat krimeng may bahid ng masamang hangarin at sa krimeng naganap sa pamamagitan ng pagkakamali, pawang kusang-loob ang mga kagagawan o pagkukulang. Bagama't sinawata ng panag-uring *voluntary*, o kusang-loob, na ginamit sa dating Kodigo Penal, sa pagpapakahulugan ng mga krimen sa ilalim

20. People v. Sara, 55 Phil. 939 (1931).

21. Sa pangkalahatang balangkas ng Binagong KODIGO PENAL, sinasaklawan ng mga sinadyang krimen ang tinatawag na "tunay na paglabag" (*true offenses*), samantalang sakop naman ng krimen ng pagkakamali ang mga "mala-paglabag" (*quasi-offenses*).

22. U.S. v. Divino, 12 Phil.175 (1908).

23. Hinggil dito, laging sakop ng kakulangan ang lubos na kawalan nito.

24. U.S. v. Maleza, et al., 14 Phil.468 (1909).

ng Artikulo 3,[25] hindi naman nangangahulugan ang pagkukulang o pagkaligtang ito na maaari nang maging krimen ang isang kagagawang hindi naman kusang-loob (di-boluntaryo).[26] Gaya ng hinihingi sa dating Kodigo Penal, kinakailangan na maging kusang-loob ang kagagawan o ang pagkukulang, at saka pinarurusahan ng batas, upang maging krimen ito. Ang pagpapakahulugan sa malubhang kakulangan ng pag-iingat sa ilalim ng Artikulo 365[27] ang mismong nagsasabing binubuo ang malubhang kakulangan ng pag-iingat ng kusang-loob at walang-malisyang pagganap o di-pagganap sa isang kagagawang nakapagdudulot ng pinsalang materyal.

Kaya naman, gumaganap ng isang kusang-loob na kagagawan, sa pagpapaputok ng kanyang baril, ang isang mangangaso na nangatwirang parang nakakita siya sa tanglaw ng kanyang lantera ng bagay na mistulang mga mata ng usa, may limampung metro mula sa kanyang kinatatayuan, nguni't sa kanyang pagkabigla, nang makalapit, saka lamang niya natantong ang kasama pala niya ang kanyang napagkamalang usa, bagama't maituturing na di-sinasadya o walang-malisya ang resultang homisidyo, dahil hindi naman niya hinangad na patayin ang nasawing kasama. Dapat lamang na gumamit ng lahat ng kinakailangang pagsisikap, upang makaiwas sa bawat di-kanais-nais na sakuna, ang isang mangangasong alam namang mayroon pa siyang dalawang kasamahang umaali-aligid.[28] Kung hindi naman inuusig ang nasakdal sa krimeng sinadyang homisidyo kundi sa pagkakasagasa at pagkakapatay sa isang bata sa pamamagitan ng malubhang kakulangan ng pag-iingat, na nagpapahiwatig ng kawalan ng malisya at hangaring kriminal, hindi maipangangatwiran ang kawalan ng malisya o kriminal na balak.[29]

Ipinapalagay ng batas sa diwang *juris tantum* na kusang-loob ang isang kagagawang kriminal, at hindi ito mababalikwas ng basta haka-haka o panghuhula lamang.[30] Bagama't nangingibabaw pa rin ang tunay na pangyayari sa isang pagpapalagay lamang, ipahahayag ng hukuman na kusang-loob at

25. KODIGO PENAL.

26. Ito ang pasubaling panloob at higit na mahalaga ng lahat ng kagagawang mapaparusahan, maging sa anyo ng *voluntariedad dolosa* o *culposa* (1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 275: "*Aqui radica el elemento culpabilidad.*")

27. KODIGO PENAL.

28. People v. Ramirez, 48 Phil. 206 (1925). Katulad ng niyong naganap, sa kamalasan, sa isa sa kanyang mga kasamahan. Kaya naman, nahatulang nagkasala ang naturang mangangaso ng homisidyo sa pamamagitan ng malubhang kakulagan ng pag-iingat. Ihambing sa U.S. v. Catangay, 28 Phil. 490 (1914).

29. People v. Lopez, (C.A.) 44 O.G. 584 (1948). Sa kasong ito, hindi pinilit si Lopez na magtimpi, ni pinigilang gumamit ng kaukulang pag-iingat upang maiwasan ang ano mang pinsala sa ibang tao.

30. People v. Macalisang, 22 SCRA 699 (1968).



mapaparusahan ang isang kagagawan sa kawalan ng di-mapag-aalinlanganang paliwanag mula sa nasakdal.[31]

*B. Kaurian ng Krimen*

Ito ang tanging kaibhang namamagitan sa mga krimeng sinadya at mga krimeng di-sinasadya: sa una, kumikilos ang salarin nang may masamang hangarin o malisya; samantalang, sa pangalawa, kumikilos ang salarin nang walang masamang hangarin o malisya.

1. Mga Krimeng Sinadya

Upang maituring na may masamang hangarin ang isang kagagawan o pagkukulang, kinakailangan ang mga sumusunod na sangkap: (a) kalayaan; (b) katalinuhan o katinuan ng pag-iisip; at (c) hangarin.[32] Dapat na matagpuang umiiral ang lahat ng tatlong sangkap ng pagkakusang-loob sa mga krimeng sinadya dahil sa pag-uunawang malaya, matalino at hinangad ang isang kusang-loob na kagagawan.[33]

i. Kalayaan

Kung walang kalayaan ang isang tao, hindi siya nag-aasal bilang tao kundi bilang isang kasangkapan lamang; katulad ang kanyang sagutin sa isang punyal na nakasugat, o ng sulong nakapanunog, o ng susing nakapagbukas ng pinto, o ng hagdanang inakyatan sa pagsasagawa ng pagnanakaw sa isang bahay. Kaya naman, walang saguting kriminal ang isang taong kumilos nang dahil sa di-mapaglabanang karahasan.[34] Gayon din, ligtas sa saguting kriminal ang sino mang kumilos sa simbuyo ng di-mapigilang takot sa isang katumbas o higit na malaking kapinsalaan.[35]

ii. Katalinuhan o katinuan ng pag-iisip

Kung wala ang kakayahang ito, na kinakailangan upang matuos ang pagkamoral ng mga kagagawan ng tao (at makapamili sa tama at mali; *libre arbitrio*), walang krimen na maaaring umiral.[36] Kaya naman, walang saguting kriminal ang isang kulang-kulang o baliw, at mga batang kulang sa siyam na taong gulang, at gayon din ang mga kulang-gulang na higit sa siyam nguni't kapos sa labinlimang taong gulang at kumilos nang walang kakayahang magpasya,

31. *Id.*

32. Guevarra v. Almodovar, 169 SCRA 476 (1989).

33. U.S. v. Ah Chong, 15 Phil. 488 (1910).

34. KODIGO PENAL, art. 12, (5) (1932).

35. KODIGO PENAL, art. 12, (6) (1932).

36. Guevarra v. Almodovar, 169 SCRA 476 (1989).

sapagka't pawang kumikilos sila nang walang katalinuhan o katinuan ng pag-iisip.[37] Binibigyang-kahulugan naman ang "kakayahang magpasya" (bilang batayan ng tinatawag na "bait" o *discernimiento*), gaya ng pagkakagamit dito sa Artikulo 12(3) ng Binagong Kodigo Penal sa ganitong paraan: ang kakayahang pangkaisipan na maunawaan ang kaibhan ng mabuti sa masama ang siyang tinutukoy na kakayahang magpasya, na bumubuo ng kataliwasan sa pagiging ligtas mula sa saguting kriminal ng isang menor-de-edad na kulang sa labinlimang taon nguni't mahigit sa siyam na nagsasakatuparan ng kagagawang ipinagbabawal ng batas.[38]

iii. Hangarin

Nagdadala ng dalawang magkakaibang kaisipan ang mga katagang "hangarin" at "kakayahang magpasya." Bagama't pawang bunga ang mga ito ng mga kaganapang pangkaisipan sa kalooban ng tao, tinutukoy ng nauna ang ninanais na ibunga o kahihinatnan ng kanyang kagagawan, samantalang nauugnay naman ang huli sa katuturang moral o kahulugang pangkaasalan na kanyang inilalagay sa naturang kagagawan.[39] Kaya naman, maaaring hindi hangarin ng isang tao na bumaril ng kapwa samantalang nababatid ang maaaring maging kahinatnan ng kanyang mapagpabayang kagagawan na nakapagdudulot ng kapinsalaan sa ibang tao sa pagtangan niya ng baril sa paraang di-maingat. Hindi wastong ipangatwiran, kung gayon, na dahil kumilos nang may kakayahang magpasya ang isang menor-de-edad na mahigit sa siyam na taong gulang nguni't kulang sa labinlima, kanya nang hangaring maisakatuparan ang gayong kagagawan. Maaaring mabaril niya ang kanyang kaibigan nang dahil sa kawalan o kakulangan ng pag-iingat at, sa gayong paraan, hindi niya hangaring barilin ito, samantalang ganap naman niyang nauunawaan ang di-kanais-nais na kahihinatnan o kahahantungan ng kanyang kawalan o kakulangan ng pag-iingat.[40]

Sumasaklaw, sa katunayan, ang katalinuhan o katinuan ng pag-iisip, bilang isang sangkap ng *dolo*, sa konsepto ng "kakayahang magpasya," sa kahulugan ng pagkakagamit nito sa artikulo 12.[41] Kung gayon, hindi katumbas ang "kakayahang magpasya" sa, ni nagpapahiwatig ng, "hangarin." Tinutukoy ng mga ito ang dalawang magkakaibang mga konsepto. Isang hiwalay at naiibang sangkap ng *dolo* ang katalinuhan o katinuan ng pag-iisip, na sumasaklaw sa

37. KODIGO PENAL, art. 12, (1-3).

38. Guevarra v. Almodovar, 169 SCRA 476 (1989).

39. *Id.*

40. *Id.*

41. KODIGO PENAL.



kakayahang magpasya, bilang paraan ng pagsasagawa ng isang paglabag sa batas pamarusa.[42]

Binibigyang-kahulugan ang salitang "hangarin" bilang isang layunin; isang pagpapasyang magsagawa ng isang bagay; isang pakay; kinakailangan sa gayong hangarin ang paglalayon ng isipan; ang balak o pasyang nagtutulak sa isang tao na kumilos.[43] Ipinapalagay ng batas ang hangaring gumanap ng isang kagagawan nang may malisya, bilang isang takbo ng isipan lamang, at dala agad ang palagay na ito ng katibayang naganap ang isang kagagawang labag sa batas. Kung gayon, sapat nang patunayan na labag sa batas ang kagagawan upang maipalagay na isinagawa ito nang may paghahangad na nababahiran ng malisya. Kung hinakot ng nasakdal ang ilang bagay na pag-aari ng iba at itinago ang mga ito mula sa may-ari at mga pulis, at saka itinatwa ang kanyang pagtataglay nito, maaaring ipalagay, sa kawalan ng kasiya-siyang paliwanag, na kumilos siya nang may hangaring makinabang. Isang kalagayang pangkaisipan ang hangarin, at ipinakikita ang pagkakaroon nito ng mga panlabas na kagagawan ng isang tao.[44]

Mahirap patunayan ang hangaring pumatay dahil isa itong panloob na kalagayan ng pag-iisip (lamang-isip). Nguni't maaari itong mabasa mula sa mga panlabas na kagagawang isinakatuparan ng isang tao. Kapag likas na nagbunga ng isang tiyak na resulta ang kagagawang ito, hindi madaling isipin ng hukuman na iba namang resulta ang talagang hinahangad.[45] Kaya naman, sapagka't isang kaganapang pangkaisipan at isang panloob na kalagayan ng pag-iisip ang tinataguriang hangarin, dapat itong tuusin sa pamamagitan ng ikinilos, ipinag-asal at mga panlabas na kagagawan ng nasakdal.[46] Sa pangkalahatan, agad na nagkakaroon ng pagpapalagay ng hangaring kriminal kapag napatunayang isinagawa ng nasakdal ang kagagawang kriminal na ipinaparatang sa kanya.[47]

Sa mga sinadyang krimen, kinakailangang magkatambal lagi ang masamang hangarin at labag-sa-batas na kagagawan.[48] Datapwa't agaran ngang ipinalalagay, batay sa pagsasakatuparan ng kagagawang labag-sa-batas, ang hangaring kriminal. Mula lamang sa labag-sa-batas na kagagawan (*e.g.*, pagkuha ng ari-arian ng iba nang walang pahintulot), na isinagawa nang malaya at may pananadya, lumilitaw ang moral at legal na palagay kaugnay sa pag-iral ng isang hangaring kriminal at mapaminsala, sa antas na kapani-paniwala at di-

42. Guevarra v. Almodovar, 169 SCRA 476 (1989).

43. *Id.*

44. Soriano v. People, 88 Phil. 368 (1951).

45. U.S. v. Mercado, 38 Phil. 691 (1913); People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926), binanggit sa People v. Lao, 11 C.A.R. 829 (1967).

46. People v. Regato, 127 SCRA 287 (1984).

47. Manzanaris v. People, 127 SCRA 201 (1984).

48. Manahan, Jr. v. Court of Appeals, 255 SCRA 202 (1996).

matututulan, kung wala rin lamang sumasalungat na katibayan.[49] Tuwirang ipinapalagay ng mga tuntunin sa katibayan na taglay ng isang taong nagsakatuparan ng kagagawang pinarurusahan ng batas ang hangaring kriminal at ang kaloobang gumanap ng isang krimen, maliban lamang kung naiiba rito ang lumitaw.[50] Sa kabilang dako, hindi maipapalagay ang pag-iral ng hangaring kriminal batay sa mga kagagawang lehitimo at naaayon naman sa batas (*nemo damnum habet facit nisi qui id facit quod non habet; executio juris non habet injuria*); sa halip, mga lantarang panlabas na kagagawang nagpapakita ng pagpapasyang magsagawa ng krimen ang dapat magpatunay sa hangaring kriminal.[51] Kung bunga ng mabuting hangarin ang lahat ng ginawa ng nasakdal na isang hukom, sa paniniwalang gayon nga ang hinihingi ng wasto at matalinong pagpapasya, hindi siya maaaring mahatulang nagkasala. Hindi sapat ang kagagawan ng isang tao upang maituring siyang kriminal maliban kung kriminal ang kanyang pag-iisip.[52]

Ganito ang kasabihan sa likod ng gayong panuntunan: *actus non facit rerum, nisi mens sit rea*. Hindi nagaganap ang isang krimen kung walang-sala ang isip ng taong nagsasakatuparan ng kagagawang ipinagsumbong. Totoong nagkakaroon ng pagpapalagay ng hangaring kriminal mula sa katibayang nagpapakita ng pagsasakatuparan ng isang kagagawang kriminal; at bilang pangkalahatang tuntunin, kung mapapatunayan na isinagawa ng nasakdal ang ipinaparatang na kagagawang kriminal, ipinalalagay na isinakatuparan ang kagagawan nang may hangaring kriminal, at tungkulin na ng nasakdal na balikwasin ang gayong palagay. Nguni't dapat ding alalahaning kinakailangang maging isang kagagawang kriminal ang pagmumulan ng gayong palagay. Kapag sinasamahan ang pangyayaring napatunayan ng iba pang mga pangyayaring nagpapakita na hindi naman labag-sa-batas ang kagagawang ipinagsumbong, hindi nagkakaroon ng pagpapalagay ng hangaring kriminal. Sa kabilang dako, maaaring pabulaanan ang pagpapalagay ng hangaring kriminal mula sa pagsasakatuparan ng isang kagagawang labag sa batas sa pamamagitan ng patunay ng kawalan ng gayong hangarin. Kaya naman, walang saguting kriminal ang isang menor-de-edad na nagpakasal nang walang pahintulot ng kanyang magulang, isang paglabag sa Artikulo 475 ng dating Kodigo Penal na nagpaparusa sa sino mang menor-de-edad na magpapakasal nang walang pahintulot ng kanyang mga magulang,[53] dahil pinatunayan niyang kumilos siya nang wala namang malisya. Hindi maaaring mahatulang nagkasala ang isang tao sa ilalim ng naturang batas kung, dahil sa pagkakamali sa talagang pangyayari, hindi umiiral ang hangaring magsagawa ng isang krimen.[54]

49. People v. Sia Teb Ban, 54 Phil. 52 (1929).

50. U.S. v. Apostol, 14 Phil. 92 (1909).

51. People v. Mendoza, 100 Phil. 811 (1957).

52. U.S. v. Catolico, 18 Phil. 504 (1911). Ipinasyang hindi naman labag sa batas ang kagagawan ng nasakdal na pinaratangan ng paglustay ng salapi o ari-arian ng bayan, isang krimeng pinarurusahan ngayon sa ilalim ng Artikulo 217 ng KODIGO PENAL, sa pagpapahintulot sa pagsamsam ng mga halagang inilagak sa hukuman bilang kabayaran sa ilalim ng ibinaba niyang kapasyahan, bunsod ng paniniwalang gayon nga ang hinihingi ng wasto at matalinong pagpapasya.



Ipinasyang walang saguting kriminal ang isang taong bigla na lamang bumangon mula sa pagkakatulog, lumabas sa kanyang silid na dala ang isang gulok at, pagkatagpo sa kanyang asawang nagtangkang pumigil sa kanya, sinugatan ito sa tiyan at nanalakay pa ng iba, dahil hindi kusang-loob ang kanyang mga kagagawan sapagka't napatunayang kumilos siya habang nananaginip at, kung gayon, walang hangaring kriminal.[55] Wala ring hangaring kriminal ang tauhan ng hukbong sandatahan ng Pilipinas na natagpuang kumilos lamang sa utos ng mga nakatataas sa kanya, bagama't lumitaw na labag-sa-batas pala ang utos, dahil bilang isang nakabababang tauhang nanunungkulan sa militar, hindi niya matututulan ang utos ng mga nakatataas sa kanya at sinunod niya ang utos nang may mabuting hangarin, nang hindi nalalaman ang pagiging labag sa batas nito, at wala namang pagkakamali o kapabayaan sa kanyang panig.[56]

2. Mga Krimen ng Pagkakamali

Sa mga krimeng naganap sa pamamagitan ng *culpa*, dahil kailangan pa ring maging kusang-loob ang pagsasagawa o pagkabigong gampanan ang isang kagagawan, dapat na may kalayaan at katalinuhan sa panig ng salarin, nguni't hinahalinhan lamang ang sangkap na hangaring kriminal ng sangkap na kakulangan ng pag-iingat, ng kapabayaan, ng kakulangan ng pangingita, o ng kakulangan ng kasanayan. Itinuturing sa batas ang gayong kapabayaan o kakulangan ng pakundangan sa tungkulin o kahihinatnan ng kagagawan bilang katumbas ng, datapwa't naiiba sa, hangaring kriminal.[57] Nananatiling isang kinakailangang sangkap ang katalinuhan o katinuan ng pag-iisip. Kaya naman, kinakailangang nagtataglay ang isang menor-de-edad na mahigit sa siyam na taong gulang nguni't kulang sa labinlima ng katalinuhan o katinuan ng pag-iisip sa pagsasakatuparan ng isang mapagpabayang kagagawan na nagbunga ng isang mala-paglabag (*quasi-offense* o mistulang paglabag ng batas na pamarusa). Upang magkaroon siya ng saguting kriminal, dapat na magawa niyang pagpasyahan

53. Ito ay kahawig ng Artikulo 350 ng KODIGO PENAL.

54. U.S. v. Penalosa, 1 Phil. 109 (1902). Tumestigo ang nasakdal na naniwala siyang noong 1879 ang taon ng kanyang kapanganakan; na gayon ang ipinapaniwala sa kanya ng mga magulang niya magmula pa man sa pagkabata; at hindi na siya nag-usisa pa sa kanila tungkol sa kanyang gulang dahil gayon nga ang ipinapaniwala nila sa kanya magmula pa sa kanyang pagkabata. Napabulaanan ng kanyang testimonya ang pagpapalagay ng malisya.

55. People v. Taneo, 58 Phil. 255 (1933).

56. People v. Beronilla, 96 Phil. 566 (1955).

57. U.S. v. Catolico, 18 Phil. 507 (1911). Naiiba rin ang kawalang-nalalaman o pagkadi-sanay (*ineptitude*) sa hangaring kriminal. Manahan, Jr. v. Court of Appeals, 255 SCRA 202 (1996).

ang pagkawasto o pagiging mali ng mga kahihinatnan ng kanyang mapagpabayang kagagawan. Sa katunayan, maaaring mapanagot ang isang menor-de-edad na mahigit sa siyam na taong gulang nguni't kulang sa labinlima kaugnay ng mala-paglabag na pinarurusahan sa ilalim ng Artikulo 365.[58] Datapwa't sa ganitong mga krimen, may pananagutan kahit hindi kriminal ang pag-iisip ng salarin.[59]

*C. Kawalan ng Krimen Kahit May Pinarurusahang Kagagawan*

Kinakailangan sa mga krimeng isinagawa sa pamamagitan ng *dolo* ang hangaring kriminal, dahil na rin sa mga kasabihan sa batas na *"actus non facit rerum nisi mens sit rea."* Nangangahulugan ito na hindi sapat ang kagagawan lamang mismo upang masabing nagkasala ang gumanap nito, maliban kung gayon nga ang kanyang hangarin. Kasabihan din na *"actus me invito factos non est meus actus"* na nagsasabi namang hindi ko kagagawan ang kagagawang naisagawa ko nang labag sa aking kalooban. Sa mga krimeng ginanap sa pamamagitan ng *dolus*, isang pangkalahatang hangarin (*general intent* o *dolo generico*) ang ikatlong sangkap ng pagkakusang-loob; samantalang sa mga partikular na krimen, kinakailangan ang isang tiyakang hangarin (*specific intent* o *dolo especifico*). Kaya naman, sa ilang krimen laban sa ari-arian, dapat na may hangaring makinabang (*animo de lucro; lucri faciendi causa*).[60] Isang mahalagang sangkap sa nabigo o tinangkang homisidyo ang hangaring pumatay (*animus necandi*);[61] sa paninirang-puri, dapat umiral ang hangaring siraan ng dangal ang biktima (*animus injuriandi*); at sa sapilitang pagtanan,[62] dapat patunayan ang tiyakang hangaring mahalay na balak (*miras deshonestas*).

Dapat na isaalang-alang para sa kapakinabangan ng nasakdal ang lahat ng mga makatwirang pag-aalinlangan na layong magpakita ng pagkakamali,[63] sa halip na pananadya. Kung may pagkakamali lamang sa panig ng taong gumanap ng kagagawan, hindi masasabing kumilos siya nang may malisya at sa gayong dahilan, hindi siya mapananagot kaugnay ng isang sinadyang krimen. Upang mabuo ang krimen sa gayong pagkakataon, dapat na samahan ang kagagawan ng hangaring kriminal, matangi na lamang sa ilang mga krimeng itinadhanang maparurusahan sa kabila ng kawalan nito.[64] Kaya naman iisang uri lamang ng

58. KODIGO PENAL; Guevarra v. Almodovar, 169 SCRA 476 (1989).

59. Ito ang dahilan kung bakit hindi itinuturing na tunay na paglabag ang ganitong uri ng krimen, at pinapatawan lamang ng higit na magagaang na parusa kaysa kung isinagawa ang katulad na kagagawan nang may masamang hangarin.

60. KODIGO PENAL, art.293(pagnanakaw); art.308 (pang-uumit).

61. Art. 6 *kaugnay ng* Art. 249 KODIGO PENAL.

62. KODIGO PENAL, art. 342.

63. People v. Pacana, 47 Phil. 48 (1930).

64. Manzanaris v. People, 127 SCRA 201 (1984).



pagkakamali ang kinikilalang sapat upang ganap na maitatwa ang pag-iral ng hangaring kriminal: ang pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari.

Bagama't hindi nagpapatawad kanino man mula sa pagsunod sa batas ang kawalang-muwang dito (*error juris non criminalis nocet, ignorantia legis non excusat*), nagliligtas naman sa nasakdal mula sa ano mang saguting kriminal ang kawalang-muwang o pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari (*ignorantia vel error facti excusat*). Isang maling pagkilala o pag-unawa sa mga pangyayari sa panig ng taong nakagawa ng pinsala sa iba ang tinaguriang "pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari" (*mistake of fact; error de hecho*).[65] May pinsala mang nagawa sa iba, wala pa ring saguting kriminal dahil hindi kumikilos ang taong nakagawa ng gayong pagkakamali nang may hangaring kriminal, ni kapabayaan. Kung gayon, sumisira sa pagpapalagay ng hangaring kriminal na nagmula sa pagsasakatuparan ng isang krimen ang isang malinis at tunay na pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari,[66] na walang ring bahid ng kapabayaan.

1. Pagkakamali Kaugnay sa Talagang Nangyari

Tatlo ang mga sangkap ng kinikilalang pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari: (a) dapat na naaayon sa batas ang kagagawang naganap kung nagkatotoo lamang ang pinaniwalaan ng nasakdal; (b) dapat na naaayon din sa batas ang hangarin ng nasakdal nang isakatuparan ang kagagawan; at (c) dapat na walang pagkukulang o kapabayaan sa panig ng nasakdal nang magkamali kaugnay sa talagang pangyayari.[67]

2. Pagkakamali Kaugnay sa Pag-iral ng Makatarungang Pangyayari, atbp.

Halimbawa ng pagkakamali sa talagang pangyayari ang kinasangkutan ni *Ah Chong*,[68]na pinawalang-sala dahil natagpuang bunga ang kanyang kagagawan ng pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari. Nakapatay siya ang isang taong pinaniwalaan niyang isang magnanakaw, sa anyong inakala niyang sumasalakay sa kanya, datapwa't lumitaw na isang kasamahan lamang niya iyon na nagbibiro sa kanya. Kung ayon sana sa pinaniwalaan niya ang tunay na mga pangyayari, naging makatarungan ang kanyang ginawang pagpatay sa taong nagpupumiit

65. *"error en el conocimiento del hecho." Tignan* 1 FEDERICO PUIG PENA, DERECHO PENAL, 272-80 (1980).

66. People v. Coching, et al., (C.A.)52 O.G. 293 (1956), *binabanggit* People v. Oanis, 74 Phil. 257 (1943).

67. Sa pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari, ang kagagawang isinagawa ng nasakdal ay maaaring maging: (1) isang makatarungang pangyayari sa ilalim ng Artikulo 11, o isang mapagpawalang-salang dahilan, gaya ng isinasaalang-alang sa ilalim ng Artikulo 247, talataan 2, o (2) isang kagagawang hindi kusang-loob.

68. U.S. v. Ah Chong, 15 Phil. 488 (1910).

makapasok sa kanyang silid, sa ilalim ng Artikulo 11, talataan 1.[69] Kung tunay na magnanakaw ang taong nagnanais makapasok sa silid niya, nagkaroon sana ng labag sa batas na pananalakay sa panig nito. Nagkaroon din sana ng makatwirang pangangailangan sa panig niya na ipagtanggol ang kanyang sarili at tahanan. Naging makatwirang kasangkapan sana ang kutsilyo sa paghadlang o pagtaboy sa gayong pananalakay. Hindi rin siya nagbigay ng ano mang paghahamon o paninikis. Sa ilalim ng Artikulo 11 ng Binagong Kodigo Penal, walang ano mang labag sa batas sa naging hangarin at, gayon din, sa kagagawan ng taong nagtatanggol sa sarili.

Datapwa't naiiba naman ang nangyari sa kaso ni *Oanis*,[70] kung saan nakapatay ang mga nasakdal ng isang taong natutulog nang patalikod sa pintuan, na sabay-sabay nilang pinaputukan, nang walang man lamang paunang makatwirang pagtatanong kung sino ang taong iyon, sa paniniwalang iyon na ang bantog na kriminal na pinaghahanap nila, datapwa't lumitaw na ibang walang kamalay-malay na tao ang nasawi at hindi ang pinaghahanap nilang kriminal. Ipinasyang kapwa nagkasala ng asasinato ang dalawang nasakdal. Kahit naging totoo pang ang bantog na kriminal na kanilang pinaghahanap ang nasawi, hindi pa rin makatarungan para sa mga nasakdal na patayin ito habang natutulog. Sa gagawing pagdakip, kahit sa isang bantog na kriminal, hindi pinahihintulutan ng batas na patayin siya ng nakahuli sa kanya. Tanging sa mga pagkakataon lamang ng determinadong pakikihamok ng isang pugante sa katarungan, laban sa mga alagad ng batas na nagsisikap humuli sa kanya, magiging makatarungan ang pagpatay sa kanya.

Sa *error in personae* o pagkakamali sa pagsino sa biktima (*error in objeto* o *in persona*), na siyang naganap sa kaso ni *Oanis*, hindi mailalapat ang prinsipyo ng pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari. Kung gustong patayin ng salarin ang isang taong kagalit sa pamamagitan ng pagbaril at, sa pag-aakala ng salarin na ang taong kagalit na ang taong namataan niyang naglalakad sa isang madilim na eskinita, agarang binaril niya iyon, datapwa't lumitaw na ibang tao pala ang kanyang mismong napatay. Bagama't mapatutunayang walang hangarin ang salarin na patayin ang naging biktima, hindi maaaring ipangatwiran ng salarin na mailalapat sa kapakanan niya ang prinsipyo ng pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari sapagka't hindi pa rin naaayon sa batas ang kagagawan at hangarin ng salarin sa naturang pagbaril.[71]

69. KODIGO PENAL. Ito ay humihingi, upang maging makatarungan ang kagagawan, na matagpuang nagkaroon ng: (1) labag sa batas na pananalakay sa panig ng taong napatay; (2) makatwirang pangangailangan sa ginamit na paraan upang hadlangan o itaboy ito; at (3) kakulangan ng sapat na paghahamon o paninikis mula sa panig ng taong nagtanggol sa sarili.

70. People v. Oanis , 74 Phil. 257 (1943).

71. Itinuturing na *error accidental* ang *error in personae*, samantalang kinasasangkutan ng *error essencial* ang *error de hecho*.



### i. Pagkakamaling Nagpapahiwatig ng Kawalan ng Pagkakusang-loob

Batay na rin sa tinalakay na simulain, hindi nagkasala ng pagtutol sa pagkadakip o pagsuway sa isang alagad ng batas o kinatawan ng maypangyarihan sa ilalim ng Artikulo 151,[72] ang sino mang tumutol sa pagdakip sa kanya sa paniniwalang isang bandido ang pulis na nagsasagawa ng pag-aresto sa kanya, nang dahil sa pagkakamali kaugnay sa pangyayari, at kaagad namang nagpasailalim sa pagkadakip pagkatapos mapatalastasan na pulis talaga ang nanghuhuli sa kanya.[73]

### ii. Ibang Pagkakamaling Nagbubunga ng Krimen

Kung nagpabaya ang nasakdal, hindi maaaring pangatwiranan ang depensang pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari kung pinararatangan ang nasakdal ng di-sinasadyang krimen. Sa pagkakamali kaugnay sa talagang pangyayari, ang kawalan ng hangarin sa panig ng nasakdal ang pinag-uusapan at isinasaalang-alang. Sa mga krimeng naganap nang dahil o sa pamamagitan ng kapabayaan, walang hangaring isinasaalang-alang dahil humahalili sa hangarin, sa gayong pagkakataon, ang kakulangan ng pag-iingat, ang kapabayaan, ang kakulangan ng pangingita o ang kakulangan ng kasanayan.[74]

Sa mga krimeng naganap nang dahil sa *culpa*, di-sinasadya ang pinsalang nagawa sa iba, kundi isang payak na insidente o kinahinatnan lamang ng ibang kagagawang naganap nang walang malisya. Hindi saklaw nito ang pangyayaring sadyang ipinukol ng nasakdal ang isang bomba sa Pangulo ng Pilipinas at nakapatay ng mga tao sa paligid nito,[75] lalo pa dahil inamin ng nasakdal, habang sumasaksi para sa sarili, na ginanap niya ang kagagawang ipinaratang nang kusang-loob; na layunin niyang patayin ang Pangulo ng Pilipinas nguni't walang ano mang kaibhan o halaga sa kanya kung mayroon mang ibang taong nakapaligid sa Pangulo nang ibato niya ang bomba sapagka't katumbas daw ang pagpatay sa mga nakapaligid sa Pangulo ng pagpatay sa Pangulo na rin mismo, dahil sa pangyayaring kaisa ng huli ang mga taong nakapaligid sa kanya. Kahit hindi niya pangunahing layunin ang pumatay sa mga taong nakapaligid sa Pangulo, hindi siya nakadama ng pagsisisi sa pagkakapatay sa kanila dahil, sa gayong kagagawan, para na rin niyang naisakatuparan ang pagpatay sa Pangulo. Hindi maipangangatwirang nagkasala lamang ang nasakdal ng homisidyo sa pamamagitan ng kakulangan ng pag-iingat. Sa isinagawang pagpukol ng granada sa Pangulo, sa hangaring patayin ito, kumilos ang nasakdal nang may malisya. Dapat lang, kung gayon, na managot siya sa lahat ng kinahinatnan ng

72. KODIGO PENAL.

73. *Tignan* U.S. v. Bautista, 31 Phil. 308 (1905). Mababasa rin mula sa mga pangyayari ang kawalan ng hangaring gumawa ng krimen. People v. Formaran, (C.A.) 70 O.G. 3786 (1974).

74. People v. De Fernando, 49 Phil. 75 (1926).

75. People v. Guillen, 85 Phil. 307 (1950).

kanyang kagagawan. Dahil alinsunod sa Artikulo 4,[76] nagkakaroon ng saguting kriminal ang isang taong nagsagawa ng krimen bagama't naiiba sa kanyang hinangad ang kamaliang naganap. Sa mga kapabayaang kriminal, dapat na di-sinasadya ang pinsalang nagawa sa iba, at isang payak na insidente o kinahinatnan lamang ito ng ibang kagagawang naganap nang walang malisya.[77] Sa mga salita ni Viada, "upang maituring na dala ng kakulangan ng pag-iingat ang isang kagagawan, dapat na walang malisya ni hangaring makapinsala na namagitan; kung umiiral ang gayong hangarin, dapat na uriin ang kagagawan ayon sa krimeng ibinunga nito, kahit man hindi hangarin ng salarin na maging sanhi ng gayon kalubhang kasamaan o kapinsalaan gaya ng nagawa."[78] Lubusang sumasalungat ang sadyang paghahangad na isakatuparan ang isang kagagawan sa ideya ng malubhang kakulangan ng pag-iingat.[79] Kapag ginanap ang isang labag sa batas na kagagawan, hindi maituturing ang isang pagkakamali sa pagsino o pagkilala sa layong biktima bilang isang malubhang kakulangan ng pag-iingat.[80]

## D. *Kawalan ng Krimen Dahil sa Sakuna*

Walang saguting kriminal sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal ang taong nakagawa ng pinsala o kasiraan sa iba nang walang malisya o pagkakamali. Sa gayong pagkakataon, ligtas siya sa ano mang saguting kriminal dahil itinuturing na nakalikha siya ng kapinsalaan nang dahil lamang sa isang sakuna.[81] Hindi labag sa batas ang gawang pag-asinta ng baril sa usa samantalang nangangaso dahil wala namang batas na nagbabawal nito; kung sa gayong anyo, nadapa ang nasakdal, habang nakakasa na ang baril at nakatuon sa usa, sa isang pilapil sa pagitan niya at ng nasawi, at aksidenteng pumutok ang baril sa kanyang pagkadapa, tinamaan at napatay nito ang nasawi, walang pananagutang kriminal ang nasakdal dahil wala siyang hangaring kriminal at hindi naman masasabing nagpabaya.[82] Datapwa't labag sa batas, halimbawa, ang gawang pagpapaputok sa isang mataong lugar.[83] Sa gayong pagkakataon, kung mapinsala ang ibang tao bunga ng ginawang pagpapaputok ng baril, may saguting kriminal, kaugnay sa nalikhang kapinsalaan, ang taong nagpaputok.

76. KODIGO PENAL.

77. People v. Sara, 55 Phil. 939 (1931).

78. 7 VIADA, CODIGO PENAL 7.

79. People v. Nanquil, 43 Phil. 232 (1922).

80. People v. Guillen, 85 Phil. 307 (1950), *binabanggit* People v. Nanquil, 43 Phil. 232 (1922) at People v. Gona, 54 Phil. 605 (1930).

81. KODIGO PENAL, art. 12 (4).

82. U.S. v. Catangay, 28 Phil. 490 (1914). Ihambing sa People v. Ramirez, 48 Phil. 206 (1925).

83. KODIGO PENAL, art. 115.



## E. *Kalikasan ng Krimen sa Ilalim ng Pasadyang Batas*

May ikatlong pangkat ng mga krimen na madalas maiba ang kalikasan sa mga naunang tinalakay: mga krimeng pinarurusahan sa ilalim ng mga pasadya o ispesyal na batas pamarusa. Bilang pangkalahatang tuntunin, kapag pinarurusahan ng pasadyang batas ang isang krimen, hindi kailangan ang hangaring magsagawa ng krimen. Sapat na kung may hangaring isagawa ng salarin ang kagagawang ipinagbabawal ng pasadyang batas. Alinsunod dito, naipahayag ng Kataas-taasang Hukuman na hindi kinakailangan ang *dolo* sa mga krimeng pinarurusahan ng isang pasadyang batas.[84]

### 1. Hangaring Magsakatuparan ng Krimen at Hangaring Gumanap ng Kagagawan

Dapat na pag-ibahin ang hangaring magsakatuparan ng krimen at ang hangaring gumanap ng isang kagagawan. Maaaring hindi buong kamalayang naghahangad ang isang tao na gumanap ng isang krimen; nguni't maaaring hinangad niyang ganapin ang isang kagagawan, at ang kagagawang ito ang siya na mismong krimen ayon sa kalikasan ng mga bagay.[85] Kaya naman, kahit hindi layunin ng nasakdal na takutin ang sino mang manghahalal o labagin ang batas sa ano pa mang paraan, kung bumaba siya sa kanyang kotse at dinala ang kanyang baril sa loob ng bakod na nakapaligid sa pook botohan, naisakatuparan niya ang kagagawang lumalabag sa Binagong Batas sa Halalan at isinagawa niya ang gayon nang kusang-loob.[86]

### 2. Mga Konsepto ng Mala in Se at Mala Prohibita

Yaong nakapalubha ng mga pinsalang ibinubunga sa lipunan, kung kaya humihingi ng ganap na pagkondena ng bawat kasapi nito, ang mga krimeng *mala in se (prohibita quia mala per se o quia mala in se)*; samantalang yaong mga paglabag lamang ng mga tuntunin ng kaginhawaan na binalangkas upang matiyak ang isang higit na maayos na pamamahala ng mga gawain ng lipunan ang mga krimeng *mala prohibita (mala quia prohibita, civiliter o per accidens)*.[87] Sa mga kagagawang *mala in se*, nangingibabaw ang hangarin; nguni't sa mga kagagawang *mala prohibita*, kung nilabag ba ang batas ang siyang tanging inuusisa.[88] Sa gayong pagkakataon, hindi na rin isinasaalang-alang sa pag-uusig ang katangian o kinahinatnan ng kagagawan.[89] Hindi kailangan ang hangaring

84. Tulad ng Presidential Decree No.1612 (1979). Lim v. Court of Appeals, 222 SCRA 279 (1993).

85. U.S. v. Go Chico, 14 Phil. 128 (1909).

86. People v. Bayona, 61 Phil. 181 (1935).

87. BOUVIER'S LAW DICTIONARY (3d ed.).

88. People v. Go Chico, 14 Phil. 132 (1909), *binabanggit* People v. Go Chioco, 14 Phil.132 (1909).

89. People v. Court of Appeals, 135 SCRA 372 (1985).

kriminal kung ipinagbabawal ang kagagawan sa kadahilanan ng patakarang pangmadla, tulad ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok.[90] May katanggap-tanggap na dunong sa pagpaparusa ng labag-sa-batas sa pagtataglay ng sandatang-paputok nang hindi isinasaalang-alang ang hangaring kriminal ng tagapagtaglay nito, dahil kung kakailanganin pa ang hangaring kriminal, mahihirapang matamo ang pagsasakatuparan ng batas at ng patakaran o layunin nito.[91] May gayong mga pagkakaiba ang mga krimeng *mala in se*, o likas na masama, tulad ng pang-uumit, panggagahasa, homisidyo, atbp.,[92] sa mga tinaguriang *delicta mala prohibita*, o kamaliang nagkagayon lamang dahil ipinagbabawal ng batas, tulad ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok.[93] Hindi depensa ang mabuting hangarin o kawalan ng malisya sa pag-uusig kaugnay ng isang *delictum malum prohibitum*, dahil bugtong na isinasaalang-alang sa ganitong pagkakataon ang kagagawan lamang, maging ano pa man ang naging hangarin ng nasakdal.[94]

Kaya naman, sa mga kagagawang *mala in se*, dapat matagpuang nagkaroon ng hangaring kriminal, samantalang, sa mga kagagawang *mala prohibita*, sapat na kung ginanap nang sinasadya ang kagagawang ipinagbabawal. Kung gayon, sapagka't ipinagbabawal at pinarurusahan ng Kodigo Sa Halalan ang pagdadala ng baril sa loob ng pook botohan, at ginawa ng nasakdal ang gayong ipinagbabawal na kagagawan nang malaya at buong kamalayan, dapat matagpuang mayroon siyang hangaring isakatuparan ang kagagawan. Kung magdaraan lamang ang isang taong may baril sa isang lansangang pangmadla sa araw ng halalan, sa loob ng limampung metro mula sa isang pook na botohan, hindi niya nilalabag ang tadnana ng batas na tinalakay sa itaas, dahil wala siyang hangaring isakatuparan ang isang ipinagbabawal na kagagawan. Gayon din naman ang maaaring ipangangatwiran sa halimbawa ng isang pulis na tumutugis ng isang kriminal; ni hindi rin sasakop ang pagbabawal sa isang taong nakatira sa loob ng limampung metro mula sa pook na botohan, na naglilinis o tumatangan lamang ng kanyang baril sa loob ng tahanan sa araw ng halalan, dahil hindi sila nagdadala ng baril nang ayon sa nililimi ng batas.[95]

Sa mga krimeng pinarurusahan ng pasadyang batas, sapat na ang kagagawan, maging ano man ang motibo ng salarin, upang bumuo ng paglabag.[96] Kahit pa

90. People v. Jain, 254 SCRA 686 (1996); People v. Conosa, (C.A.) 45 O.G. 3953 (1949).
91. People v. Quijada, 259 SCRA 191 (1996).
92. *Tignan* Ada v. Virols, 172 SCRA 336 (1989). Ipinahayag ng Kataas-taasang hukuman na isang *malum in se* ang krimeng panlilinlang sa ilalim ng Art. 315 (2) ng KODIGO PENAL, na nangangailangan ng patunay ng hangaring kriminal, na pangunahing nakatuon sa kapinsalaang dulot sa mga karapatang pang-ari-arian ng biktima.
93. People v. Laggui, 171 SCRA 305 (1989).
94. Lacson, Jr. v. Posadas, 72 SCRA 168 (1976).
95. People v. Bayona, 61 Phil. 181 (1935).
96. U.S. v. Go Chico, 14 Phil. 129 (1909).



man totoo, bilang isang tuntunin at simulain ng abstraktong katarungan, na hindi talaga dapat magkaroon ng saguting kriminal ang isang tao kaugnay sa mga kagagawang naisakatuparan niya nang walang makasalanang kaalaman at hangaring kriminal o masama man lamang, lagi nang kinikilala ng mga hukuman ang kapangyarihan ng kagawarang tagapagbatas, batay sa isang patakarang pangmadla at sa tulak ng isang pangangailangan, "ang nakapangingibabaw na panginoon ng mga bagay," na ipagbawal ang pagsasagawa ng ilang mga kagagawan, at ituring na kriminal ang pagsasakatuparan ng mga ito.[97]

Kapag ipinagbabawal ng pasadyang batas ang pagsasakatuparan ng isang kagagawan, itinuturing itong mapaminsala sa kagalingang pangmadla at ang mismong pagganap sa bawal na kagagawan ang krimen. Sa pangkalahatan, hindi maikakatwiran sa mga krimeng pinarurusahan ng pasadyang batas ang mabuting hangarin o kawalan ng hangaring kriminal. Hindi mahalaga, para maging ayon sa batas ang hatol ng pagkakasala sa isang pinaratangan ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok, na siya ang nagmamay-ari o isang nanghihiram lamang nito, dahil walang ano mang kinalaman ang propyetaryong konsepto ng pagtataglay sa ipinaratang na kasalanan. Hindi na ngayon magpag-aalinlanganang sapat na ang di-lisensyadong pagtataglay lamang upang maging batayan ng hatol ng pagkakasala ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok, nang hindi isinasaalang-alang pa kung ano man ang naging hangarin ng di-pinahihintulutang nagtataglay nito, dahil *malum prohibitum* ang paglabag na pinarurusahan ng pasadyang batas, at hindi mga mabisang pananggol kaugnay nito ang mabuting hangarin at kawalan ng hangaring kriminal.[98]

97. U.S. v. Siy Cong Bieng, et al., 30 Phil. 577 (1915). Natagpuang nagbenta si Co Kong, samantalang naninilbihan bilang engkargado ng tindahan ng nasakdal at tumatayong kinatawan at tauhan niya, sa karaniwang kalakaran ng negosyo, ng kape na hinaluan ng mani at iba pang sangkap na pampalabnaw. Kinasuhan siya ng paglabag sa 'Batas sa Purong Pagkain at Mga Droga (Batas Blg. 1655 ng Komisyon sa Pilipinas). Naitanong kung may saguting kriminal ba ang nasakdal kung lumilitaw na naganap ang pagbebenta ng hinaluang produkto nang wala namang masamang kaalaman kaugnay sa nangyaring paghahalo.
98. People v. Orquijo, et al., (C.A.) 60 O.G. 836 (1964). May mga kataliwasang kinilala kaugnay sa tinalakay na tuntunin. Sa People v. Landicho, (C.A.) 55 O.G. 842 (1959), pinaniwalaang dapat luwagan sa angkop na paraan ang doktrina ng kawalan ng katuturan ng *animus possidendi*, dahil hindi maisasakatuparan ang ipinahayag na layunin ng patakaran ng pamahalaan, maliban kung maipakikita na tinanganan ng nagtataglay nito ang sandatang-paputok, sa tagal ng panahon na di-naaangkop, samantalang nasa kanya naman ang lahat ng mga pagkakataon upang maisuko ito sa kinauukulang maykapangyarihan. Sa U.S. v. Samson, 16 Phil. 323 (1910), natagpuang hindi kailan man naghangad ang alin man sa mga nasakdal na ganapin ang salang labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok, kung kaya napawalang-sala sila. Sa People v. Asa at Balbastro, (C.A.) 50 O.G. 5853 (1954), na bumanggit sa 68 CORPUS JURIS 39, natagpuan namang kapwa pinaniwalaan ng mga nasakdal, sa ilalim ng mabuting hangarin, na hindi sila maaaring papanagutin sa salang ipinaratang, dahil nagtaglay sila ng di-lisensyadong sandatang-paputok bilang mga tanod na sibilyan ng isang Konsehal Asa, na isang kinatawan ng ahensiyang paniktik ng sandatahang

Isang *malum prohibitum* din ang gawang pagpapalabas ng tumatalbog na tseke,[99] na ipinagbabawal ng kagawarang tagapagbatas dahil kapwa mapaminsala at nakasasama sa kapakanang pangmadla; kaya naman, walang katuturan ang malisya at hangarin sa pagpapalabas ng tsekeng tumatalbog.[100] Isa pang *malum prohibitum* ang paglabag sa Sirkular ng Bangko Sentral Blg. 960 na may kinalaman sa pag-aangkat sa Pilipinas ng mga salaping banyaga at mga instrumento sa panlabas na palitan.[101] Gayon din ang isang paglabag sa Seksiyon 3(g) ng Batas Republika Blg. 3019, laban sa katiwalian sa pamahalaan at mga gawaing mapagpasama sa mga opisyal ng bayan, lalo na kung isasaalang-alang ang ipinahayag na layunin ng batas na sawatain, hindi lamang ang mga kagagawan ng mga opisyal ng bayan at mga pribadong indibidwal na labag sa

lakas (MIS) at isang nakatataas na pinuno ng Samahan ng mga Tanod na Sibilyan, kaya hindi sila nahatulang nagkasala dahil hindi kailan man sila nagkaroon ng hangaring labagin ang batas. Sa People v. Mallari, (C.A.) 55 O.G. 1394 (1959), natagpuang may nakabiting aplikasyon ang nasakdal para sa isang permanenteng kapahintulutang magtaglay ng isang sandatang-paputok, at di-lingid sa kaalaman ng isang kinatawan ng batas ang gayong pagtataglay, na siya pang kusang nagpayo sa nasakdal na itago muna ito samantala, kung kaya napagpasyahan sa kapaburan ng nasakdal ang ano mang pag-aalinlangan sa salaysay niyang ito. Sa People v. Lucero, 103 Phil. 500 (1958), hinirang ang nasakdal sa kaukulang paraan bilang isang lihim na ahenteng sibilyan na pinagkatiwalaan ng isang misyon upang subaybayan at dakpin o patayin ang isang pusakal na pinaghahanap ng mga maykapangyarihan, at pinahihintulutang magdala ng baril upang maisakatuparan ang kanyang misyon, kaya ipinasyang wala siyang saguting kriminal kaugnay ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok. Maaaring punahin, sa mga pagkakataong nabanggit, na walang kapahintulutang magtaglay ng sandatang-paputok ang mga nasakdal nguni't dahil sa mga pangyayaring nakapaligid sa gayong kagagawan, isinaalang-alang para sa kapakinabangan ng mga nasakdal ang kawalan ng hangaring labagin ang batas. Kaya naman, ipinagtibay ng Kataas-taasang Hukuman ang tuntuning hindi nagkakaroon ng saguting kriminal kaugnay ng labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok ang isang sibilyang itinalaga bilang lihim na alagad ng batas upang tumulong sa kampanya ng pagpapanatili ng kapayapaan at kaaayusan at sa pagtutuklas ng mga krimen. Datapwa't binawi ng Kataas-taasang Hukuman ang tuntuning ito sa People v. Mapa, G.R. No. L-22301, (30 Ag. 1967). Niliwanag din ng Kataas-taasang Hukuman sa People v. Neri, 140 SCRA 406 (1985), na hindi maipangangatwirang depensa sa pag-uusig kaugnay sa labag-sa-batas na pagtataglay ng sandatang-paputok ang mabuting hangarin at kawalan ng hangaring kriminal, dahil isang *malum prohibitum* ang gayong paglabag na pinarurusahan ng isang pasadyang batas

99. Cruz v. Court of Appeals, 233 SCRA 301 (1994); Que v. People, G.R. No. 75217, (11 Set. 1987), kung saan ipinahayag ng Kataas-taasang Hukuman na layunin ng mga nagpanukala ng Batas Pambansa Blg. 22 na gawing *malum prohibitum* ang gawang pagpapalabas ng tsekeng tumatalbog at mapaparusahan sa ilalim ng naturang batas; People v. Manzanilla, G.R. No. 66003,(11 Dis. 1987), kung saan binigyang-diin na ang mismong gawang pagsasakatuparan ng ipinagbabawal na pagpapalabas ng tsekeng walang sapat na pondo ang bumubuo ng paraan ng pagsasagawa nito.

100. Caram Resources Corporation v. Contreras, 237 SCRA 724 (1994).

101. Ito ang naging dahilan kung bakit natiwalag sa tungkulin ang isang hukom na naghanap sa tagausig ng katibayan ng kriminal na hangarin sa panig na nasakdal na labagin ang naturang batas. Padilla v. Dizon, 158 SCRA 127 (1988).



batas o bumubuo ng katiwalian o gawaing mapagpasama sa mga opisyal ng bayan *per se*, kundi pati na rin yaong maaaring humantong sa o magbunga ng gayong katiwalian o pagpapasama sa mga opisyal ng bayan.[102]

Sa krimeng pang-uumit ng mga mineral, na tinatalakay at pinarurusahan sa Atas Pampanguluhan Blg. 463, na isang pasadyang batas, ang kagagawan lamang ang bumubuo ng paglabag, ano man ang naging mga motibo ng salarin. Kaugnay nito, itinuwid ng Kataas-taasang Hukuman ang pangangatwiran ng hukumang tagalitis na walang krimeng naganap dahil wala namang malisya sa isinagawang labag-sa-batas na pangunguha ng nasakdal ng mga buhangin at bato dahil isinagawa ito nang may kaalaman at pakikibahagi ng pamahalaan sapagka't nagbabayad ang nasakdal ng buwis sa mga nakuhang buhangin at bato. Maliwanag na walang katuturan ang kawalan ng masamang hangarin sa gayong pagkakataon dahil pinarurusahan nga ang naturang paglabag sa ilalim ng isang pasadyang batas.[103]

Kaugnay sa pagpapalabas ng pelikula na hindi pinahintulutan sa kaukulang paraan ng Lupon ng mga Sensor, na tinatalakay at pinarurusahan sa ilalim ng Seksiyon 7 ng Batas Republika Blg. 3060, ipinasya rin na isang *malum prohibitum* ang gayong paglabag.[104] Pinag-iba ang salang ito doon sa matatagpuan sa ilalim ng Artikulo 201(3) ng Binagong Kodigo Penal, na may katangiang *malum in se*, kung saan kinakailangang sangkap ang hangaring kriminal. Kaya naman, masasabing hindi sumasaklaw ang salang tinatalakay sa Batas Republika Blg. 3060 sa, ni nasasaklawan ito ng, paglabag na tinatalakay sa Artikulo 201(3) ng Binagong Kodigo Penal, na nagpaparusa sa pagpapalabas ng mahalay at immoral na mga pelikula.

Gayon pa man, bagama't kadalasang tumutukoy ng katagang *mala in se* sa mga krimeng tinatalakay at pinarurusahan sa Binagong Kodigo Penal, kung likas na di-moral o labag sa kabutihang-asal ang kagagawan, *mala in se* ang gayon kahit na nagkataon pang isang pasadyang batas ang nagpaparusa rito. Sa kabilang dako, bagama't madalas tumukoy ang taguring *mala prohibita* ng mga kagagawang itinuturing na kriminal sa pamamagitan ng mga pasadyang batas, may mga krimen ngayon sa Binagong Kodigo Penal na tinalakay at pinarusahan sa kauna-unahang pagkakataon sa pamamagitan muna ng mga pasadyang batas. Kabilang sa mga ito ang pagtataglay at paggamit ng opyo, paglulustay sa mga salapi at ari-arian ng pamahalaan, panunulisan, at paninirang-puri. Muli na namang pinarurusahan ngayon ang paggamit ng opyo sa pamamagitan ng isang pasadyang batas. Hindi naman nagbabago ang kalikasan ng kagagawang pinarurusahan sa mga pagkakataong ito. Kapag likas na di-moral o labag sa

102. Luciano v. Estrella, et al., 34 SCRA 769 (1970).

103. People v. Men Abad, 165 SCRA 57 (1988).

104. Idinagdag din ng Kataas-taasang Hukuman na, kaugnay nito, hindi kailangang patunayan ang hangaring kriminal dahil ipinapalagay na ito, batay sa ginawang paglabag (People v. City Court of Manila, G.R. No. L-36528, (24 Set. 1987).

kabutihang-asal ang kagagawan, *mala in se* ang kalikasan nito kahit pa pinarurusahan ito sa ilalim ng pasadyang batas. Halimbawa, hindi lamang isang kamaliang nagkagayon nang dahil sa pagbabawal ang pagkaligta o pagkabigong isama ang pangalan ng isang botante sa talaan ng mga rehistradong manghahalal; isa itong kamalian *per se* dahil ipinagkakait nito sa botante ang pagkakataong maghalal at lumalabag ito sa kanyang karapatan sa ilalim ng Saligang Batas. Kaya naman, upang maparusahan ang gayong kagagawan, dapat na ipakitang naganap ito nang may malisya. Kung walang malinaw na pagpapakita na kusang-loob, sinadya at malisyosong kinaligtaan o nabigong isama sa talaan ng mga rehistradong manghahalal ang mga pangalan ng ilang botante, hindi maaaring parusahan bilang kriminal ang mga nasakdal kaugnay sa ganitong paglabag, sa kabila ng pangyayaring isang pasadyang batas ang Binagong Kodigo sa Halalan, kaugnay sa mga tadhanang pamarusa nito, dahil hindi ito bahagi ng Binagong Kodigo Penal o ng mga susog dito.[105]

3. Dahilan o Motibo

Madalas ituring na iisa at di-magkaiba ang "dahilan o motibo" at ang "hangarin." Malinaw ang pagkakaiba ng mga ito sa batas. Ang mapagpakilos na kapangyarihan na nag-uudyok ng hakbang tungo sa isang tiyak na resulta ang tinataguriang "dahilan o motibo." Lakas na nagpapakilos at nagtutulak sa isang tao na magsagawa ng ano man upang matamo ang isang tiyak na resulta ang kanyang "dahilan o motibo." "Hangarin" naman ang tawag sa layuning gumamit ng isang napiling paraan upang matamo ang gayong resulta. May kinalaman lamang ang "dahilan o motibo" sa kaparaanan ng pag-uusig sa krimen,[106] samantalang may kaugnayan naman sa buod ng pag-iral ng sinadyang krimen ang "hangarin." Kaiba sa hangaring kriminal, hindi sangkap sa buod ng krimen ang motibo o dahilan. Kaya naman, hindi ito kailangang patunayan para sa layuning mahatulang nagkasala ang nasakdal.[107] Samakatwid, bagama't kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng katibayan kaugnay sa motibo, hindi naman nakasisira sa kaso ng tagausig ang kawalan ng patunay nito.[108]

Maaaring magtulak sa isang tao sa pagsasagawa ng isang krimen ang isang masidhing kabuktutan ng asal, nang walang tunay na dahilan o motibo kundi ang pagsasakatuparan lamang nito. Subali't hindi rin nangangahulugan ng kawalan ng dahilan o motibo ang mistulang kakulangan nito sapagka't maaari namang lingid lamang ito sa ating kaalaman dahil hindi nga natin magawang arukin ang kalaliman ng budhi ng isang tao kung saan ito matatagpuan,

105. People v. Sunico, et al., (C.A.) 50 O.G. 5880 (1950).

106. People v. Caggayan, 94 Phil. 118 (1953); People v. Diva, 23 SCRA 332 (1968).

107. People v. Veloso, 92 SCRA 515 (1968); Castanares v. Court of Appeals, 92 SCRA 567 (1968).

108. People v. Pascual, Jr., 127 SCRA 179 (1984).



nakakubli at di-maaabot ng ating pagsusuri.[109] Kung gayon, maaaring maisagawa ang isang krimen nang walang motibong sukat malirip o maunawaan ng karaniwang tao.[110] Hindi hadlang sa isang hatol ng pagkakasala ang kawalan ng motibo lalo na kung isasaalang-alang na, sa kasalukuyan, isang bagay na nasa kabatiran ng hukuman na may mga taong pinapatay o sinasalakay sa menos, o ganap na kawalan ng ano mang dahilan.[111]

Sa gawang pagpatay dala ng matinding pagkaawa, sa pamamagitan ng walang-sakit na pagpawi ng buhay ng isang pasyenteng wala nang pag-asang gumaling pa sa karamdaman, maaaring mabuti ang motibo ng salarin, nguni't pinarurusahan pa rin ng batas ang gayong kagagawan. Maaaring mahatulang nagkasala ng isang krimen ang nasakdal maging mabuti man o masama ang lumilitaw na motibo niya o kahit na walang mapatunayang motibo. Hindi hadlang ang isang mabuting motibo sa pagiging krimen ng isang kagagawan.[112]

Hindi maaaring ipalagay ang pagkakaroon ng hangaring kriminal batay lamang sa patunay ng motibo, sa anyo ng pagkapoot, hinanakit o sama ng loob, maliban na lamang kung sinasamahan ang pagpapahayag ng mga ito, maging sabayan man o bilang kasunod, ng panlabas na mga kagagawang maliwanag at lantarang nagbubunyag ng gayong hangarin.[113] Datapwa't kung pinagtatalunan ang pagkasino o ang pagkakakilanlan ng salarin, nagiging napakahalaga ang motibo o dahilang humimok sa pagsasagawa nito.[114] Samakatwid, mahalaga ang motibo kapag walang nakasaksi sa pagsasagawa ng krimen at kapag malamang na mabaling sa di-iisang tao ang paghihinala kaugnay sa gumawa nito.[115] Kaya naman, mahalaga ang motibo sa mga pagkakataon kung kailan may pag-aalinlangan kung ang nasasakdal nga ba o hindi ang taong siyang nagsagawa ng krimen,[116] kung kailan nagtatamo ang dahilan o motibo ng "mapagtuos na katuturan" kapag hindi positibong kinilala ang mga nagsagawa ng krimen.[117]

109. People v. Taneo, 58 Phil. 255 (1933).

110. People v. Flores, G.R. Nos. 79451, 14 May 1990.

111. People v. Cabodoc, 263 SCRA 187 (1996); People v. Basadre, 128 SCRA 641 (1984); People v. Alterado, Jr., 178 SCRA 722 (1989).

112. Ayon sa pananaw na ipinahayag sa Bagajo v. Marave, 86 SCRA 389 (1978), hindi sumasalungat ang isang mabuting dahilan o motibo sa pagtataglay ng isang labag-sa-batas na hangarin. At maaaring mahatulang nagkasala ang nasakdal kahit na lumitaw pa na mabuti ang kanyang motibo. Hindi pinipigilan ng mabuting motibo ang pagiging krimen ng isang kagagawan.

113. People v. Cordero, 217 SCRA 1 (1993).

114. People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979); People v. del Rosario-Murray, 105 Phil. 591 (1959).

115. People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979).

116. People v. Molas, 218 SCRA 473 (1993).

Samakatwid, tuwing hindi pinagtatalunan ang pagkasino ng taong ipinagsakdal kaugnay ng pagsasagawa ng krimen, hindi mahalaga ang motibo.[118] Kung inaamin naman ng nasakdal ang ginawang pagpatay, hindi na kailangan pang usaisain ang kanyang motibo sa pagsasagawa nito.[119]

Kalagayan ng pag-iisip ang motibo kung kaya ang salarin lamang talaga ang makapagbubunyag nang ganap ng kanyang tunay na motibo sa pagsasagawa ng krimen.[120] Kaya naman, kung ang nasakdal na mismo ang nagbigay ng pagbubunyag kaugnay sa kanyang motibo sa pagpatay, hindi na siya pahihintulutang itatwa pa ito.[121] Gayon din, hindi na kailangang patunayan pa ang motibo kung naipakita na sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan ang kasalanan ng nasakdal.[122] Kung walang alinlangan sa pagkasino ng salarin,[123] dahil positibong kinilala na ito bilang siyang taong nanalakay sa biktima, hindi rin kailangang patunayan ang kanyang motibo.[124] Sa salungat na pagkakataon, kung labis na marupok ang ginawang pagkilala sa nasakdal bilang salarin, kailangan ang patunay ng motibo.[125]

Kapag walang alinlangang naipakita ang pakikibahagi ng nasakdal sa pagsasagawa ng krimen, hindi nagiging hadlang ang kawalan ng motibong magsagawa ng krimen upang mahatulan siyang nagkasala.[126] Kung hindi nga naman mapag-aalinlanganan na ang nasakdal ang siyang maysala, hindi na mahalagang alamin pa ang tumpak na dahilan o sanhi ng pagsasagawa ng krimen.[127] Sa katulad na diwa, hindi laging kinakailangan ang katibayan kaugnay sa motibo kapag maliwanag at kapani-paniwala ang pagpapatunay

117. Ebajan v. Court of Appeals, 170 SCRA 178 (1989); People v. Tallo, 157 SCRA 17 (1988); People v. Abadilla, 121 SCRA 832 (1983); People v. Bernat, 120 SCRA 918 (1983); People v. Milflores, 115 SCRA 570 (1982); People v. Tabayongyong, 104 SCRA 724 (1981); People v. Pajenado, 69 SCRA 172 (1976).

118. People v. Flores, G.R. Nos. 79451, (14 Mayo 1990).

119. Ebajan v. Court of Appeals, 170 SCRA 178 (1989); People v. Arcilla, 105 Phil. 1360 (1959).

120. People v. Madrigal-Gonzales, 7 SCRA 942 (1963).

121. People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979).

122. People v. Malazarte, 261 SCRA 482 (1996); People v. Cascalla, 240 SCRA 482 (1995); People v. Del Valle, 103 SCRA 496 (1981); People v. Corpuz, et al., 107 Phil. 44 (1960).

123. People v. Beltran, 137 SCRA 508 (1985).

124. People v. Kyamko, 192 SCRA 374 (1990); People v. Yeban, 190 SCRA 409 (1990); People v. Serrano, 170 SCRA 663 (1989); People v. Anquillano, 149 SCRA 442 (1987), kung saan "maliwanag ang pagkakakilala" sa nasakdal bilang salarin; People v. Perante, Jr., 143 SCRA 56 (1986); People v. Araja, 105 SCRA 133 (1981); People v. Veloso, 92 SCRA 515 (1979); People v. Dueno, 90 SCRA 23 (1979); People v. Diva, 23 SCRA 332 (1968).

125. People v. Peruelo, 105 SCRA 226 (1981).

126. People v. Cabanit, 139 SCRA 94 (1985); People v. Tapic, 220 SCRA 190 (1993).

127. People v. Feliciano, 58 SCRA 383 (1974).



kaugnay sa pagsasagawa ng krimen.[128] Kadalasan, hindi kailangang patunayan ang motibo upang maipako ang krimen sa nasakdal kung napatunayan din lamang ang pagsasagawa ng krimen at kapani-paniwala naman ang katibayan kaugnay sa pagsino o pagkakilala sa salarin; kaya't kapag hindi kapani-paniwala ang katibayan sa pagsino, kailangan ang patunay ng motibo.[129]

Kung walang nakasaksi sa pagsasagawa ng isang krimen, at kung malamang na mabaling ang paghihinala sa maraming tao, mahalaga at kapaki-pakinabang ang motibo.[130] Gayon din, kung lantay na nakabatay lamang ang katibayan sa mga nakapaligid na pangyayari o di-tuwiran ang gayong katibayan[131] o di-matibay ang nailahad na patunay,[132] kinakailangan ang motibo upang matagpuang nagkasala ang nasakdal.

Makatutulong din ang dahilan o motibo sa pagtutuos kung alin sa dalawang nagsasalungatang teorya ang dapat paniwalaan[133] o upang husgahan kung alin ang totoo sa mga ito. May malakas na dahilang magsagawa ng krimen ang nasakdal na ipinaghinanakit ang sabayang pakikipagkasintahan ng nasawi sa kanyang dalawang pinsang babae.[134] Mahalaga ang motibo sa pagtutuos ng katotohanan sa pagitan ng dalawang nagsasalungatang mga teoriya o bersiyon sa pangyayari ng naganap na pagpatay.[135]

Totoong hindi mahalaga sa buod ng hatol ng pagkakasala ng isang nasakdal kung walang pag-aalinlangan tungkol sa pagkilala sa kanya bilang salarin, nguni't kung nagmula ang gayong pagsino o pagkakilala sa isang di-mapagkakatiwalaang saksi at hindi kapani-paniwala at malinis sa ano mang bahid ng pagdududa ang testimonya, kakailanganin din ang katibayan kaugnay ng motibo.[136] Gayon din, sa pagtutuos ng krimeng dapat panagutan ng nasakdal sa mga pagkakataong may kalikasan ng nag-iiba-ibang paglabag ang kanyang mga kagagawan, walang katumbas ang halaga ng motibo at tiyakang hangarin sa pagsasakatuparan ng mga kagagawan, bilang mga kasangkapan upang marating ang wastong pag-unawa at tumpak na pasya kaugnay nito.[137]

Kadalasang pinatutunayan ang motibo (dahilan o sanhi) sa pamamagitan ng salaysay ng mga nakasaksi sa mga kagagawan o ng pangungusap ng nasakdal bago naganap at kaagad matapos ang pagsasagawa ng paglabag. Maaaring

128. People v. Utrela, 105 SCRA 497 (1981).

129. People v. Alvin, 59 SCRA 136 (1974).

130. People v. Mario, C.A.-G.R No. 371-R, (21 Hul. 1947).

131. People v. Oquino, 122 SCRA 797 (1983); People v. Aniel, 96 SCRA 199 (1980).

132. People v. Nemeria, 242 SCRA 448 (1995).

133. People v. Tabije, 113 SCRA 191 (1982).

134. *Id.*

135. People v. Boholst-Caballero, 61 SCRA 180 (1974).

136. People v. Beltran, 61 SCRA 246 (1974).

137. People v. Puno, 219 SCRA 85 (1993).

magpahiwatig ng motibo ang kanyang pag-aasal o pananalita.[138] Maaaring mahinuha ang motibo mula sa sumusunod na mga pangyayari: (1) na may mga alahas at salapi na nawala sa bahay ng nasawi di-malaon mula nang maganap ang homisidyo, na natagpuan naman pagkaraan nito sa pook na tinukoy ng nasakdal; at (2) na nawala ang salaping taglay ng nasawi noong simulan ang pananalakay nang inililipat na ang katawan ng nasawi, bagama't nagkalat lamang ang kanyang panyo, mga butones mula sa kanyang suot na damit, at iba pang mga bagay-bagay. Napatunayan din ang motibong pagnanakaw sa pamamagitan ng testimonya ng nasakdal na nais niyang kunin ang relo ng biktima.[139]

Laging iniuugnay sa krimeng nagawa ang katanungan kung anong motibo ang sapat upang mag-udyok sa isang tao na magsakatuparan ng krimen, at walang takdang pamantayan ng pag-aasal ang maituturing na mapagpasya kaugnay ng bawat pagkakataong abot-kayang isaalang-alang ng guni-guni.[140] May motibo upang patayin ng nasakdal ang biktima kung dati na niyang nagawang tangkaing paslangin ang nasawi, na humantong sa pagsampa ng paratang sa kanya bagama't napawalan rin ito ng saysay.[141] Maaaring tanggaping katibayan ng dahilan o motibo ng paghihiganti ang pag-aaway na namagitan sa nasakdal at sa nasawi bago naganap ang pananaksak.[142] Subali't may mga pagkakataon din kung kailan itinuturing na napakababaw na dahilan ang motibo ng paghihiganti upang mapaniwalaan.[143]

Bukod naman sa wastong pagkakakilala sa nasakdal bilang salarin sa pagpatay, maaaring ituring na sapat na motibo niya ang pagkawala ng ilan sa kanyang mga lambat pangisda, na nagbunsod ng paghihinala sa kanyang panig na nagpunta ang nasawi sa kanyang bangka upang magnakaw pang muli ng lambat.[144] Natagpuang may sapat na motibo ang isang nasakdal sa pamamaril sa nasawi, na itinuring niyang legal na hadlang sa kanyang pagtatangkang matamo ang pag-ibig ng asawa ng nasawi.[145] Sapat na motibo din ang bawal na pakikipag-ibigan ng nasakdal sa asawa ng biktima.[146] Itinuring pang sapat na motibo sa pagpatay ang alitan sa pulitika.[147] Maaaring kilalaning motibo ang bagay na may kinalaman sa karangalan.[148] Natagpuan ding nagpapahiwatig ng

138. Barrio-quinto v. Fernandez, 82 Phil. 642 (1949).

139. People v. Oquino, 122 SCRA 797 (1983).

140. People v. Figueroa, 82 Phil. 559 (1949); People v. Diva, 23 SCRA 332 (1968).

141. People v. Lariosa, 106 SCRA 36 (1981).

142. People v. Onerosa, 127 SCRA 810 (1984).

143. People v. Detuya, 154 SCRA 410 (1987).

144. People v. Mozar, 130 SCRA 568 (1984).

145. People v. Rodriguez, 119 SCRA 254 (1982).

146. People v. Vda. De Quijano, 220 SCRA 66 (1993).

147. People v. Traya, 147 SCRA 381 (1987).

148. People v. Guardo, 156 SCRA 152 (1987).



motibo ang pangyayaring nalulugi ang nasakdal sa pagpapatakbo ng kanilang negosyo at, kung gayon, ng hangaring magsagawa ng panunuog upang makasingil sa pagkakaseguro ng kanilang naipong paninda.[149] Sa isang usapin naman, natagpuan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng motibo na sinaksak ng nasakdal ang nasawi, matapos maipakitang nagkaroon ng dalawang nakalulunod na usok, na napuna habang idinaraos ang pagsamba sa Iglesya ni Kristo, at naging sanhi ng paglilibut-libot ng nasakdal sa simbahan. Dahil sa pagkalikha ng nasabing usok ng mga tagalabas ng sekta, na gumulo at nakapigil sa isinasagawang pagsamba, lalung-lalo na sa bahagi ng pagsersermon ng Ministro, itinuring na may sapat na motibo ang sino mang kasapi ng sekta na masaktan, lalo na ang nasakdal na isang importanteng kasapi nito.[150]

Bagama't mahalagang isaalang-alang ang pagkakaroon ng motibo, hindi sapat na patunay ito ng pagkakasala,[151] lalo na kung magkakapatid pa sa dugo ang nanalakay umano at ang kanyang biktima.[152] Hindi sapat na batayan ng isang hatol ng pagkakasala ang pagpapatunay lamang ng motibo, maging gaano man kalakas, kung wala namang ibang mapagkakatiwalaang katibayan na nagtuturong ang nasakdal nga ang salarin.[153] Hindi rin maaaring halinhan ng patunay ng motibo ang kinakailangang katibayan ng pagkakasala sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan.[154]

Makakatulong ang kawalan ng motibo sa pagpapatunay na walang-sala ang nasakdal. Kung kumilos ang nasakdal habang nananaginip at hindi kusang-loob ang kagagawang ipinaratang sa kanya sa kahulugang nagdadala ng saguting kriminal, walang masasabing motibo. Kung ang mismong asawa ng nasakdal na kanyang minahal nang lubusan ang siyang nasawi, at sa pagsasaalang-alang sa pangyayaring tinangka rin ng nasakdal na salakayin pati na ang kanyang ama, sa kung kaninong tahanan at pagkalinga siya naninirahan, bukod sa pagsalakay din niya sa kanyang mga panauhin, na mismong siya ang nag-anyaya, ayon na rin sa ipinakikita ng katibayan, matatagpuang nailahad nang sapat hindi lamang ang kawalan ng motibo sa panig ng nasakdal upang kusang-loob na isagawa ang mga kagagawang ipinaratang sa kanya, kundi pati na rin ang motibo upang huwag isagawa ang nasabing mga kagagawan.[155] Pinagtitibay ng kawalan ng motibong pumatay ang kawalang-sala ng nasakdal na ipinapalagay sa ilalim ng Saligang Batas.[156] Karagdagang batayan ang kawalan ng motibo sa panig ng

149. U.S v. Go Foo Suy, 25 Phil. 185 (1913).

150. People v. Ramirez, 104 Phil. 720 (1958).

151. People v. Marcos, 70 Phil. 468 (1940); People v. Martinez Y Godinez, 106 Phil. 597 (1959).

152. People v. Ramirez, 169 SCRA 711 (1989).

153. People v. Macatangay, et al., G.R. No. L-12942, (29 Peb. 1960).

154. People v. Pisalvo, 108 SCRA 211(1981); People v. Salazar, 93 SCRA 796 (1979).

155. People v. Taneo, 58 Phil. 256-57 (1933).

156. People v. Aguilar, 111 SCRA 222 (1982).

nasakdal na patayin ang nasawi upang pawalan siya ng sala kapag salungat sa karaniwang karanasan at, kung gayon, di-kapani-paniwala, ang nag-iisang testimonya ng saksi ng tagausig.[157]

May tatlo pang mga pagkakataong mababanggit kung kailan kinakailangan ang patunay ng motibo, bukod doon sa kung saan mapag-aalinlanganan ang pagkasino ng salarin: (1) sa pag-uusig kaugnay ng krimeng paninirang-puri, nakasulat man o hindi, kinakailangan ang katibayan na may malisya o masamang motibong kalahok ang pagsasagawa ng mapanirang pagpaparatang, at hindi makatarungan ang mga ito;[158] (2) sa krimeng malisyosong pamiminsala sa ari-arian ng iba, kinakailangang ipakitang isinakatuparan ang sadyang paninira sa ari-arian ng iba nang dahil sa pagkapoot, paghihiganti o ibang pang masamang dahilan;[159] at (3) sa mga kasong sinasaklawan ng mga pagpapahayag ng amnestiya, naipasyang kinakailangan ng patunay ng motibo[160] upang masaklawan nito.

## II. SAGUTING KRIMINAL

Napapala ang saguting kriminal ng sino mang tao sa mga pagkakataong binabanggit sa dalawang talataan ng Artikulo 4.[161] Walang kinalaman ang artikulong ito sa paraan kung paano nakagaganap ng kagagawang may sabit na saguting kriminal. Nasasaad sa Artikulo 3[162] ang paraan ng pagganap ng mga kagagawang kriminal na pinarurusahan sa ilalim nito. Ito ay maaring sa pamamagitan ng pagsasagawa o pagkabigong gampanan ang isang kagagawan (pagkukulang o pagkaligta), kapag pinarurusahan ang gayon ng naturang batas, sa anyo ng pananadya (may malisya) o dahil sa pagkakamali (dala ng kapabayaan o ng kakulangan ng pag-iingat).

### A. *Sa Krimeng Naisagawa*

Karaniwan, kapag nagsagawa ang isang tao ng krimen nang may malisya, hinahangad niya ang mga kinahihinatnan o bunga ng kanyang maling kagagawan. Nguni't may mga pagkakataon kung kailan hindi niya nilalayon ang naibunga ng kanyang maling kagagawan. Sa gayong mga pagkakataon sinasabing "naiiba sa kanyang nilalayon" ang "kamaliang nagawa." Dahil sa talataan 1, Artikulo 4, magkakaroon pa rin ng saguting kriminal ang isang taong nagsagawa ng krimeng pinarurusahan sa Binagong Kodigo Penal bagama't hindi sakop ng, o sumaibayo sa, kanyang layunin ang ibinunga o ang kinahinatnan ng kanyang maling kagagawan. Hindi maililigtas ang isang tao sa saguting kriminal kaugnay ng lahat ng mga likas na bunga ng kanyang kagagawang labag sa Binagong Kodigo Penal nang dahil lamang sa kawalan ng layuning lumikha ng naturang mga bunga.[163] Mananagot ang isang taong namaril ng kapwa, isang krimeng pinarurusahan sa ilalim ng Binagong Kodigo Penal, kahit man pumaltos ang kanyang pag-asinta at nakasapul ang punglo ng ibang tao, kaugnay ng lahat ng pinsalang tinamo ng huli, kahit pa man hindi layunin ng namaril na siya ang saktan.[164] Mananagot din ang isang taong sumuntok lamang sa ulo ng biktima, na bumulagta dahil sa pagkasapul sa kanya, nabagok ang ulo sa palitada ng aspalto, at namatay, bagama't walang layunin ang taong nanuntok na patayin ang biktima.[165] Mananagot din ang isang nakasaksak ng ibang tao, sa gitna ng dilim, sa paniniwalang ito na ang kanyang layong-biktimahin, samantalang ibang tao pala iyon sa katunayan, kaugnay ng lahat ng pinsalang naidulot sa naging biktima, bagama't walang hangarin ang nanaksak na saktan ang huli. Matatagpuan ang katwirang salalayan ng tuntunin sa unang talataan ng Artikulo 4 sa doktrinang *el que es causa de la causa es causa del mal causado* (ang sanhi ng dahilan ay siyang dahilan ng ibinungang kasamaan).[166] Ito ang tinaguriang teorya ng pagkakatumbas (*equivalencia* o *conditio sine qua non*).[167]

#### 1. Kagagawang Sanhi o Pinagmulan

Sinasabi ng unang talataan ng Artikulo 4 na dapat magkaroon ng saguting kriminal ang sino mang "nagsagawa ng isang delito," kaya hindi sinasaklawan ng tuntuning ito ang kahit ano na lamang na kagagawan. Isang kagagawan o pagkukulang na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang "delito."

157. People v. Padirayon, 67 SCRA 135 (1975).

158. U.S. v. Bustos, 37 Phil. 731 (1918).

159. U.S. v. Gerale, 4 Phil. 218 (1905).

160. Dapat manaig ang dahilang pampulitika. People v. Borja, 106 Phil. 111 (1960); People v. Gajo, 84 Phil. 167 (1949); People v. Gempes, 83 Phil. 267 (1949).

161. KODIGO PENAL, Art. 4. *Saguting kriminal.* — Dapat magkaroon ng saguting kriminal:

Ang sino mang nagsagawa ng isang delito bagama't naiiba sa kanyang nilalayon ang kamaliang nagawa;

2. Ang sino mang nagsakatuparan ng isang kagagawang naging isang paglabag sana laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba, kundi lamang dahil sa likas na pagkaimposible ng katuparan nito o dahil sa paggamit ng kapos o di-mabisang pamamaraan.

162. KODIGO PENAL.



163. U.S. v. Brobst, 14 Phil. 310 (1909).

164. People v. Maranan, 124 SCRA 716 (1983).

165. People v. Cagoco, 58 Phil. 524 (1933).

166. Isinadoktrina ang kasabihang ito sa Kapasyahan ng Tribunal Supremo ng Espanya na may petsang Pebrero 14, 1894, saka naulit sa marami pang iba, bago naging bahagi naman ng dunong panghukuman sa Pilipinas (1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 322).

167. 1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 320-21. Bagama't malaong nanatiling matatag, hindi naging malaya sa makatwirang mga batikos ang teoryang ito dahil sa kalawakan umano ng konsepto nito ng sanhi at saguting kriminal, at may mga nagmumungkahi ng iba pang mga pananaw, gaya ng teoriyang magsasaalang-alang sa higit na mabisang dahilan o nangingibabaw na kalagayan (*condition mas eficaz*), at ng sapat na pagkadahilan (*causalidad adecuada*).

i. Sinadya

Nililimi ng batas na ito ang pangkat ng mga kagagawang isinasakatuparan nang may kalahok na hangarin o paglalayon. Kaya naman, maaaring maging katumbas ng naturang parirala ang katawagang "sinadyang krimen na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal." Kahit na maling kagagawan ang naisakatuparan nang sinasadya, kung hindi naman ito pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal, hindi pa rin mailalapat ang naturang tuntunin. Hindi mailalapat ang naturang tuntunin kaugnay ng mga di-sinasadyang krimen, kahit man may ganitong pangkat ng mga kagagawang pinarurusahan ang Binagong Kodigo Penal. Kung dala ng kakulangan ng pag-iingat, ng kapabayaan, ng kakulangan ng pangingita o kakulangan ng kasanayan ang maling nagawa, dapat tuusin ang pananagutan ng salarin sa ilalim ng Artikulo 365, na tumatalakay at nagpaparusa sa mga kapabayaang kriminal.[168]

ii. Krimen

Walang saguting kriminal ang isang taong hindi naman nagsagawa ng krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kaugnay sa mga resultang hindi nilalayon, kaya walang pananagutang kriminal sa salang panunugat sa katawan ng kapwa ang isang taong umagaw ng itak mula sa nasaktang panig, sa tulak ng pagkamausisa, kung nasugatan man ang huli nang dahil sa pagsalo sa talas ng itak samantalang pilit pinipigilan ang nasabing pag-agaw sa udyok naman ng ugaling likas. Walang tadhana sa Binagong Kodigo Penal na nagpaparusa sa gawang pag-agaw sa ari-arian ng iba kung naganap ito sa tulak lamang ng pagkamausisa.[169]

Walang ring saguting kriminal ang isang taong nakasugat ng kapwa habang pilit pinipigilan ang pag-agaw ng iba sa kanyang itak kung, dahil sa gayong pag-aagawan, tumama at sumaksak sa dibdib ng isang miron ang dulo ng itak. Nagpapahintulot ang batas na gumamit ang isang tao ng kinakailangang lakas upang mapanatili ang kanyang pagtataglay sa sariling ari-arian.[170]

168. *Tignan* U.S. v. Divino, 12 Phil. 175 (1908). Kapuna-punang hindi gumawa ng sinadyang krimen ang nasakdal. Unang-una, labag-sa-batas na panggagamot ang kanyang ginawa, na pinarurusahan ng ispesyal na batas. Datapwa't patunay ang paglabag niya sa nasabing pasadyang batas ng kanyang kakulangan ng pag-iingat o ng kanyang kapabayaan o ng kanyang kakulangan ng kasanayan. Dalawang paglabag ang talagang dapat panagutan ng nasakdal: (1) panunugat sa katawan ng kapwa sa pamamagitan ng kakulangan ng pag-iingat sa ilalim ng Binagong KODIGO PENAL; at (2) labag-sa-batas na panggagamot sa ilalim ng kaukulang pasadya o ispesyal na batas.

169. *Tignan* U.S. v. Villanueva, 31 Phil. 412 (1907). Sa kabilang dako, mailalapat ang naturang tuntunin kung isinagawa ang pag-agaw nang may hangaring makinabang sa ari-ariang makukuha.

170. *Tignan* People v. Bindoy, 56 Phil. 15 (1931). Kung tinangka sana ng nasakdal na sugatan si Pacas sa kainitan ng pag-aagawan, nguni't nakasugat siya sa halip kay Omamdam, pananagutan niya ang pagkamatay ni Omamdam dahil sa pagtatangkang sumugat sa iba,



iii. Pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal

Upang mailapat ang Artikulo 4(1), hindi dapat maging pasadya o ispesyal na batas ang nagpaparusa sa pagkukulang o kagagawang nasasangkot sa usapin, dahil walang isinasaalang-alang na "hangarin ng salarin na gumawa ng kapinsalaan sa iba" kaugnay ng mga paglabag sa isang pasadya o ispesyal na batas. Sa kadahilanan ng patakarang pangmadla, sapat na sa gayong paglabag na naisagawa ang ipinagbabawal o di-nagampanan ang ipinagagawa ng pasadya o ispesyal na batas. Sa gayong pagkakataon, hindi rin maaaring maging "naiiba ang kanyang kamaliang nagawa," sa dahilang wala rin namang maisasaalang-alang na hangarin ng salarin na magsagawa ng iba pang kapinsalaang maiuuwi bilang likas, tuwiran at malapit na kahihinatnan nito.

2. Bunga o Kinahinatnan

Mapag-uuri-uri ang mga pagkakataong maaaring makalikha ng bunga o kinahinatnang naiiba sa nilalayon ng salarin, ayon sa sumusunod: (1) pagkakamali sa pagsino o pagkilala sa biktima (*error in personae; error in objeto* o *in persona*); (2) pagkakamali sa tinamaan (*aberratio ictus; equivocacion en el golpe*), kapag naglalayon ang salarin ng kapinsalaan sa isang tao nguni't nakagawa nito, sa halip, sa iba; at (3) pagsasaibayo o paglabis ng gawa kaysa nilalayon (*praeter intentionem*), kung humigit sa nilalayon ang bunga o kinahinatnang kapinsalaan.

i. Pagkakamali Sa Pagsino O Pagkilala Sa Biktima

Sa ilalim ng talataan 1 ng Artikulo 4, may saguting kriminal ang isang taong nagsagawa ng sinadyang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kahit na nagkaroon ng pagkakamali sa pagsino o pagkilala sa biktima: *error in personae*. Hindi ito itinuturing na *error essencial*,[171] kundi isang *error accidental*. Isang pagkakamali sa pagsino ang pamamaril sa isang walang kamalay-malay na tao, habang natutulog ito, sa pag-aakala ng nasakdal na ito na ang pinaghahanap nilang pusakal gayong hindi pala.[172] Kung sumugod palabas ng kanyang bahay ang nasakdal na naglalayong salakayin ang isang pihong tao, nguni't sa kadiliman ng gabi, napagkamalan niyang iyon na ibang tao, na kanyang sinugatan nang mortal sa pamamagitan ng gulok, mayroon siyang saguting kriminal sa pagkamatay ng huli.[173]

isinagawa ng nasakdal ang krimeng pagtatangkang homisidyo, kung ipagpalagay nang nagkaroon ng hangaring pumatay.

171. Gaya ng paglalayong pumatay ng hayop, nguni't tao ang napatay. (1 EUGENIO CUELLO CALON, DERECHO PENAL 410-13).

172. People v. Oanis, 74 Phil. 257 (1943).

173. People v. Gona, 54 Phil. 605 (1930).

ii. Pagkakamali Sa Tinamaan o Dinatnan

Sa ilalim ng talataan 1 ng Artikulo 4, may saguting kriminal ang isang taong nagsagawa ng sinadyang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kahit na nagkaroon ng pagkakamali sa tinamaan: *aberratio ictus*. Natagpuan sa isang kaso,[174] na pinaputukan ng nasakdal ng baril si Juana Buralo nguni't tumama at malubhang sumugat ang punglo kay Perfecta Buralo, sa halip, dahil sa kakulangan ng pag-asinta. Ipinasyang dapat lamang panagutan ng nasakdal ang pinsalang nagawa kay Perfecta Buralo.

Sa *aberratio ictus*, kadalasang nakakagawa ng isang masalimuot na krimen (*delito complejo*) ang salarin, maliban na lamang kung pinarurusahan sa ilalim ng pasadya o ispesyal na batas ang kinahinatnang krimen. Nagbubunga ito, sa katunayan, ng isang masalimuot na krimen[175] dahil isang krimen laban sa taong nilalayon ang naisakatuparan at, kasabay o kagyat na kinahinatnan nito, isa pang krimen laban naman sa taong tinamaan ang nagaganap din. Kung bumubuo ng malubha at di-gaanong malubhang mga krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang nangyari, masasabing masalimuot na krimen ang kinahinatnan ng iisang kagagawan. Nguni't kung magaang na krimen lamang ang isa, at isang malubha o di-gaano malubhang krimen naman ang iba, kahit na pinarurusahan kapwa ang mga ito ng Binagong Kodigo Penal, dalawang hiwalay na krimen ang masasabing naisagawa, na maaaring sumailalim sa dalawang magkakahiwalay na pag-uusig.

iii. Pinsalang Sumasaibayo Sa Nilalayon

Sa ilalim ng talataan 1 ng Artikulo 4,[176] may saguting kriminal ang isang taong nagsagawa ng sinadyang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kahit na sumaibayo o lumabis ang ibinungang pinsala kaysa nilalayon: *praeter intentionem*. Natagpuan sa isang kaso[177] na sinuntok, nang walang hangaring pumatay, ng nasakdal ang biktima sa gawing batok, mula sa likuran, na naging sanhi ng pagkabulagta ng biktima at pagkabagok ng ulo nito sa palitada ng aspalto, na ikinabasag naman ng bungo nito. Ipinasyang dapat panagutan ng nasakdal ang pagkamatay ng biktima, bagama't wala siyang hangaring patayin ito.

174. People v. Mabug-at, 51 Phil. 967 (1926). Nahatulang nagkasala ang nasakdal ng nabigong asasinato, na sinangkapan ng katrayduran, dahil sa nangyari kay Perfecta. Pansining bagama't hindi na sinaklawan ng pag-uusig, sabayang nagkaroon din ng tinangkang asasinato kaugnay ng pumaltos na pagbaril kay Juana.

175. KODIGO PENAL, art. 48.

176. KODIGO PENAL.

177. People v. Cagoco, 58 Phil. 524 (1933).



Isang mapagpagaang na pangyayari sa ilalim ng Artikulo 13, talataan 3,[178] ang *praeter intentionem*, dahil masasabing hindi hinangad ng salarin na magsagawa ng kasing-lubhang kamalian kaysa sa talagang kinahinatnan ng kanyang kagagawan. Datapwa't isang karaniwang mapagpagaang na pangyayari lamang ito at, bilang gayon, maaari itong mapawalang-saysay ng isang dumadalong mapagpalalang pangyayari. Nguni't upang maisaalang-alang bilang isang mapagpagaang na pangyayari, dapat magkaroon ng kapuna-punang di-pagtutumbasan o kalabisan sa pagitan ng kaparaanang ginamit at ng kinahinatnang krimen. Dapat maipakita na hindi madalas o karaniwan sa likas na kalakaran ng mga bagay na nagiging kinahinatnan ng kaparaanang ginamit ang krimeng talagang nagawa.

iv. Pinsalang Hindi Pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal

Dapat na naisagawa ang isang sinadyang krimen na pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal. Kaya naman, ipinasya[179] na walang saguting kriminal ang mga nasakdal kung hindi sila nagsagawa ng isang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal nang naghahangad na makalikha ng pinsala sa iba. Kung gayon, hindi naangkop para sa paglalapat ng tuntuning tinatalakay ang isinagawa ng nasakdal kung: (1) hindi naman pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang kagagawan o pagkukulang; o (2) saklaw ang kagagawan o pagkukulang ng alin man sa mga makatarungang pangyayaring iniisa-isa sa Artikulo 11.[180]

3. Kaugnayan ng Sanhi sa Bunga ng Pinagmulan sa Kinahinatnan

Dapat na maging tuwiran, likas at makatwirang kinahinatnan ng ginawang krimen ang kamaliang naganap. Isang matatag na tuntunin na may saguting kriminal ang isang tao kaugnay sa mga kagagawang isinakatuparan niya nang labag sa Binagong Kodigo Penal, at sa lahat ng mga likas at makatwirang mga kinahinatnang ibinunga niyon.[181]

i. Tuwiran, Likas, at Makatwirang Kaugnayan

Maituturing na tuwiran, likas at makatwirang kinahinatnan ng isinagawang krimen ang kamaliang naganap, bagama't napatunayang kusang tumalon sa tubig ang biktima, kung tinakot o hinabol ito ng nasakdal nang may dala-dalang punyal, at saka lumubog nang dahil sa lakas ng agos o kawalan ng

178. KODIGO PENAL.

179. U.S. v. Villanueva, 31 Phil. 412 (1907) at People v. Bindoy, 56 Phil. 15 (1931).

180. KODIGO PENAL.

181. U.S. v. Sornito, 4 Phil. 357 (1905); U.S. v. Zamora, 32 Phil. 218 (1915); People v. Cornel, 78 Phil.458 (1947).

kasanayang lumangoy, kaya namatay sa pagkalunod.[182] Gayon din, kahit pa natagpuang tinanggal ng biktima ang pampatuyong tubo mula sa kanyang sugat, na naging dahilan ng kanyang pagkakaroon ng peritonitis o pamamaga ng bituka, at humantong naman sa kanyang pagkamatay, sapagka't lumalabas sa katibayan na pinagmulan ng malabis na pananakit at pagkadi-mapalagay ang sugat na idinulot ng nasakdal, na nag-udyok naman sa biktima na alisin ang pampatuyong tubo, mapananagot pa rin ang nasakdal.[183] Gayon pa rin ang tuntunin kahit na ang mali o di-mahusay na paglalapat ng gamot o pag-oopera ng siruhano ang maituturong kagyat o agarang dahilan ng pagkamatay.[184] Malinaw na nakabatay ang gayong tuntunin sa isang matalino at praktikal na patakaran. Magbibigay ng kaligtasan sa krimen at mag-alis sa buhay ng tao ng isang kapaki-pakinabang at mahalagang pangangalaga o sanggalang ang naiibang doktrina. Sa gitna ng nagtatalong mga teorya ng mga tauhan ng medisina, at mga pag-aagam-agam na dumadalo sa panggagamot ng mga sakit at sugat, magiging madali sa maraming kaso ng homisidyo na magpalitaw ng pag-aalinlangan kaugnay sa kagyat o agarang dahilan ng pagkamatay, at sa gayong paraan buksan nang maluwag ang pintong pagtatakasan, mula sa hatol ng pagkakasala at paparusa, ng mga taong nagkasala ng pinakamalubhang mga krimen.[185]

ii. Sapat at Mábisang Kaugnayan

Nguni't kung malinaw na hindi naman sapat upang maging dahilan ng pagkamatay ang sugat o pinsalang dulot ng kagagawan, sa karaniwang kalakaran ng mga pangyayari, kundi gagaling nga sana ito pagkaraan lamang ng ilang araw, at kung maipakikita sa ibayo ng lahat ng pag-aalinlangan na ang malisyoso o walang-ingat na mga kagagawan ng panig na nasugatan ang tunay na sanhi ng pagkamatay, hindi dapat managot ng homisidyo ang nasakdal. Mananagot lamang ang sino man sa kanyang mga kagagawan at sa mga likas o makatwirang mga kinahinatnan nito, at hindi sa mga nangyaring wala namang kaugnayan sa panimulang dahilan at dala lamang, halimbawa, ng mga pagkakamaling nagawa ng duktor sa pag-oopera at paglalapat ng gamot sa sugat ng biktima.[186]

Datapwa't maaari pa ring managot ang nasakdal kung naging mabisang sanhi ng kinahinatnan ang kanyang kagagawan: kung may maselan o delikadong pangangatawan ang nasawi at dumaranas ng tuberkulosis, at

182. U.S. v. Valdez, 41 Phil. 497 (1915); People v. Buhay, 79 Phil. 372 (1947).

183. People v. Quianzon, 62 Phil. 162 (1935).

184. People v. Abejuela, 92 SCRA 503 (1979); U.S. v. Marasigan, 27 Phil. 604 (1908).

185. People v. Moldes, 61 Phil. 4 (1934) *binabanggit* 13 R.C.L., 751,752 at 22 L.R.A., NEW SERIES, 841.

186. Kapasyahan ng Tribunal Supremo ng Espanya noong Abril 2, 1903. VIADA, DERECHO PENAL.



sinuntok ng nasakdal ang nasawi sa kanang bahagi ng tiyan, na bumugbog sa atay nito at naging sanhi ng panloob na pagdurugo, na ikinamatay naman ng huli;[187] kung dumaranas ng panloob na sakit sa katawan ang nasawi at sinuntok ng nasakdal sa likod at tiyan nito, na naging dahilan ng pamamaga ng kayang apdo at bituka, na humantong naman sa kanyang pagkamatay;[188] at kung sa pamamagitan ng kanyang mga suntok, nalikha ng nasakdal ang dahilang nagpadali sa pagkamatay ng nasawi.[189]

Kahit na tumangging sumailalim ang nasaktang panig sa pag-oopera ng isang siruhano, maaari pa ring mapanagot ang salarin sa kamaliang kinahinatnan. Walang tungkulin ang nasaktang panig na sumailalim sa pag-oopera ng siruhano upang maalisan lamang ang nasakdal ng pananagutan sa likas at karaniwang mga resulta ng kanyang krimen. Halimbawa, natagpuan sa isang usapin[190] na binunot ng nasakdal ang kanyang punyal at sinaksak nito ang biktima. Sa pagtatangkang saluhin ang saksak, nasugatan ang biktima sa kaliwang kamay. Naputol ang litid ng isa sa kanyang mga daliri. Dahil dito, nawalan ng silbi ang panggitnang daliri ng kanyang kaliwang kamay. Ipinasyang hindi mapahahalagahan ang pangangatwiran ng nasakdal na maibabalik sana ang orihinal na kalagayan ng daliri ng biktima sa pamamagitan ng pagpapaopera. Wala namang tungkulin ang biktima na sumailalim sa pag-oopera ng isang siruhano upang maalisan lamang ng pananagutan ang nasakdal sa likas at karaniwang mga resulta ng kanyang krimen. Ang kusang-loob na kagagawan niya ang bumaldado sa biktima at dapat niyang sagutin ang kinahinatnan nagmula roon, nang walang maasahang tulong mula sa biktima.

iii. Kaugnayang Hindi Naputol ng Mapanghimasok na Sanhi

May mga pagkakataon kung kailan pinalalala ng impeksiyon ang kinahinatnang pinsala. Hindi ito nagliligtas sa nasakdal mula sa saguting kriminal kaugnay ng lumalang kinahinatnan ng kanyang kagagawan kung hindi ito maituturing na sapat na mapanghimasok na sanhi. Kung sinugatan ng nasakdal ang nasaktang panig sa pamamagitan ng isang bolo, at nang pumasok sa ospital ang nasaktang panig, hindi siya naturukan ng iniksyong panlaban sa tetano at naimpeksiyon tuloy ang mga sugat niya nang lumabas siya sa pagamutan, dapat pa ring panagutan ng nasakdal ang buong katagalang kinakailangan sa panggagamot at

187. People v. Ilustre, 54 Phil. 594 (1930).

188. U.S. v. Rodriguez, 23 Phil. 22 (1912).

189. People v. Reyes, 61 Phil. 341 (1923), kung saan natagpuang may sakit sa puso ang nasawi. Sinaksak ng nasakdal ang nasawi sa pamamagitan ng punyal, nguni't dahil sa buto tumama ang talas nito, hindi ito nakatagos sa gawing dibdib ng nasawi bagama't nakalikha pa rin ito ng matinding pagkabigla, na naging dahilan naman ng pagkamatay ng biktima. Pinanagot sa salang homisidyo ang nasakdal dahil ang pagsaksak ang natagpuang malapit na dahilan ng pagkamatay ng nasawi.

190. U.S. v. Marasigan, 27 Phil. 504 (1908).

sa humabang pagkakaratay ng biktima na dala ng impeksiyon.[191] Kahit maaari mang mapagaling ang mga sugat na tinamo nang higit na maaga kaysa sa 58 araw kung hindi lamang sugapa sa pag-inom ng tuba ang nasaktang panig, hindi pa rin pinagagaan ng pangyayaring ito ang pananagutan ng nasakdal.[192] Kung sinalakay ng nasakdal ang nasawi sa pamamagitan ng itak, at matapos na matumba ang nasawi, binagsakan siya ng bato ng nasakdal, na tumama naman sa kanyang kanang tadyang, kahit hindi naging sapat ang nagawang panunugat upang ikamatay ng nasawi, subali't makaraan ng isang linggo, namatay ito sa pagkatetano na dala ng naimpeksiyong sugat, dapat pa ring managot ang nasakdal sa pagkamatay ng nasawi.[193]

iv. Malapit na Kaugnayan, Kahit Hindi Agaran

Upang mailapat ang naturang mga tuntunin, ang krimeng nagawa ang dapat na maging malapit na dahilan ng resultang pinsala. Ang tinatawag na malapit na dahilan (*proximate cause*) ay yaong dahilan na lumikha ng pinsala sa likas at tuluy-tuloy na pagkakasunod ng mga pangyayari, nang hindi pinapatid ng ano mang mabisang pumapagitnang dahilan, na hindi sana magaganap ang resulta kung liban.[194] Natagpuan naman, sa isang usapin,[195] na dumanas ang biktima ng isang dalawang-pulgadang sugat sa kanyang kanang palad nang kanyang sanggahin ang itak na ginamit ng nasakdal upang pagtatagain siya. Pagkaraan ng dalawampu't dalawang araw, dumanas naman ang biktima ng mga palatandaan ng tetano at namatay sa sumunod na araw nang dahil sa pagkatetano. Natagpuang hindi ang sugat na tinamo ang malapit na dahilan ng pagkamatay, sa pamamagitan ng paglalapat ng pamantayan o pagpapakahulugan ng "malapit na dahilan."[196] Sa pagsusuri sa kalikasan ng tetano at panahon ng paglilimlim nito, natagpuan ng Kataas-taasang Hukuman na maaari sanang nahawahan ng tetano ang sugat sa loob ng dalawa o tatlong araw, o sa loob ng iilang araw lamang pagkaraang maidulot ito, nguni't hindi pagkaraan ng dalawampu't dalawa o dalawampu't tatlong araw. Kaya naman, may umiiral na mga pag-aalinlangan kung tuwiran, likas at makatwirang kinahinatnan ng sugat na

191. People v. Martir, 9 C.A.R. 204.

192. U.S. v. Bayutas, 31 Phil. 584 (1915).

193. People v. Cornel, 78 Phil.418 (1947).

194. 38 AM. JUR. 695, na inilapat sa Vda. de Bataclan, et al. v. Medina, 102 Phil.181 (1957). Tignan din ang paglalapat ng panuntunang ito sa People v. Mananquil, 132 SCRA 196 (1984), ang pagkasunog dahil sa sinadyang kagagawan ng nasakdal ang malapit na dahilan ng pagkamatay ng biktima.

195. Urbano v. Intermediate Appellate Court, 157 SCRA 1 (1988). Sa usaping ito, ipinangatwiran ng nasakdal na ang sariling kapabayaan ng nasawi, sa muling pagbabalik niya sa kanyang trabaho sa isang maruming pusali bago pa man ganap na naghilom ang sugat, ang siyang maituturong malapit na dahilan ng kanyang pagkamatay.

196. Ang konseptong na inilahad sa Vda. De Bataclan v. Medina, 102 Phil. 1181 (1957).



idinulot ng nasakdal ang pagkamatay ng biktima, o isang sugat lamang ito na maituturing bilang di-humihigit sa isang malayong dahilan nito.

Hindi maituturing na mga mabibisang pumapagitnang dahilan o mapanghimasok na sanhi ang sumusunod: (1) *ang mahina o sakiting pangangatawan ng biktima*, gaya ng pagkakaroon ng tuberkulosis o sakit sa puso;[197] (2) *ang pagkanerbiyoso o temperamento ng biktima*, gaya ng pangyayaring namatay ang isang tao kasunod ng isang panloob na pagdurugong likha naman ng pagkikilos nang labag sa utos ng duktor;[198] (3) *mga kadahilanang likas sa biktima*, tulad ng (a) kawalan ng kasanayang lumangoy ng biktima at (b) pagkasugapa ng biktima sa pag-inom ng tuba;[199] (4) *ang pagpapabaya ng biktima o ng ibang tao*, tulad ng pagtanggi ng nasugatang panig na sumailalim sa panggagamot o pag-oopera ng isang siruhano, o ang pagkabigo ng duktor na magturok sa nasugatang panig ng iniksyong panlaban sa tetano;[200] (5) *ang mali o di-mahusay na paglalapat ng lunas na panggagamot o pag-oopera*, tulad ng pangyayaring naganap ang pagsalakay sa isang liblib na baryo kung saan walang kaukulang modernong serbisyo ng siruhano.[201] Sapagka't hindi maituturing ang gayong mga kadahilanan bilang mga mabisang pumapagitnang dahilan o mapanghimasok na sanhi, hindi pinapatid ng mga ito ang pagkakaugnayang sanhi-at-bunga ng krimeng isinagawa at ng resultang kapinsalaan.

May mga pagkakataon kung kailan ipinalalagay ng hukuman bilang likas na hantungan ng ginawang panunugat sa katawan ng biktima ang pagkamatay nito. Ganito ang tuntunin ng katibayan kapag napatunayan ang sumusunod na mga pangyayari: (1) nasa karaniwan o normal na kalusugan ang biktima nang isagawa ang panunugat sa katawan niya; (2) maaasahan ang pagkamatay mula sa kalubhaan ng ginawang panunugat sa katawan niya; at (3) sumunod ang pagkamatay sa loob ng makatwirang tagal ng panahon.[202]

Kung nagmula sa isang kakaibang kagagawan o pangyayaring ganap na walang kaugnayan sa kagagawang kriminal ang mga bungang nalikha, hindi pananagutan ng salarin ang naturang mga bunga. Hindi dapat iatang ang pananagutang kriminal sa isang tao kaugnay ng lahat ng maaaring maging mga resulta, agaran mang nangyari kasunod nito, kundi yaon lamang bahagi nito na may malapit na kaugnayan sa kanyang kagagawan. Kaya naman, kung sinuntok ng nasakdal ang isang tao, na ikinatumba nito, at isang kabayo naman sa kalapitan ang biglang napalundag dahil sa gulat sa nagaganap at saka dumagan sa

197. People v. Ilustre, 54 Phil. 594 (1930) at People v. Reyes, 61 Phil. 341 (1934).

198. People v., Almonte, 56 Phil. 54 (1931). *Tignan din* People v. Quianzon, 62 Phil. 16 (1935).

199. People v. Buhay, 79 Phil. 372 (1947); U.S. v. Valdez, 41 Phil. 497 (1915); U.S. v.Bayutas, 31 Phil. 584 (1915).

200. U.S. v. Marasigan, 27 Phil. 504 (1914); People v. Red, (C.A.)43 O.G. 5072(1947).

201. People v. Moldes, 61 Phil. 1 (1934).

202. People v. Datu Baginda, (C.A.) 44 O.G. 2287 (1948). *Tignan din* People v.Tamnang. 5 C.A.R. 145.

nasawi, na namatay nang dahil sa gayong pagkakadagan, hindi dapat managot ang nasakdal sa pagkamatay ng taong iyon.[203]

Hindi tuwiran, makatwiran at kinakailangang bunga ng krimeng nagawa ang ibinungang pinsala kapag hindi maituturing na malapit na dahilan ng resultang pinsala ang krimeng nagawa. Kung ginawan ng nasakdal ng bahagyang panunugat ang katawan ng biktima, at sadya namang inilubog ng huli ang sarili sa isang kontaminadong tambakan ng dumi kung kaya naimpeksyon at naging malubha ang kanyang sugat, hindi maaaring papanagutin ang nasakdal sa salang malubhang panunugat ng katawan. Ang kagagawan ng biktima mismo, sa sadyaang paglubog ng kanyang katawan sa tambakan ng dumi, at hindi ang bahagyang panunugat ng katawan na nagawa ng nasakdal, ang malapit na dahilan ng kalubhaan o paglubha ng mga sugat sa katawan niya. Kung sinampal lamang ng nasakdal sa bibig ang isang bata sa pamamagitan ng likod ng kanyang kamay, kahit pa namatay kalaunan ang bata, maaaring pa ring naganap ang pagkamatay dahil sa lagnat na lumaganap sa pamayanang kanyang tinitirahan, hindi ng pagkakasampal sa kanyang bibig.[204] Kung pinalo lamang ng nasakdal sa hita ang isang bata, na dati nang malubhang nakaratay sa lagnat nang may tatlong linggo na, sa pamamagitan ng tsinelas, at saka itinulak, kinaladkad, at ibinalibag pa sa banig na nakalatag sa sahig, kahit pa namatay ang bata dalawang araw makaraan, kung hindi naman napatunayan ang tunay na dahilan ng pagkamatay ng bata, mahahatulang nagkasala lamang ang nasakdal ng panunugat ng katawan.[205]

### B. *Krimeng Di-Maisagawa*

Ang pagsasagawa ng isang imposibleng krimen ay nagpapahiwatig ng likas na kahiligang kriminal o kriminal na gawi ng salarin. Isang potensyal na kriminal ang turing sa gayong tao. Ayon sa positibistang kaisipan, dapat pangalagaan ang kumunidad mula sa mga gawaing laban-sa-lipunan o anti-sosyal, maging aktuwal man o potensyal, ng masasamang uri ng tao na tinaguriang "panganib sa lipunan."[206] Layunin ng batas sa pagpaparusa sa mga imposibleng krimen na sawatain ang kahiligang kriminal o mga asal, gawi o pag-uugaling kriminal. Sa obhetibong pananaw, hindi nakagaganap ng ano mang krimen ang salarin nguni't, sa subhetibong paraan, isa na siyang kriminal. Kriminal ang kalagayan ng kanyang pag-iisip at gumawa siya ng mga kilos sa panlabas na daigdig na

203. People v. Rockwell, 39 Mich.503. Nguni't, gaya ng tuwinang itinuturo, dapat pag-aralan ang kaibhan ng ganitong pagkakataon doon sa nangyari sa People v. Cagoco, 58 Phil. 524 (1933). Sa kaso ni *Cagoco*, walang aktibong lakas na pumagitna sa kagagawang kriminal at sa resulta nito. Sa kaso ni *Rockwell*, nagkaroon ng gayong aktibong lakas (sa anyo ng paglundag ng kabayong nakadagan sa nasawi), na siyang lumikha ng resulta.

204. People v. Palalon, 49 Phil. 177 (1926).

205. U.S. v. Embate, 3 Phil. 640 (1904).

206. Ang konseptong inilahad sa Vda. De Bataclan v. Medina, 102 Phil. 1181 (1957).



layong isakatuparan iyon, dangan nga lamang at hindi naganap nang tuluyan dahil sa likas na pagkaimposible nito o dahil sa paggamit ng kapos o di-mabisang pamamaraan.[207]

Hindi pinarurusahan ang lahat ng mga krimeng imposible, kundi yaon lamang maaaring naging krimen laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba.[208] Kaya naman, hindi maaaring magkaroon ng imposibleng krimen kaugnay sa panghuhuwad ng lagda, dahil ito ay isang krimen laban sa kapakanang pangmadla.[209] Kung, halimbawa, naging walang-pakundangan o tanga ang nasakdal sa paniniwalang magtatagumpay ang isang lubhang halatang panghuhuwad ng tiket ng swipsteyk, hindi ito nangangahulugan na naging imposibleng krimen ang kanyang ginawang panghuhuwad. Mula sa kaanyuan ng hinuwad ng tiket, hindi masasabi ng hukuman na naging imposible sana para sa nasakdal na isakatuparan ang krimeng panlilinlang kung hindi gumawa ng angkop na pag-iingat ang kawani ng tanggapan na hiningan ng kabayaran

207. Itinatadhana ang parusa sa imposibleng krimen sa Artikulo 59. Ang ikalawang talataan ng Artikulo 4 naman ang tumatalakay sa buod ng tinatawag na mga imposibleng krimen (o mga imposibleng pagtatangka). Sumusunod ang mga sangkap na kinakailangan upang umiral ang isang imposibleng krimen: (1) na magiging isang krimen sana laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba ang kagagawang isinakatuparan; (2) na ginanap ang kagagawan nang may masamang hangarin; (3) na likas na imposible ang katuparan nito, o kapos o di-mabisa ang paraang ginamit; at (4) na hindi bumubuo ng isang paglabag sa ibang tadhana ng Binagong Kodigo Penal ang kagagawang naisakatuparan. Sa pagsasakatuparan ng isang imposibleng krimen, hinahangad ng salarin na magsagawa ng isang krimen laban sa kapwa tao o isang krimen laban sa ari-arian ng iba, at magiging isang paglabag nga sana laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba ang kagagawang naisakatuparan. Nguni't hindi dapat na tuluyang naisakatuparan ang isang krimen laban sa kapwa tao o ari-arian iba, dahil, kung magkagayon, mananagot siya kaugnay ng isang karaniwang krimen. Walang mapag-uusapang imposibleng krimen. Sa ipinanukalang Kodigo Ng Mga Krimen ng 1954, tahimik na naglaho ang konsepto ng imposibleng krimen bilang anyo o paraan ng pagkakaroon ng saguting kriminal. Kinilala sa halip ang isa pang positibong konsepto ng "panganib sa lipunan" (*social danger*) at nagmungkahi ng apat na uring mga hakbang na pangkaligtasan (*security measures; medidas de seguridad*) bilang mga bagong kasangkapan sa pakikihamok laban sa mga tinaguriang anti-sosyal na gawi o pag-aasal.

208. Sumusunod ang mga krimeng laban sa kapwa tao: (1) parisidyo (art.246); (2) asasinato (art. 248); (3) homisidyo (art.249); (4) pagpatay ng sanggol (art. 255); (5) pagpapalaglag ng dinadala sa sinapupunan o aborsyon (art. 256-259); (6) duelo (art. 260 at 261); (7) mga pamiminsala o panunugat sa katawan ng kapwa (art. 262-266). Sumusunod naman ang mga krimen laban sa ari-arian ng iba: (1) pagnanakaw (art. 294, 297-300, at 302-303); (2) panunulisan (art. 306-307); (3) pang-uumit (art. 308, at 310-311); (4) pangangamkam ng mga karapatan sa ari-ariang di-natitinag (art. 312-313, Id.); (5) madayang pagpapalaho ng puhunan (art. 314); (6) pandaraya at ibang mga anyo ng panlilinlang (art. 315-318); (7) paglilipat, pagbibili o pagpeprenda ng isang nakasanglang ari-arian (art. 319); (8) panununog at iba pang mga krimeng kinasasangkutan ng pagwasak (art. 320-326); (9) sadyang paniminsala sa ari-arian ng iba (art. 327-331). Isa na ring krimen laban sa kapwa tao ang panggagahasa (Batas Republika Blg. 8353, na nagkabisa noong Oktubre 22, 1997). Noong unuuri pa bilang krimen laban sa kalinisang-puri ang panggagahasa, hindi maituturing na imposibleng krimen ang panggagahasa sa bangkay ng isang yumaong babae.

209. People v. Casals, CA-G.R. No. 12655-R, (17 Mayo 1955).

nito. Bukod dito, dahil nabibilang sa mga krimen laban sa kapakanang pangmadla ang panghuhuwad ng kasulatang pangkomersiyo, hindi maaaring maging imposibleng krimen ang nabukong panghuhuwad. Nahatulan ang nasakdal sa usaping ito ng tinangkang panghuhuwad ng tiket ng swipsteyk.[210]

Sa imposibleng krimen, hindi maaaring tunay na makalikha ang gawang isinakatuparan ng salarin ng isang paglabag laban sa kapwa tao o sa ari-arian ng iba, dahil (1) likas na imposibleng maganap ang paglabag (laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba); o (2) kapos o di-mabisa ang ginamit na pamamaraan. Nangangahulugan ang pariralang "likas na pagkaimposible ng pagsasakatuparan nito" na, dahil sa kalikasan ng kagagawang nilalayon ng salarin, imposibleng maisakatuparan ito. Kung gayon, upang umiral ang isang imposibleng krimen, dapat magkaroon ng alin man sa dalawang uri ng pagkaimposible ng pagsasakatuparan ng nilalayong kagagawan: (1) legal na pagkaimposible; o (2) pisikal na pagkaimposible.

1. Legal na Pagkaimposible

Kung binaril ng salarin ang layong-biktimahin na natagpuan niyang nakahiga sa kama nang hindi nalalaman na ilang oras nang patay ito, masasabing may kapwa legal at pisikal na pagkaimposible sa halimbawang ito.[211] Sa mga krimen laban sa kapwa tao, kinakailangang mapinsala o mapatay ang biktima datapwa't hindi na masasabing maaari pang mapinsala o mapatay pa ang isang patay na tao (labas na rito ang pamiminsala sa bangkay, bilang bagay or ari-arian).

Sa isang usapin, isang kasamang namumuwisan sa bukid ang pinaratangan ng pang-uumit ng limang sakong palay datapwa't natagpuang labis-labis pa sa hinihingi ng batas ang bilang ng mga sako ng palay na kanyang naentrega bilang deposito sa panginoong maylupa para sa pagpapaupa ng sakahan nito. Ipinasyang hindi maaaring maipagsakdal ang kasamang namumuwisan sa ipinaparatang na pang-uumit ng limang sakong palay, gayong wala na siyang tungkuling mag-entrega o managot pa sa panginoong maylupa kaugnay ng kanyang aanihin, dahil kanya na talaga ang mga ito bilang bahagi niya sa natitirang bunton ng mga palay, pagkaraang maientrega niya sa panginoong maylupa ang bilang ng mga sako ng palay na kumakatawan sa upa na naaayon sa batas (25%). Kaya naman, katumbas ng isang imposibleng krimen ang ipinaparatang na pang-uumit dahil hindi talaga niya magagawang mang-umit

210. People v. Balmores, 85 Phil. 493 (1950).

211. Ibinigay sa People v. Balmores, 85 Phil. 493 (1950). Kung buhay pa sana ang layong-biktimahin nang barilin ng salarin, namatay ito nang dahil sa gayong pagkakabaril, kaya maaari sanang maging asasinato ang krimeng ginanap ng salarin, isang krimen laban sa kapwa tao.



ng bagay na ganap na nauukol naman sa kanya bilang may-ari.[212] Itinakdang may legal na pagkaimposible rito.

2. Pisikal na Pagkaimposible

Sa isang kaso, ipinasyang hindi maaaring matagpuang nagkasala ng isang imposibleng tinangkang homisidyo ang nasakdal dahil lamang sa pagkalabit niya ng gatilyo ng isang baril na wala namang bala kung hindi mapapatunayang tinaglay nito ang nasabing baril. Bagama't nauugnay ang pasubali ng pasya sa pagkukulang ng katibayan, ipinahihiwatig ang pisikal na pagkaimposibleng maisakatuparan ang pamamaril sa pamamagitan ng baril na walang bala.[213] Kung tinangka ng salarin na patayin ang layong-biktimahin sa pamamagitan ng paglalagay sa sabaw ng huli ng isang sangkap na inakala niyang lason (arsenik), samantalang asukal o asin[214] pala iyon sa katunayan, kahit hindi napatay ang layong-biktimahin sapagka't di-mabisa ang pamamaraang ginamit, nagpakita na ang salarin ng kriminal na gawi at, dahil dito, dapat siyang parusahan alinsunod sa Artikulo 4, talataan 2, kaugnay sa Artikulo 59.[215] Pisikal naman ang pagkaimposible sa pagkakataong ito.

### III. Kalubhaan ng Krimen, Mga Kaparaanan, Anyo at Antas ng Pagsasakatuparan Nito

Masasabing may panloob at panlabas na sangkap ang bawa't krimen, ano man ang uri o kalikasan nito, bagama't maaaring maging magkaiba ang saklaw ng mga ito batay sa naturang kaurian o kalikasan. Bilang pangkalahatang tuntunin, sapagka't binubuo ng pagtatalaban ng panloob at ng panlabas na mga sangkap ang bawat krimen, nakasalalay ang pagiging ganap nito hindi lamang sa ginawang pagsasakatuparan sa panig ng salarin, kundi pati na rin sa kinahinatnan nito sa kapaligiran o sa layong biktimahin. Taliwas sa tuntuning ito ang mga krimeng pinarurusahan nang hindi isinasaalang-alang pa ang kinahinatnan. Upang masuri ang iba't ibang antas ng pagsasakatuparan ng isang krimen, makatutulong na isaalang-alang ang kalikasan nito, ayon sa pagpapakahulugan dito ng batas, lalung-lalo na ang anyo o pamamaraan ng pagsasakatuparan nito.

#### *A. Pagpapangkat ng Krimen Ayon sa Pamamaraan ng Pagsasagawa*

Kaugnay sa pamamaraan ng pagsasagawa ng krimen, limang magkakaibang mga uri ang maisasaalang-alang: (1) mga krimeng pormal; (2) mga krimeng nagiging ganap sa pamamagitan lamang ng pagtatangka o pagpapanukala o sa

212. Carreon v. Flores, 64 SCRA 238 (1975).

213. People v. Ignacio, (C.A.) 56 O.G. 5189 (1960).

214. Binanggit na halimbawa sa People v. Balmores, 85 Phil. 493 (1950).

215. KODIGO PENAL.

pamamagitan ng panlabas na kagagawan; (3) mga krimen ng pagkukulang o pagkaligta; (4) mga krimeng nangangailangan ng pamamagitan o pakikibahagi ng di-kukulangin sa dalawang tao, na nagiging ganap sa mismong pagkakasundo nila; at (5) mga krimeng materyal. Kaugnay sa paksang ito, dapat ding maisaalang-alang ang dalawa pang kaurian na tumutukoy sa mga imposibleng krimen at mga krimeng pinarurusahan sa ilalim ng mga pasadya o ispesyal na batas. Hindi mailalapat ang mga tuntuning ito sa mga di-sinasadyang krimen.

1. Mga Krimeng Pormal

Nagiging ganap ang mga krimeng pormal sa isang saglit o iglap lamang ng pagsasagawa nito kung kaya wala itong maituturing na pagtatangka. May mga krimen, tulad ng paninirang puri at bulaang pagsaksi, na nagiging ganap kaagad, sa pamamagitan lamang ng iisang kagagawan. Bilang panuntunan, hindi maaring magkaroon ng pagtatangkang isagawa ang isang pormal na krimen sapagka't, sa ganitong pagkakataon, walang namamagitan sa isip at gawa na nagsisilbing tanikala o pagkakasunud-sunod ng mga kagagawan na maaaring ibukod o maihiwalay sa isa't isa ang kaugnayan. Kaya naman, sa paninirang-puri, maaaring may krimeng naganap o walang krimen talaga, depende kung binigkas sa madla o hindi ang mapanirang pahayag.

2. Mga Krimen ng Pagtatangka

Mayroon namang mga krimeng nagiging ganap sa pamamagitan lamang ng basta pagtatangka o pagpapanukala o sa pamamagitan ng nag-iisa o di-nahahating panlabas na kagagawan. Unang mababanggit sa mga ito ang krimeng pagpuga sa bansa ng kalaban sa panahon ng digmaan, sa ilalim ng Artikulo 121,[216] kung saan bumubuo ng isang ganap na krimen ang basta pagtatangkang pumuga sa isang bansang kalaban. Ganito rin ang uri ng krimeng pagpapasama sa isang kulang-gulang (menor-de-edad), sa ilalim ng Artikulo 340,[217] kung saan sapat na ang basta pagpapanukala sa isang kulang-gulang na bigyang-kasiyahan ang kamunduhan ng iba upang maging ganap ang krimen ng salarin. Wala ring tinangkang antas ang krimeng pagtataksil sa bayan, dahil sapat na ang mismong pagtatangka upang maging ganap ang krimen.[218]

May mga pagkakataon na, dahil sa kalikasan o paraan ng pagsasagawa sa krimen, hindi ginagawa sa pamamagitan ng kilos ng katawan o gawang pisikal ang mga panlabas na kagagawang maiuugnay sa pagsasakatuparan nito. Halimbawa, isang kagagawang panlabas na maiuugnay sa krimeng korupsiyon

216. KODIGO PENAL.

217. *Id.*

218. 63 CORPUS JURIS, Treason § 5.



ng o pagpapasama sa isang opisyal ng bayan[219] ang basta pagmumungkahi na binubuo ng pag-aalok ng salapi sa isang opisyal ng bayan upang suhulan ito.

3. Mga Krimen ng Pagkukulang o Pagkaligta

Hindi naman maaaring magkaroon ng pagtatangkang antas kapag nangyari ang krimen sa pamamagitan ng pagkukulang o pagkaligta dahil sa ganitong uri ng pagkakasala, hindi nagsasagawa ng ano man ang salarin. Dapat lamang ibahin ang pangkat na ito doon sa kinapapalooban ng sinadyang pagkukulang o pagkaligta, gaya ng pagpatay sa isang bata sa pamamagitan ng paggutom sa kanya, na isang krimen ng kagagawan kung tutuusin bagama't tila isang pagkukulang o pagkaligta sa unang tingin.

4. Mga Krimen ng Pagkakasundo

Sa mga krimeng katulad ng pagpupusta sa mga paligsahan at pagpapasama sa isang opisyal ng bayan, sa ilalim ng mga Artikulo 197 at 212,[220] na nangangailangang mamagitan o makibahagi ang di-kukulangin sa dalawang tao upang maisagawa, nagiging ganap ang krimen sa sandali lamang ng kanilang pagkakasundo. Sa isang kaso, kung saan tinanggap ng isang pulis ang isang pumpon ng perang papel na nagkakahalaga ng P500, sa layuning gamitin ito bilang katibayan sa pag-uusig sa nasakdal sa salang tinangkang pagpapasama sa isang opisyal ng bayan, ipinasyang nagkasala ang nasakdal nang dahil sa pagbigay ng pera.[221] Sapat upang bumuo ng isang tinangkang krimen ang pag-alok na ginawa ng isang panig sa kabilang panig kahit na tinanggihan ng huli ang alok.[222]

5. Mga Krimeng Materyal

Kadalasang tatlo ang mga antas ng pagsasakatuparan na maaaring daanan ng mga tinaguriang krimeng materyal. Hindi nagiging ganap sa isang saglit o sa pamamagitan lamang ng iisang kagagawan ang homisidyo at iba pang krimeng nabibilang sa pangkat na ito. Sa mga ganitong uri ng krimen naaangkop at

219. U.S. v. Gloria, 4 Phil. 341 (1905).

220. KODIGO PENAL.

221. U.S. v. Te Tong, 26 Phil. 453 (1913).

222. U.S. v. Gloria, 4 Phil. 341 (1905). Sa People v. Ng Pek, 81 Phil. 562 (1948) tinanggihan ng Kataas-taasang Hukuman ang mungkahi ng Punong Abugado na uriing nabigo ang krimen at ipinasyang kapag napatunayang talagang nag-alok at nagbigay ang nasakdal ng salapi sa isang pulis, at tinanggihan ito ng huli, nasa pagtatangka lamang ang krimen. Batay ang pasya sa U. S. v. Paua, 6 Phil. 740 (1906); U. S. v. Camacan, 7 Phil. 329 (1907); U. S. v. Tan Gee, 7 Phil. 738 (1907); U. S. v. Sy-Suikao, 18 Phil. 482 (1911); at U. S. v. Te Tong, 26 Phil. 453 (1913).

mailalapat ang mga katadhanaan ng Artikulo 6.[223] Ganap ang isang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kapag dumadalo ang lahat ng mga sangkap na kinakailangan sa pagsasagawa at pagsasakatuparan nito. Bigo ang isang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal kapag nasimulan na ng salarin ang lahat ng mga kagagawang naglalayong magbunga ng krimen nguni't hindi pa rin nagbunga nito dahil sa mga sanhing naiiba at hiwalay sa niloloob ng nagsasagawa. May pagtatangka kung nakapagsimula na ang salarin sa tuwirang pagsasagawa ng isang krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal sa pamamagitan ng panlabas na mga kagagawan, nguni't hindi niya naisagawa ang lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan ng krimen dahil sa sanhi o sakunang bukod sa kanyang sariling kusang-loob na pagtitimpi.

### B. *Landas Ng Pagsasakatuparan Ng Krimen*

Mula sa sandaling naisip ng isang salarin ang pagsasagawa ng isang krimen hanggang sa lubusang katuparan nito (*iter criminis*), nagdaraan ang kanyang kagagawan sa ilang antas: (1) panloob na kagagawan at (2) panlabas na kagagawan. Hindi pinarurusahan ang mga panloob na kagagawan, o saloobin, tulad ng mga ideya o bungang-isip sa isipan ng isang tao, kahit na naging mga krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal sana ang mga ito kung naisakatupan o maisasakatuparan lamang.

#### 1. Panloob na Kagagawan

Hindi hihigit na krimen ang bastang layunin na hindi nagbubunga ng ano man kaysa sa bastang bunga na walang namang layunin. Kinakailangan ang pagtatambalan ng layunin at kinahinatnan sa pagsasaalang-alang ng pinarurusahang kagagawan. Kaya naman, kung isang tao ang sumanib, sa paghahangad na magsagawa ng pagtataksil sa bayan, sa isang pangkat ng mga taong sandatahan, sa paniniwalang mga Makapili sila, samantalang mga gerilyero pala sa katunayan, hindi mananagot sa salang pagtataksil sa bayan ang naturang tao, sa kabila ng nasabing hangarin.[224]

223. KODIGO PENAL, Art.6. *Mga ganap, bigo, at tangkang delito.* - Pinarurusahan hindi lamang ang mga naganap na delito, kundi pati na rin yaong mga nabigo at tinangka.

Nagiging ganap ang isang delito kapag dumadalo ang lahat ng mga sangkap na kinakailangan sa pagsasagawa at pagsasakatuparan nito; nagiging bigo ito kung sinimulan ng salarin ang pagsasagawa ng lahat ng mga kagagawang dapat sanang magbunga ng delito datapwa't, hindi pa rin nagbunga nito nang dahil sa mga sanhing bukod sa niloloob ng nagsasagawa.

May pagtatangka kung tuwirang sinimulan ng salarin ang pagsasagawa ng isang delito sa pamamagitan ng panlabas na mga kagagawan, datapwa't hindi niya naisagawa ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan nito upang magbubunga sana ng delito nang dahil sa sakuna o sanhing bukod sa kanyang sariling kusang-loob na pagtitimpi.

224. ALBERT, REVISED PENAL CODE (1932).



#### 2. Kagagawang Panlabas

Binubuo ang mga kagagawang panlabas na tinutukoy sa Artikulo 6 ng: (a) mga kagagawan sa paghahanda (*preparatory acts*; *hechos preparatorios*) at (b) mga kagagawan sa pagsasakatuparan (*acts of execution*; *hechos de ejecucion*). Sa teorya ng Binagong Kodigo Penal, hindi karaniwang pinarurusahan ang mga kagagawan sa paghahanda. Kaya naman, kadalasang hindi pinarurusahan ang pagpapanukala at pakikipagsabwatang magsagawa ng isang krimen, matangi lamang kung nagtatadhana ang batas ng kaparusahan sa mga ito sa ilang mga piling pagkakataon.[225]

##### i. Kagagawan sa Paghahanda

Pinarurusahan ang mga kagagawan sa paghahanda sa mga pagkakataon lamang kung kailan itinuturing ng batas bilang hiwalay na mga krimen ang mga ito. Halimbawa nito ang pagtataglay ng pansungkit ng kandado (ampay-kaban) o mga katulad na kasangkapan, na pinarurusahan sa ilalim ng Artikulo 304.[226]

Ang iba pang mga halimbawa ng mga kagagawan sa paghahanda ay: (1) pagbili ng lason o pagdadala ng sandatang layong gamiting kasangkapan sa pagpatay; (2) pagdadala ng mga sangkap na nagniningas sa pook na kinaroonan ng bahay na susunugin, atbp. Subali't walang dapat panagutan ang isang tao sa pagsasagawa ng nasabing mga paghahanda, sa salang tinangkang homisidyo o tinangkang panununog, dahil ni hindi pa bumubuo ang mga ito ng kahit na una o panimulang antas man lamang ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng nasabing mga krimen. Pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang mga kagagawan lamang na matatagpuan sa alin mang antas ng pagsasakatuparan ng isang krimen na binabanggit sa Artikulo 6: yaong naganap, nabigo o tinangka.

##### ii. Mga Kagagawan sa Pagsasakatuparan

Ang tinatawag na panlabas na kagagawan ay isang kilos o asal ng katawan na nagpapahiwatig ng layuning magsagawa ng isang krimen. Higit pa ito sa payak na pagbabalak o paghahanda lamang. Makatwiran at di-maiiwasang mauwi sa isang kongkretong paglabag ang kilos o asal kung pararatingin sa ganap na katapusan nito ayon sa likas na kalakaran ng mga pangyayari, nang hindi binibigo ng ano mang panlabas na sagabal o ng kusang-loob na pagtigil ng nagsasagawa. Hindi mahahatulan ang nasakdal sa salang tinangkang homisidyo nang dahil lamang sa kilos na napakakabilanin at maaaring mabigyan ng iba't ibang kahulugan, gaya ng paglalagay ng kanyang kamay sa kanyang baril, na nakasukbit noon sa kanyang baywang. Hindi masasabi nang buong katiyakan na makatwiran at di-maiiwasang humantong o magbunga ng isang

225. KODIGO PENAL, art.8.

226. KODIGO PENAL.

kongkretong paglabag ang pagtatangka ng nasakdal na bunutin ang kanyang baril, kung hindi naagapan at hinayaang maganap o matuloy sa ganap na katapusan nito alinsunod sa likas na kalakaran ng mga pangyayari, sapagka't maaari pa ring mangyari, ano mang sandali sa panahong nasa subhetibong antas pa lamang ang krimen, na kusang-loob na magtitimpi o magpipigil ang nasakdal mula sa pagsasagawa ng lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan nito at kung gayon nga ang nangyari, lubos itong magliligtas sa kanya mula sa ano mang saguting kriminal kaugnay sa salang kanyang nilalayon sanang isagawa.[227]

*C. Mga Antas ng Pagsasakatuparan ng Krimen*

Sa pagsasagawa ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng isang krimen, maaaring abutin lamang ng salarin ang una o ikalawang antas. Sa alin mang mga pagkakataong ito, hindi niya nalilikha ang krimeng kaniyang hinahangad na isagawa. Subali't pananagutan niya ang isang tinangkang krimen (*tentativa*) o ang isang nabigong krimen (*delito frustrado*).[228]

1. Pagtatangka

May pagtatangka kung sinimulan ng salarin ang tuwirang pagsasagawa ng isang krimen sa pamamagitan ng mga panlabas na kagagawan. Hindi niya dapat maisagawa ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan na magbubunga sana ng isang krimeng nilalayon.

i. Simula ng Tuwirang Pagsasagawa

Dapat ituring na nasimulan na ng salarin ang tuwirang pagsasagawa ng isang krimen sa pamamagitan ng mga panlabas na kagagawan kapag matatagpuan ang sumusunod na mga sangkap na pangyayari: (1) dapat magkaroon ng mga kagagawang panlabas; at (2) dapat magkaroon ng tuwirang kaugnayan ang gayong mga kagagawang panlabas sa krimeng nilalayong isagawa.

a. Kagagawang Panlabas

Hindi panlabas na kagagawang maiuugnay nang piho sa homisidyo ang pagtataas ng itak na anyong ipapalo, kundi isang pagbabanta lamang sa pamamagitan ng isang sandata,[229] dahil nagawa lamang ng nasakdal na itaas ang

227. People v. Tabago, et al., (C.A.) 48 O.G. 3419 (1952).

228. Sa ipinanukalang Kodigo ng mga Krimen ng 1954, iminungkahing alisin na ang pag-iiba sa tinangka at nabigong antas ng pagsasakatuparan, sa dahilang bukod sa hindi na umano ito kinikilala ng higit ng nakararaming nga kodigong pamarusa sa mundo, naging napakaselan at malabo na ng pagkakaguhit ng kanilang kaibhan kung kaya nagsasalungatan ang mga naging kapasyahan ng hukuman kaugnay dito sa ilang mga kaso.

229. KODIGO PENAL, art. 285 (1) (1932).



kanyang itak, sa anyong ipapalo ito o isasaksak sa nasaktang panig. Kung inihataw ang itak at may hangaring pumatay ang nasakdal, magiging isang panlabas na kagagawang maiuugnay sa homisidyo ang gawang paghataw ng itak sa nasaktang panig.[230]

b. Tuwirang Kaugnayan

Dapat tutusin ang layunin ng nasakdal mula sa kalikasan ng mga kagagawang isinakatuparan niya, at hindi ito dapat ibatay sa kanyang inaamin. Matutunghayan ang layunin ng nasakdal mula sa mga pangyayari at, kung gayon, kinakailangan na magawa ng pag-iisip na tuwirang mahinuha mula rito ang layunin ng salarin na lumikha ng isang tiyak na pinsala. Samakatwid, hindi dapat tanggapin bilang batayan ng hatol na may tinangkang krimen, ang mga kagagawang maaaring mabigyan ng iba't ibang pagpapakahuluhgan, maging pabor man o laban sa nasakdal, na maaaring magpakita ng kawalang-sala o kaya'y isang pinarurusahang kagagawan.[231]

Kapag hindi matiyak ang layunin ng salarin sa pagsasakatuparan ng isang kagagawan, tinatagurian ang gayong paglabag na isang *indeterminate offense* o di-mapihong paglabag. Alanganin ang kalikasan ng kagagawan kung iuugnay sa layunin. Kung isang madaling-araw, nasumpungan ng isang pulis ang nasakdal na nasa akto ng paggawa ng isang daanan sa pamamagitan ng isang barang bakal sa dingding ng isang tindahan ng mumurahing kalakal, maaaring magnakaw, manugat sa katawan ng mga naninirahan doon, o gumawa ng iba pang paglabag ang dulong layunin ng salarin kung nagtagumpay siya sa pagpasok sa tindahan. Sa ganitong pagkakataon, walang makatarungang batayan upang mahatulang nagkasala ang salarin ng krimeng pagnanakaw. Subali't mayroon nang tinangkang paglabag sa tahanan, dahil malinaw na ipinakikita ng kanyang paglikha ng madaraanan sa dingding ang gayong hangarin na makapasok sa tindahan nang labag sa kalooban ng may-ari nito na naninirahan doon.[232]

Sa mga pagkakasalang hindi naganap, dahil nagkukulang sa pinsalang materyal, hindi matitiyak nang lubos ang kalikasan ng kagagawang nilalayon, kaya dapat itong tignan mula sa kalikasan ng mga kagagawang naisakatuparan.[233] Hindi pinarurusahan ang mga kagagawang panlabas na humahantong sa pagsasagawa ng paglabag maliban kung tuwirang nakatuon ang mga ito sa pagsasakatuparan ng paglabag at, kung gayon, kinakailangang magkaroon ang mga ito ng agaran at di-maiiwasang kaugnayan sa paglabag.[234]

230. U.S. v. Simeon, 3 Phil. 688 (1904).

231. People v. Lamahang, 61 Phil. 703 (1935).

232. *Id.*

233. 1 ALEJANDRO GROIZARDO, EL CODIGO PENAL DE 1870 99 (1911).

234. 1 VIADA, CODIGO PENAL 47.

1) Kagagawang Kinakailangan Nguni't Hindi Naisagawa

Kung naisagawa na ng salarin ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng krimen — wala nang kailangan pang gawin — umaabot na ang antas ng pagsasakatuparan sa isang nabigong krimen kung hindi pa rin naganap ang krimen; o ng isang naganap na krimen, kung ibinunga nito ang krimeng nilalayon. Kung mayroon pang ano man na kinakailangan niyang gawin, nagiging pagtatangka lamang ang krimen.[235] Kaya naman, kapag nagawa na ng nasakdal na sumira ng isang tabla at bumaklas ng isa pa mula sa dingding, sa layuning makapasok sa tahanan ng iba, nguni't natutop siya at nadakip ng isang pulis, bago pa man siya makapagsimulang pumasok sa pamamagitang ng daanang nilikha niya sa gayong paraan, isang pagtatangkang paglabag sa tahanan lamang ang krimeng nagawa, dahil mayroon pang ibang bagay na kinakailangan niyang gawin, at iyan ang pagsisimula sa pagpasok sa tahanan sa pamamagitan ng nasabing daanan upang maisagawa ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan nito.

2) Kawalan ng Kusang-loob na Pagtitimpi o Pagpigil sa Sarili

Sa tinangkang krimen, hindi naisagawa ng salarin ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng krimen. Hindi niya naisasagawa ang huling kagagawang kinakailangan upang magbunga ng krimeng nilalayon. Sinimulan pa lamang niya ang tuwirang pagsasagawa ng isang krimen sa pamamagitan ng mga panlabas na kagagawan. Kung hindi naisagawa ng nasakdal ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng krimen dahil sa kanyang kusang-loob na pagtitimpi o pagpipigil sa sarili, walang tinangkang krimen. Hindi siya pinarurusahan ng batas, bilang gantimpala ng batas sa mga taong pinakinggan ang tawag ng kanilang budhi at nagbalik sa landas ng matwid pagkatapos makatapak sa bingit ng isang krimen.[236] Subali't maaaring dala lamang ng takot o ng pagsisisi ang ginawang pagtitimpi, pagtigil o pagpipigil.[237]

Ang uri ng pagtigil o pagtitimpi na isinasaalang-alang ay tumutukoy sa krimeng nilalayong isakatuparan, at wala itong kaugnayan sa mismong krimeng nagawa ng salarin bago pa man nangyari ang kanyang pagtigil o pagtitimpi. Kung pinaputukan ng salarin ng kanyang baril ang biktima, nang may hangaring pumatay, nguni't hindi naman tinamaan ang huli, at nag-umiyak ang biktima at nagmakaawang huwag nang muling babarilin ng salarin at, sa gayong pagkakataon, tumigil naman ang salarin sa muling pagbaril sana sa biktima, matatagpuang may saguting kriminal pa rin ang salarin, hindi dahil sa pagtatangkang homisidyo sapagka't maliwanag namang tumigil siya nang kusang-loob bago pa man niya naisagawa ang lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan sa krimeng homisidyo, kundi dahil naging ganap na ang krimen ng malubhang pananakot nang tumigil siya sa kanyang ginagawa. Sa krimeng homisidyo, hindi pa nagagawa ng salarin ang lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan ng kanyang nilalayon kapag hindi pa siya nakalilikha ng isang nakamamatay na panunugat. Sa naunang pagsasalarawan, mapapansin na hindi man lamang nasugatan ng salarin ang biktima.[238]

Ligtas din sa ano mang pananagutang kriminal ang isang taong nakibahagi sa mga pagbabalak kaugnay ng isang kagagawang kriminal nguni't kusang-loob namang tumigil o nagtimpi mula sa ano mang pakikibahagi sa mismong pagsasagawa nito, maaring dahil sa pakikinig sa tawag ng kanyang budhi.[239]

3) Maibubukod na Sanhi o Sakuna

May tinatawag na subhetibo o panloob na baitang ang isang krimen. Ang pagsasakatawan naman nito sa mundo, sa ibayo ng kanyang kapangyarihan o kakayahang pigilin pa ang pamiminsala nito, ang siyang tinatawag na obhetibo o panlabas na baitang. Samakatwid, ang bahagi ng mga kagagawang bumubuo sa krimen, magbuhat sa punto kung saan sinisimulan ng salarin ang pagsasagawa ng krimen hanggang sa punto kung saan taglay pa niya ang kakayahang pigilin ang kanyang mga gawa o ang pamiminsala nito, kalakip na ang likas na kalakaran ng gayong mga kagagawan, ang tinutukoy na subhetibong baitang ng paglabag. Sa isang tinangkang krimen, hindi kailan man tumatawid ang salarin sa subhetibong baitang ng paglabag. Kung sa pagitan ng nasabing dalawang mga punto, pinatigil ang salarin ng ano mang dahilang bukod sa kanyang kusang-loob na pagpipigil o pagtitimpi, hindi pa tinatawid ang subhetibong baitang at isa lamang pagtatangka ang nagawa. Kung hindi siya napatigil sa gayong paraan, kundi nakapagpatuloy pa hanggang sa maisagawa niya ang huling kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng krimen, hahantong ito sa pagkabigo sa pasubaling hindi nalikha ang krimen.

2. Pagkabigo

Sumusunod ang mga sangkap ng isang nabigong krimen: (1) naisagawa ng salarin ang lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan sa krimen; (2) magbubunga ng krimeng nilalayon ang lahat ng mga kagagawang naisakatuparan; (3) hindi talaga nagbunga ng nilalayong krimen ang nasabing

235. U.S. v. Eduave, 36 Phil. 209 (1917).

236. VIADA, CODIGO PENAL 35-36.

237. People v. Pambaya Bayambao, 60 Phil. 1022 (1928). Hindi kailangang pinakilos ng mabuting hangarin ang gumagawa nito. Hinihingi lamang ng Kodigo na manggaling ang paghinto ng krimen mula sa taong nagpasimula nito, at sarili niyang malayang kalooban ang dahilan ng gayong paghinto. ALBERT, REVISED PENAL CODE (1932).

238. Higit na maliwanag ang kaso ng matinding pananakot kung naitututok lamang ang baril at saka sinundan ng pagtitimpi; nguni't hindi ganoon kung nakapagpaputok na ng baril, nang may hangaring pumatay. Pagputok ng baril, nang may hangaring pumatay, mayroon nang tinangkang homisidyo kahit, o dahil, hindi nakasapul ang pinawalang punglo.

239. People v. Villacorte, 55 SCRA 640 (1974).

mga kagagawan; at (4) mga sanhing bukod sa niloloob ng salarin ang dahilan ng gayong pagkabigo.[240] Samakatwid, sa isang nabigong krimen, dapat na naisagawa na ng salarin ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng nilalayong krimen. Wala nang dapat matira na kinakailangang gawin pa ng salarin, dahil kanya nang naisagawa ang pinakahuling kagagawan na magbubunga ng krimen. Ang sangkap na ito ang bumubuo ng malayong kaibhan ng nabigong krimen mula sa tinangkang krimen. Bukod, sa nabigong krimen, walang panghihimasok ng isang panlabas na sanhi o kapangyarihan na namamagitan sa pagsisimula ng pagkaganap ng krimen at sa sandali kung kailan naisagawa na ang lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan ng isang ganap na krimen; samantalang sa tinangkang krimen, walang gayong panghihimasok ng panlabas na sanhi o kapangyarihan at hindi nararating ng salarin ang dulo o katapusan ng pagsasagawa ng lahat ng mga kagagawang magsasakatuparan sa krimen. Natitigilan siya bago pa man marating ang puntong iyon ng kung anong kadahilanang bukod sa kanyang kusang-loob na pagtitimpi.[241]

3. Pagkaganap

Nagiging ganap ang isang krimen kapag dumadalo ang lahat ng mga sangkap na kinakailangan sa pagsasakatuparan at ikatatamo nito.[242] May sariling mga sangkap ang bawat krimen na dapat umiral upang mabuo ang isang mapagkamaling paglabag sa isang panuntunan ng batas. Kapag may dalawa o mahigit pang bilang ng mga sangkap ang isang krimen at hindi napatunayan ang isa man lamang sa mga ito sa panahon ng paglilitis, maaaring (1) hindi naipakitang naganap ang isang krimen, o (2) hindi napatunayang naisagawa ang isang krimen, o (3) ibang krimen ang napatunayang naisagawa.[243]

240. Pinagsama ang mga ito sa dadalawang kalagayan lamang sa People v. Orita, G.R. No. 88724, (3 Abr. 1990): (1) naisakatuparan na ng salarin ang lahat ng mga kagagawan sa pagsasakatuparan na magbubunga ng nilalayong krimen; at (2) hindi pa rin nagbunga ang mga ito ng nilalayong krimen nang dahil sa mga sanhing maibubukod sa kalooban ng salarin.

241. *Id.*

242. Pansinin ang mahahalagang mga salita at parirala sa Artikulo 6, ikalawang talataan na tumutukoy sa "lahat ng mga sangkap" na kinakailangan sa pagsasakatuparan at ikatatamo nito ay "naroroon."

243. Sa pag-uusig ng krimeng sapilitang pagtatanan o abduksyon, sa ilalim ng Art. 342 ng KODIGO PENAL maaaring matagpuang nagkasala ang nasakdal ng krimeng pagkidnap at malubhang pagpigil o pagpipiit nang labag sa batas sa ilalim ng Art. 267 ng KODIGO PENAL, o ng ibang krimen, batay sa pag-iral o kawalan ng patunay kaugnay sa mga sangkap na bumubuo sa naturang krimen.



*D. Masalimuot na Pagtatalaban ng Antas Kaugnay ng Iba't Ibang Krimen*

Sa pag-uusig kaugnay ng homisidyo, kung saan isang sangkap ng krimen ang pagkamatay ng biktima, kung wala naman ang nasabing sangkap dahil hindi namatay ang biktima, hindi nagiging ganap ang krimen; maaring nabigo o tinangka lamang ito. Sa pagkuha ng personal na ari-arian ng iba, kapag wala ang sangkap na hangaring makinabang sa panig ng taong kumuha niyon, hindi nagiging ganap ang krimeng pang-uumit. Sa pag-uusig kaugnay ng krimeng estapa o panlilinlang sa ilalim ng Artikulo 315,[244] kung hindi mapatunayan ang sangkap na panlilinlang o pagmamalabis sa pagtitiwala, walang krimen. Maaaring magkaroon lamang ng pananagutang sibil. Nguni't kung ang sangkap na kapinsalaan lamang ang hindi napatunayan, maaaring matagpuan pa ring nagkasala ang nasakdal ng tinangka o nabigong estapa. Kaya naman, dapat na umiiral ang lahat ng mga sangkap ng krimeng dahilan ng pag-uusig sa nasakdal upang magkaroon ng sapat na batayan upang mapanagot siya sa ganap na pagsasagawa nito. Sa pangkalahatan, kung gayon, dapat isaalang-alang ang sumusunod na salik sa pagtutuos kung tinangka lamang o nabigo o lubusang naging ganap ang krimen: (1) ang kalikasan ng krimen; (2) ang mga sangkap na bumubuo sa krimen; at (3) ang paraan ng pagsasagawa nito.

*E. Walang Antas ng Pagsasakatuparan sa Imposibleng Krimen*

Walang tinangka o nabigong imposible ng krimen. Sa imposibleng krimen, nakapagsagawa na ang taong naglalayong magsagawa ng isang krimen ng lahat ng mga kagagawang kinakailangan upang maisakatuparan ito, nguni't hindi pa rin nagbubunga nito nang dahil sa likas na pagkaimposible o dahil sa kakapusan o kawalan ng bisa ng pamamaraang ginamit.[245] Kaya naman, dahil nakagawa na ang salarin sa imposibleng krimen ng lahat ng mga kagagawang kinakailangan sa pagsasakatuparan nito, hindi na maaaring magkaroon pa ng pagtatangka o pagkabigo nito. Sa tinangkang krimen, hindi naisasagawa ng salarin ang lahat ng mga kagagawang kinakailangan upang maisakatuparan ang krimen. Gayon din, hindi maaaring magkaroon ng isang nabigong imposibleng krimen, dahil sapat na sana ang mga kagagawang naisakatuparan ng salarin upang maging isang ganap na krimen. Sa kabilang dako naman, hindi maaaring magkaroon ng nabigong krimen nang dahil sa kapos o di-mabisang paraan, sapagka't kung naisakatuparan naman ng salarin ang lahat ng kagagawang dapat sanang magbunga ng nilalayong krimen, magkakaroon ng isang imposibleng krimen sa pasubaling laban sa kapwa tao o sa ari-arian ng iba ang nilalayong krimen. Samakatwid, mailalagay ang gayong uri ng pagkabigo sa katulad na katangian ng imposibleng pagtatangka o imposibleng krimen.[246]

244. KODIGO PENAL.

245. *Tignan* KODIGO PENAL, art. 59.

246. ALBERT, REVISED PENAL CODE (1932).

Kung gayon, maaari nang tukuyin ang kaibhan ng nabigo at tinangkang krimen sa imposibleng krimen ayon sa sumusunod na paglalagom: (1) sa tinangka, nabigo at imposibleng krimen, pawang hindi natutupad ang masamang hangarin ng salarin; (2) nguni't samantalang sa imposibleng krimen, hindi talaga maisasakatuparan ang masamang hangarin ng salarin, sa tinangka o nabigong krimen naman, maaari sanang matupad ang masamang hangarin ng salarin; (3) sa imposibleng krimen, hindi maisasakatuparan ang masamang hangarin ng salarin nang dahil sa likas na pagkaimposible nito o dahil sa paggamit ng salarin ng kapos o di-mabisang paraan; sa tinangka o nabigong krimen naman, ang pamamagitan ng ano mang sanhi o sakunang nangyari nang walang pakikibahagi ng salarin ang pumigil sa pagsasakatuparan nito.

### *F. Kadalasang Walang Antas ng Pagsasakatuparan sa Ilalim ng Pasadyang Batas*

Kaugnay sa mga krimeng pinarurusahan ng pasadya o ispesyal na batas, nagiging ganap ang krimen minsang naisagawa ang ipinagbabawal o di-nagampanan ang ipinag-uutos nito. Sa kabilang dako, kadalasang hindi pinarurusahan ang pagtatangka o pagkabigo,[247] maliban na lamang kung sadyang nagtatadhana ang ispesyal na batas ng kaparusahan para sa ganitong mga antas ng pagsasakatuparan.[248] Sa krimeng labag-sa-batas na pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot, itinuturing na ganap ang krimen minsang napatunayang nagkaroon ng ugnayang pagbebentahan.[249] Kaya naman, ipinasyang nangangailangan lamang ng pagkaganap ng ugnayang pagbebenta ang pagsasakatuparan ng salang labag-sa-batas na pagbebenta ng marijuana.[250]

### *G. Hindi Mailalapat ang Tuntunin Kaugnay ng Antas ng Pagsasakatuparan sa mga Krimen ng Pagkakamali*

Hindi mailalapat ang mga panuntunan ng Artikulo 6, kaugnay ng antas ng pagsasakatuparan ng krimen, sa mga krimen ng pagkakamali o di-sinasadya, dahil nagpapalagay ito ng hangarin at liban ang hangarin sa mga kagagawang hindi sinasadya, bagama't kusang loob na naisagawa.

## IV. PAGPAPANUKALA AT PAGSASABWATANG MAGSAGAWA NG KRIMEN, AT IBA PANG ANYO NG PAKIKIBAHAGI SA KRIMEN

Dalawang magkakaibang kagagawan o krimen, sa kaukulang mga pagkakataon, ang pagsasabwatan at pagpapanukala: (1) pagsasabwatang magsagawa ng krimen; at (2) pagpapanukalang magsagawa ng krimen. Ayon sa Artikulo 8,[251] may umiiral na pagsasabwatan kapag nagkasundu-sundo ang dalawa o mahigit pang bilang ng mga tao kaugnay sa pagsasagawa ng isang krimen at nagpasya silang isagawa ito.[252] Ang pagsasagawa ng isang kagagawan o pagkukulang na pinarurusahan ng batas ang layunin ng mga nagsasabwatan. Kailangan ang pagsang-ayon nila sa pagsasagawa ng isang kamalian, at ito dapat ang kanilang hangarin.[253] Nagkakaroon naman ng pagpapanukala kapag nagmungkahi sa ibang tao o mga tao ang isang taong nakapagpasya nang magsagawa ng isang krimen kaugnay ng pagsasagawa nito. Kapag sinang-ayunan ang pagpapanukala, nagkakaroon ng pagsasabwatan dahil sa pag-iral ng nagkakaisang hangaring kriminal.

### *A. Pagpapanukalang Magsagawa ng Krimen*

Sumusunod ang mga sangkap ng pagpapanukala: (1) isang tao ang nagpasyang magsagawa ng krimen; at (2) kanyang ipinanukala sa ibang tao ang pagsasakatuparan ng krimen. Bubuo na rin ng isang pagsasabwatan kapag tinanggap o sinang-ayunan ang isang panukalang magsagawa ng pagnanakaw.[254] Bagama't walang kakayahang maging krimen sa ibang pagkakataong hindi naman sadyang itinatadhana ng batas, maaaring maging panlabas na kagagawan sa krimeng pagpapasama sa isang opisyal ng bayan ang payak na pagpapanukala. Sa katunayan, bumubuo ng pagtatangka ang ginawang pagpapanukala. Ipinasyang isang pagtatangkang magsagawa ng krimeng panunuhol ang naturang pag-aalok ng suhol.[255]

Dapat ibahin ang panghihikayat sa paniniwala, pagtataguyod o pagtangkilik ng kaisipan, mula sa pinarurusahang pagpapanukala. Hindi pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal ang pagtataguyod ng kaisipang kumunista dahil hindi naman saklaw ng batas sa krimen ang paniniwala ng isang tao. Habang hindi isinasalin sa labag-sa-batas na pagkilos, isa lamang itong saloobin na hindi

247. U.S. v. Lopez Basa, 8 Phil. 89 (1907); *tignan din* Navarra v. People, 96 Phil. 851 (1955).

248. People v. Jolliffe, 105 Phil. 677 (1955); *tignan din* People v. Lim Ho, et al., 106 Phil., 887 (1955) at People v. Tan Co, 108 Phil. 667 (1960).

249. People v. Santiago, 206 SCRA 733 (1992).

250. People v. Marcos, 185 SCRA 154 (1990).

251. KODIGO PENAL, Art. 8. *Pagsasabwatan at pagpapanukalang magsagawa ng krimen.* — Pinarurusahan lamang ang pagsasabwatan at pagpapanukalang magsagawa ng delito sa mga pagkakataong sadyang nagtatadhana ang batas ng parusa sa mga ito.

May pagsasabwatan kung nagkasundu-sundo ang dalawa o mahigit pang bilang ng mga tao kaugnay sa pagsasagawa ng isang delito at nagpasyang isagawa ito.

Nagkakaroon ng pagpapanukala kapag nagmungkahi sa ibang tao o mga tao ang isang taong nakapagpasyang magsagawa ng isang delito ng pagsasagawa nito.

252. People v. Pacana, 218 SCRA 657 (1993); Siton v. Court of Appeals, 204 SCRA 473 (1991); People v. Arroyo, 201 SCRA 616 (1991); People v. Alonzo, 73 SCRA 483 (1976).

253. People v. Pudpud, 39 SCRA 618 (1971).

254. People v. Garillo, 84 SCRA 537 (1978).

255. U.S. v. Gloria, 4 Phil. 341 (1905). "Pagpapasama sa isang opisyal ng bayan" ang wastong tawag sa krimeng nagawa, na pinarurusahan sa ilalim ng Art. 212, hindi Art. 210 ng KODIGO PENAL. Ang Art. 212 ang mailalapat sa mga pribadong indibidwal, samantalang mailalapat lamang ang Art. 210 sa mga opisyal ng bayan.

maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng saguting kriminal kahit man itinuturing na diwang masama o mapanganib sa tinatawag nitong naghaharing uri.[256]

*B. Pagsasabwatang Magsagawa ng Krimen*

Masasabing may dalawang pagkakataon na maaaring sangkapan ng pagsasabwatan: (1) yaon kung saan may pagsasabwatang magsagawa ng krimen; at (2) yaon kung saan isang paraan ng pagsasagawa ng krimen ang pagsasabwatan. Kapwa may pagkakasundo sa mga pagkakataong ito, nguni't hindi sanhi ng pagkakaroon ng saguting kriminal ang pagsasabwatan sa unang pagkakataon, maliban na lamang kung sadyang pinarurusahan ito ng batas, samantalang sa ikalawang pagkakataon naman, dahilan ang pagsasabwatan ng pagkakaroon ng saguting kriminal. Bukod dito, sa unang pagkakataong nabanggit, sapat na ang pagkakasundo upang magkaroon ng saguting kriminal kapag pinarurusahan ito, samantalang sa ikalawang pagkakataon, kinakailangang magkaroon pa ng mga panlabas na kagagawang magsasakatuparan ng layuning kriminal na isinagawa ng mga magkakasabwat.[257]

1. Paraan ng Pagsasagawa ng Krimen

Sa teoryang kinasasalalayan ng Binagong Kodigo Penal, hindi pa bumubuo ng krimen ang basta pagsasabwatan, matangi kung sadyang nagpapataw ang batas ng parusa rito, gaya halimbawa ng pagsasabwatan kaugnay ng kataksilan sa bayan,[258] rebelyon, insureksiyon o kudeta[259] at sedisyon.[260]

256. *Tignan* People v. Hernandez, 11 SCRA 223 (1964).

257. U.S. v. Lim Buanco, 14 Phil. 472 (1909); U.S. v. Remigio, 37 Phil. 599, 614 (1918); People v. Asaad, 55 Phil. 697 (1931). Kaya naman, bilang pangkalahatang panuntunan, hindi maaaring maging batayan ng pagsusuplong bilang paglabag sa batas ng Pilipinas ang krimeng pagsasabwatan na kinikilala sa Batas Kumon sa ilalim ng sistemang Anglo-Amerikano. Isang kasuklam-suklam na kagagawan ang kasunduang magsagawa ng isang krimen mula sa pananaw ng kabutihang-asal o moralidad, nguni't habang hindi pa naisasagawa ang mga panlabas na kagagawan o pagkilos na magsasakatuparan ng kanilang masamang hangarin o balak, hindi pa masasabing nilalabag ang Soberanya ng Estado at hindi pa maituturing na natitigatig ang katiwasayan ng bayan. Mga kagagawan lamang sa paghahanda ang pagsasabwatan at pagpapanukalang magsagawa ng krimen at itinuturing ang mga ito na wala pang sala, kundi man pinababayaan na lamang, matangi sa ilang bihira at taliwas na mga pagkakataon.

258. KODIGO PENAL, art. 116.

259. *Id.* at art. 136.

260. *Id.* at art. 141.



2. Paraan ng Pagkakaroon ng Saguting Kriminal

Kung makaraang bumuo ng isang kriminal na balak, nagsama-sama, nagkasundu-sundo at nakapagpasya ang tatlong salarin na patayin ang layong biktimahin, datapwa't hindi naisagawa ng tatlong salarin ang balak nila dala ng ano mang kadahilanan, hindi sila mapananagot nang dahil lamang sa pagsasabwatan, sapagka't hindi kataksilan sa bayan, rebelyon, kudeta o sedisyon, kundi asasinato, ang layong krimen ng kanilang pagsasabwatan. Nguni't kung naisagawa nila nang tuluyan ang balak na pagpatay sa layong biktimahin at tuwirang nakibahagi sila sa pagsasakatuparan nito, na humantong naman sa pagkakapatay sa layong biktimahin, mapananagot silang lahat sa krimeng asasinato, kahit na gumanap lamang, halimbawa, bilang tanod sa labas ng bahay kung saan napatay ang layong biktimahin ang isa sa kanila, at pinigilan lamang ng ikalawa ang mga bisig ng layong biktimahin nang pagsasaksakin ito ng ikatlong salarin. Sa ganitong pagkakataon, naging isang paraan na lamang ng pagkakaroon ng saguting kriminal ang kanilang pagsasabwatan sa krimeng asasinato. Hindi na maibubukod ang pagsasabwatan bilang hiwalay na pagkakasala, hindi lamang dahil iisang krimen lamang ang talagang naisagawa, kundi dahil na rin sa hindi sadyang pinarurusahan ang pagsasabwatang magsagawa ng asasinato.[261]

i. Kung Walang Pagsasabwatan

Sa kawalan ng isang nangunang pakana o pagkakasundong magsagawa ng krimen, kanya-kanya at hindi bukluran o sama-sama ang saguting kriminal kaugnay sa iba't ibang mga kagagawan laban sa iisang tao lamang, at mananagot ang bawat nakibahagi kaugnay lamang sa mga kagagawang siya mismo ang gumanap.[262] Kung isa sa mga magkasamang nasakdal ang biglaan at di-inaasahang nagdulot ng ilang mga nakamamatay na sugat sa pamamagitan ng kanyang pamalo sa biktima, samantalang hawak-hawak ang huli ng isa pa sa kanila, hindi maituturing na isang pasimuno, ni isang kaagapay, ang huli sa pagsasagawa ng krimeng homisidyo, kahit ito pa ang naging hatol na kasalanan sa taong nagdulot ng nakamamatay na sugat, kung lumilitaw na walang nagkakaisang pagkilos na namagitan sa kanila ng kanyang kasamang-nasakdal,

261. Sa nagdaang panahon, minsang nagkaroon ng pagkakataon kung kailan pinarusahan ang pagsasabwatang pumatay ng ilang piling mga opisyal ng bayan sa Pilipinas. Sa ilalim ng Atas Pampanguluhan Blg. 1110-A, ayon sa pagkakasusog ng Atas Pampanguluhan Blg. 1743, pinarurusahan ang sino mang makikipagsabwatan (o magtatangka) laban sa buhay ng Punong Tagapagpaganap ng Republika ng Pilipinas, ng alin mang kamag-anak niya, o laban sa buhay ng alin mang kagawad ng kanyang gabinete, ng Pansamantalang Batasang Pambansa, ng Kataas-taasang Hukuman, ng mga Komisyong likha ng Saligang Batas, mga pangkalahatang opisyal ng pangunahing mga serbisyo at mga pamunuan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas o ng alin man kamag-anak nila. Di-mababaling bitay ang itinadhanang parusa sa gayong pagsasabwatan.

262. U.S. v. Magcomot, 13 Phil. 386 (1909).

na wala siyang katwiran upang maniwalang isang homisidyo ang napipintong isinagawa nito at, sa kanyang ginawang paghawak-hawak sa biktima, hindi siya kusang-loob sa nakipagtulungan sa ginawang pagpatay. Samakatwid, kapag walang natagpuang nangungunang pagsasabwatan sapagka't wala namang napatunayang pagkakaisa ng layunin at hangarin na namagitan sa mga salarin bago isinagawa ang krimen, dapat lamang maging kanya-kanya ang kanilang saguting kriminal.[263]

Maipakikita ng mga kagagawan ng nasakdal ang kawalan ng pagsasabwatan.[264] Kung hindi nagkaroon ng pagsasabwatan, tanging ang salaring nagdulot ng nakamamatay na sugat nang may katrayduran ang nag-iisang mananagot sa krimeng asasinato, samantalang mananagot lamang kaugnay ng ginawang panunugat ang dalawa pang ibang salarin na wala namang hangaring pumatay.[265] Maaari pa nga silang maligtas sa saguting kriminal bilang mga kaagapay (*accomplice*), dahil upang maituring na ganoon, dapat muna silang matagpuang nakipagtulungan sa pagsasagawa ng krimen sa pamamagitan ng mga nauna o sumasabay na mga kagagawan,[266] at nagpapalagay ang pakikipagtulungan ng kaalaman tungkol sa hangaring kriminal ng pasimuno. Kung walang pinsala sa katawan o panunugat na naidulot sa nasawi ang kagagawan ng iba pang mga salarin, hindi sila maaaring magkaroon ng saguting kriminal kaugnay sa ano mang paglabag na nasasaklawan ng paratang na asasinato na isinampa laban sa kanila.[267]

ii. Kung May Pagsasabwatan

Bagama't pansarili o personal ang kalikasan ng saguting kriminal kung kaya hindi pinahihintulutan ng batas sa krimen na akuin nino man ang saguting kriminal ng iba,[268] maaaring mahatulan ang isang tao kaugnay ng kriminal na kagagawan ng iba kapag may pagsasabwatang namagitan sa kanila.[269] Magkakapantay ang antas ng saguting kriminal ng bawat kasabwat,[270] kahit na kumilos sila upang isakatawan ang kalooban ng lahat o ng iisa lamang sa kanila, o isinakatuparan nila ang krimen nang hiwa-hiwalay o bukluran.[271] Kapag napatunayan ang pagsasabwatan, pinananagot ang lahat ng mga kasabwat bilang

263. U.S. v. Reyes at Javier, 14 Phil. 27 (1909).

264. People v. Quiosay, 103 Phil. 1160 (1958)

265. People v. Tividad, 20 SCRA 549 (1967).

266. KODIGO PENAL, art. 18.

267. People v. Cajandab, 52 SCRA 161 (1973).

268. People v. Gensola, 29 SCRA 483 (1969).

269. People v. Cortes, 226 SCRA 91 (1993); People v. Maranion, 199 SCRA 421 (1991).

270. People v. Yabut, 226 SCRA 715 (1993); People v., Pascual, 226 SCRA 137 (1993); People v. Villagracia, 219 SCRA 218 (1993); People v. Macalino, 177 SCRA 574 (1989).

271. People v. Damasian, 219 SCRA 245 (1993).



kapwa-pasimuno nang hindi na kinakailangang isaalang-alang pa ang talagang naging antas ng kanilang pakikibahagi sa krimen.[272]

Isang paraan ang pakikipagsabwatan kung paano madaling masangkot ang isang tao sa krimen at mahirap na siyang makaalpas pa mula rito minsang nasabit siya sa balag nito. Nakabatay ang tuntunin sa simulaing nagtatamo ang isang pangkat ng tao ng katangian ng pagiging iisa, sa pagsasanib o pagkakaisa ng kanilang hangarin, kung kaya kapag maraming tao ang gumanap ng isang labag-sa-batas na gawain kaugnay sa iisang pakay o layunin, nagiging bahagi ang bawat kasabwat sa mga kagagawan ng iba sa turing ng batas – kagagawan ng lahat ang kagagawan ng bawat isa.[273] Kung may pagsasabwatan, kasalanan ng lahat ang kasalanan ng bawat isa.[274] Pantay at bukluran o sama-sama ang kanilang saguting kriminal.[275] Kaya naman, bagama't tinatalakay ang krimeng paglulustay sa salapi ng bayan sa bahagi ng Ikalawang Aklat ng Binagong Kodigo Penal bilang isang krimeng isinasagawa ng mga naninilbihan sa bayan, ito na rin ang nagiging krimen ng isang pribadong mamamayan na nakipagsabwatan sa kanila sa pagsasakatuparan ng gayong krimen.[276] Sa krimeng panggagahasa, na halinhinang isinagawa ng higit sa isang salaring magkakasabwat, ang pinagsama-samang dami ng pag-uulit ng panggagahasa sa biktima na isinagawa ng bawat isa sa kanila ang magiging bilang ng krimeng panggagahasa na dapat nilang panagutan. Kaya naman, kung sumailalim sa karanasang sekswal ang biktima, nang labag sa kanyang kalooban, sa ilalim ng dahas at pananakot ng mga salarin, nang hindi lamang minsan, kundi apat na ulit sa kamay ng apat na iba't ibang salaring nagtulung-tulong sa isa't isa, dapat mananagot ang bawat salarin kaugnay sa apat na krimeng panggagahasa.[277]

a. Hayagang Pagsasabwatan

Nagpapalagay ng pagtatagpo ng isip, ng dalawa katao o mahigit pang bilang, ang pagkakasundo. Hindi nagpapatunay ng pagsasabwatan ang pangyayaring may natuklasang kasulatan na nagsasaad na hinirang ang nasakdal bilang isang pinuno ng sandatahang lakas na nakikipaglaban sa Pamahalaan, dahil hindi naipapakita nito na tinanggap nga ng nasakdal ang gayong pagkakatalaga sa

272. People v. Armada, Jr., 225 SCRA 644 (1993).

273. People v. Gerente, 219 SCRA 756 (1993); People v. Rostata, Jr., 218 SCRA 346 (1993); People v. Pama, 216 SCRA 385 (1992); People v Rivera, (C.A.) 59 O.G. 7762 (1963).

274. People v. Repe, 175 SCRA 422 (1989).

275. People v. Tan, 180 SCRA 294 (1989).

276. Balmadrid v. Sandiganbayan, 195 SCRA 497 (1991). Mailalapat ang tuntunin kaugnay ng buklurang saguting kriminal kahit sa mga pribadong mamamayan na nakipagsabwatan at nakibahagi, kasama ng mga opisyal ng bayan, sa pagsasakatuparan ng mga paglabag na karaniwang sumasaklaw lamang sa mga opisyal ng bayan. People v. Sendaydiego, 81 SCRA 120 (1978).

277. People v. Pasco, G.R. No. 68520, (22 En. 1990).

kanya.[278] Dapat namang tumukoy ang pagkakasundo sa pagsasagawa ng isang krimen. Kailangan ang isang pagkakasundong kumilos, gawin at isakatuparan ang naisip at napagpasyahan. Hindi sapat ang pangyayaring nagtagpu-tagpo lamang ang mga nasakdal at nagparinig ng mga hinaing na nagpapahiwatig ng di-pagkasiya o paghihimutok ng kalooban sa Pamahalaan kaugnay ng kung anong tunay o kathang-isip na katiwalian.[279]

b. Pahiwatig na Pagsasabwatan

Hindi tuwinang isinasagawa nang hayagan ang pagsasabwatan; higit na madalas itong nabubunyag sa pamamagitan ng bakas, palatandaan o pahiwatig ng pagkakaroon ng pagsasabwatan. May katwiran ang isang hukuman na makatagpo ng pagsasabwatan kung bagama't magkabukud-bukod ang kagagawan ng mga nasakdal, kung naganap naman ang mga ito nang sabayan at nagtutulungan, at nagpapahiwatig ng malapit na kaugnayang personal, nagkakaisang pagkilos at nagkakatugmang mga damdaming naglalayon ng iisang pakay, kahit na isang bahagi lamang ang ginagampanan ng isa sa kanila at ibang bahagi naman ang ginagampanan ng mga kasama niya upang mabuo ito nang nakatuon ang layunin sa iisang hangarin.[280] Lagi nang halos isang pangkaisipan ang nangingibabaw na katangian ng pagbubuo ng pagsasabwatan dahil pangunahing sangkap nito ang pagtatagpo at pagsasang-ayon ng mga isipan at hangarin.[281] Mahihiwatigan ang pagsasabwatan kapag may pinagkaisahang layunin at nagkakaisa sa pagsasagawa nito ang mga nasakdal.[282]

1) Pagsasakatuparan ng Iisang Balak o Layunin

Dapat magpakita ang mga kagagawan ng mga nasakdal ng pagsasakatuparan ng iisang balak lamang. Isang saligang tuntunin upang umiral ang isang pagsasabwatan, dapat magkaroon ng pagkakaisa ng layunin at pagkakaisa ng pagkilos sa pagsasakatuparan ng labag-sa-batas na hangarin. Sa isang pagkakataon, hindi natagpuang kumilos nang may pagkakaisa ng layunin ang mga nasakdal. Kahit na ipagpalagay nang nagsama-sama ang mga nasakdal sa pagpatay, hindi sapat ang gayong pangyayari upang tumugon sa mga kinakailangang sangkap ng pagsasabwatan, dahil nasasaad sa tuntunin na hindi sapat na patunay ng pagsasabwatan ang sama-sama o sabayang pagkilos *per se*. Dapat itong patunayan sa kasing-linaw at kapani-paniwalang paraan ng pagpapatunay sa pagsasagawa ng krimen mismo. Batay sa panuntunang ito,

278. U.S. v. Villarino, 5 Phil. 697 (1906).

279. U.S. v. Figueras, 2 Phil. 491 (1903). Kung nabuo ng mga magkakasabwat ang kanilang isip na isagawa ang krimen, dapat matagpuang nagkaroon ng mismong pagpapasyang isagawa ang krimeng kataksilan sa bayan, kudeta, rebelyon o sedisyon.

280. People v. Geronimo, 53 SCRA 246 (1973).

281. People v. Guevarra, 179 SCRA 325 (1989).

282. People v. Delgado, et al., 77 Phil. 11 (1949).



hindi talaga nagpapakita ng pagtutugma ng pakay ang basta pagsunod sa iisang utos dahil, magkagayon man, ang mismong kagagawan pa rin ng mga magkakasabwat ang dapat magpakita ng kanilang nagkakaisang balak. Kaya naman, kahit magkakamag-anak ang mga nasakdal, at nagsikilos sila nang may ipinakitang antas ng pagsasabayan sa pagsalakay sa kanilang biktima, hindi pa rin sapat ang gayong pangyayari upang magpatunay ang pagsasabwatan.[283]

Kaugnay sa napagkaisahang layunin, sapat ang balag ng pagsasabwatan upang sakupin at mapanagot ang mga kasabwat kaugnay ng mga kinahinatnang sumasaibayo sa kanilang hangarin o napagkasunduan. Kaya naman, hindi maipangangatwiran ng isang salarin na hindi siya dapat managot sa kinahinatnan ng sabayang pagsasagawa niya at ng dalawa pang ibang mga salaring kasama niya ng kagagawang humantong sa kamatayan ng biktima, sa dahilang hindi naman pagpatay kundi panununtok lamang ang kasunduang namagitan sa kanila ng kanyang mga kasama. Bukod sa natagpuang hindi lamang panununtok kundi pambubugbog at matinding pagbubuhat ng kamay ang talagang balak nilang isagawa sa biktima, itinuring din na isang insidente lamang at kinahinatnan ng kasunduang namagitan sa mga salarin ang ginawang pananalakay ng isa sa kanila, na nakapagdulot sa kalaunan nitong pananalakay ng nakamamatay na sugat, sa dahilang napilitan siyang gawin ito nang ipasok ng nasawi ang kaliwang kamay nito sa bulsa ng kanyang pantalon, bunsod ng paghihinala o pag-aakalang balak nitong dumukot ng sandatang magagamit sa pagtatanggol sa sarili. Kaya naman, ipinasyang dapat managot silang lahat sa krimeng asasinato.[284]

2) Walang Pamantayang Lawig ng Panahon

Hindi kinakailangan sa pagsasabwatan ang pag-iral ng ano mang pamantayang lawig ng panahon upang magkaroon ng pagkakataon ang mga salarin na makapag-isip at makapagdili-dili. Kaiba sa pagkakaroon ng maliwanag na nangunang pagbabalak,[285] kung saan isang sapat na lawig ng panahon ang dapat lumipas upang mabigyan ng kaukulang pagkakataon ang salarin upang makapag-isip at makapagdili-dili sa maaaring ibunga ng kanyang nilalayong kagagawan,[286] umiiral ang pagsasabwatan sa mismong sandali ng pagkakasundu-sundo ng mga salarin, maging sa hayagan o pahiwatig na paraan man, na magsagawa ng isang krimen, at kaagad nagpasyang isagawa ito. Kapag napatunayan ang gayong pagsang-ayon, nagkakaroon ang bawat isa sa mga magkakasabwat ng katulad na saguting kriminal kaugnay ng krimeng isinagawa

283. People v. Dorico, 54 SCRA 172 (1973).

284. People v. Rosario, 68 Phil. 720 (1950).

285. Isang mapagpalalang pangyayari sa ilalim ng Artikulo 14 at sanhi ng pagbibigay uring asasinato sa gawang pagpaslang ng kapwa tao.

286. U.S. v. Gil, 13 Phil. 330 (1909).

ng alin man sa kanila.[287] Sapat ang isang kara-karakang pagkakasundo nang kusa sa sandali ng pagsasagawa ng krimen upang lumikha ng tambalan o sama-samang pananagutan.[288] Kung hinamon ng nasawi ang dalawang nasakdal, na tumanggap sa hamon, agad nanalakay at nakapatay sa naghahamon, masasabing maliwanag na nagpapakita ng isang pinagkaisahang layunin at pakana ang pagtanggap ng dalawang nasakdal sa hamon at ang kanilang sabayang pagsalakay.[289]

3) Mapatutunayan nang tuwiran o di-tuwiran

Upang mapatunayan ang isang pagsasabwatan, maaaring maglahad ng tuwirang katibayan, tulad ng magkakawing o nagsasala-salabid na mga pagtatapat na ginawa sa labas ng hukuman ng ilang mga nasakdal, at gayon din, sa pamamagitan ng salaysay ng isa sa mga nasakdal upang maging isang saksi ng tagausig laban sa kanyang mga kasamang nasakdal na hindi gumawa ng ano mang pagtatapat. Sa kawalan ng sabayang pagbubulaan sa panig ng mga nagsalaysay, maaaring bumuo ng ganap na larawan ang kanilang mga pagtatapat ng kabuuang pangyayari at sama-samang maituturing bilang pandagdag o pampatibay sa katibayang bukod at di-nakasalig sa mga ito.[290] Katanggap-tanggap bilang katibayan ng pagsasabwatan ng mga nagsasalaysay ang dalawa o mahigit pang mga pagtatapat na ginawa nang hiwalay sa labas ng hukuman, na di-nababahiran ng sabayang pagbubulaan, at tumutugma isa't isa sa lahat ng mga makabuluhang bagay o detalye.[291] Sa layunin pa rin ng pagpapatunay sa pagsasabwatan, hindi kinakailangang magkaroon pa ng patunay kaugnay sa naunang pagkakasundu-sundo at pasyang magsagawa ng krimen, dahil sapat na kung nagsikilos ang mga salarin nang sabayan alinsunod sa pinagkaisahang pakay.[292] Maipakikita rin ng mga pangyayari ang pag-iral ng pagsasabwatan,[293] sa kapani-paniwalang paraan.[294]

287. People v. Liquiran, 228 SCRA 62 (1993); People v. Pamintuan, 222 SCRA 716 (1993); People v. Crisostomo, 222 SCRA 93 (1993); People v. Villalobos, 209 SCRA 304 (1992); People v. Binasing, et al., 98 Phil. 908 (1956); People v. Monroy, et al., 104 Phil. 759 (1958).

288. People v. Allado, 43 O.G. 1717, *binabanggit* People v. Caballero, 53 Phil. 585 (1935).

289. People v. Ibanez, 71 Phil. 664 (1946), *binabanggit* VIADA, CODIGO PENAL; Kapasyahan ng Tribunal Supremo ng Espanya ng Hunyo 13, 1904.

290. People v. Castelo, et la., 11 SCRA 193 (1964).

291. People v. Bernardo, et al., (C.A.) 57 O.G. 8675 (1961).

292. People v. San Luis, 85 Phil. 485 (1950).

293. People v. Vinas, 25 SCRA 682 (1968).

294. People v. Timbol, et al., G.R. Nos. 47471-47473, (4 Ag. 1944).



4) Di-nangangailangan ng Pormal o Maayos na Kasunduan

Sa katunayan, hindi kailangang magkaroon ng pormal o maayos na kasunduan ang mga magkakasabwat, ni magpatunay ng naunang pagkamagkakilala nila; sapat na kung nagtagpu-tagpo ang kanilang mga isip sa isang pagkakaunawaan sa paraang magbubunsod ng isang matalino at sinadyang pagkakasundo na isagawa ang kasalanang ipinaparatang. Kaya naman, kapag naipakitang pawang sandatahan na ang lahat ng mga nasakdal nang magtagpo sila, at sama-sama silang nagsisakay sa isang dyip patungo sa pook kung saan nila pinagnakawan ang bahay ng nasaktang panig at ginahasa ang mga babaeng katulong nito, ipinahihiwatig ng naturang mga pangyayari ang gayong pagsasabwatan. Ipinahihiwatig nang malinaw ang kanilang pagsasabwatan kahit pa ipangatwiran ng ilan sa mga nasakdal na hanggang sa pagsama lamang ang kanilang pakikibahagi sa iba pang mga nasakdal na nakiusap umano sa kanila na ituro lamang nila ang bahay ng nasaktang panig.[295] Sapat ang masigasig na pakikipagtulungan ng mga nasakdal sa pagsasagawa ng krimen upang lumikha ng tambalan o sama-samang pananagutan.[296]

5) Maaaring Manguna o Sumabay sa Kagagawang Kriminal

Dapat na umiral ang pakikibahagi sa pasyang kriminal ng iba nang nauna o kasabay ng kagagawang kriminal.[297] Datapwa't upang mapatunayan ang pagsasabwatan, hindi kinakailangan na magkaroon ng katibayan ng nangunang pagkakasundo upang magsagawa ng krimen, dahil sapat na kung sabayang nagsipagkilos ang mga salarin alinsunod sa iisang layunin.[298] Bagama't walang nangunang pagkakasundo na magsagawa ng krimen, hindi rin ito mahalaga dahil sapat na nga ang sabayang pagkilos ng mga salarin tungo sa iisang layunin[299] upang matagpuang nagkaroon ng pagsasabwatan.

6) Pinatutunayan sa Katanggap-tanggap na Paraan

Nguni't kahit maaaring mahiwatigan ang pagsasabwatan mula sa mga pangyayaring dumalo sa pagsasagawa ng krimen, isa ring matatag na tuntunin na dapat patunayan ang pagsasabwatan sa pamamagitan ng di-mapag-aalinlanganan at kapani-paniwalang katibayan.[300] Kaya kung kasiya-siyang

295. People v. Garduque, et al., G.R. No. L-0133, (31 Hul. 1958).

296. People v. Manalo, et al., 52 Phil. 484 (1928).

297. People v. Tan Diong, et al., 59 Phil. 539 (1934).

298. People v. Camaddo, 217 SCRA 162 (1993); People v. Santalani, 93 SCRA 315 (1979); People v. Largo, 46 SCRA 597 (1972); People v. Carino, 55 SCRA 516 (1974).

299. People v. Munoz, 170 SCRA 107 (1989); People v. Macabenta, 170 SCRA 298 (1989); People v. Tanchado, 170 SCRA 611 (1989); People v. Gimongala, 170 SCRA 632 (1989); People v. Labinia, 115 SCRA 323 (1982); People v. Villason, 115 SCRA 716 (1982).

300. People v. Ancheta at Del Rosario, 66 Phil. 638 (1938).

naipaliwanag ng isang nasakdal ang dahilan kung bakit napasama siya sa pangkat na nagsagawa ng pagnanakaw, hindi siya maituturing na isang kasabwat.[301] Upang matagpuang nagkasala ang isang nasakdal bilang kasamang-pasimuno nang dahil sa pagkakaroon ng pagsasabwatan, dapat mapatunayang nagsagawa siya ng isang panlabas na kagagawan sa ikasusulong ng sabwatan, maging sa pamamagitan ng masigasig na pakikibahagi sa talagang pagsasagawa ng krimen, o sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong na nagsilbing pampasigasig sa iba sa pamamagitan ng pagiging naroroon sa kinaganapan ng krimen, o sa pamamagitan ng pagpapaparamdam ng namumunong kasigasigan at nagingibabaw na diwa sa ibang mga kasabwat na siya namang nagpakilos sa kanila tungo sa pagsasakatuparan ng sabwatan.[302]

Hindi kailangang patunayan ang pagsasabwatan sa pamamagitan ng tuwirang katibayan kaugnay ng mga kagagawang ipinaparatang,[303] kundi maaari rin naman itong patunayan sa pamamagitan ng katibayang nauugnay sa mga kalagayang nakapaligid sa pangyayari (*circumstantial evidence*), [304] o sa pamamagitan ng maraming di-mapihong mga kagagawan, mga kalagayan at mga pangyayari,[305] na pawang maaaring magpabagu-bago at maging iba-iba, ayon sa layuning nais matamo. Hindi kailangang patunayan ang isang pormal na kasunduan.[306] Ang pakikibahagi sa pagbabalak at pagsasagawa ng krimen ang pambuod na sangkap ng pagsasabwatan.[307] Sa pambihirang mga pagkakataon lamang maaaring mailahad ang gayong nangunang kasunduan dahil, sa kalikasan ng mga bagay, hindi madalas na isinasakasulatan ang gayong uri ng mga pagkakasundo. [308] May pagsasabwatan kapag, mula sa bukluran o pangkabuuang pagsasaalang-alang ng mga kagagawang isinakatuparan ng mga nasakdal, makikitang bunga ang mga ito ng nagkakaisa at sama-samang pagkilos, kahit man hindi ito nagpapakita ng pagtutulungan kung hiwalay na isasaalang-alang.[309] Kapag nagpapakita ang mga pangyayari ng layuning napagkaisahan ng

301. People v. Rico, CA-G.R. No. 3019-R, (12 En. 1950).

302. People v. Peralta, et al., 25 SCRA 759 (1968).

303. People v. De Guzman, 224 SCRA 93 (1993); People v. Bello, 224 SCRA 218 (1993); People v. Cordova, 224 SCRA 319 (1993); People v. Dural, 223 SCRA 201 (1993); People v. Sacrista, 223 SCRA 140 (1993); People v. De la Cruz, 217 SCRA 283 (1993); People v. Bragaes, 203 SCRA 555 (1991); People v. Gabatin, 203 SCRA 225 (1991); People v. Briones, 202 SCRA 708 (1991); People v. Poloc, 202 SCRA 179 (1991); People v. Maranion, 199 SCRA 421 (1991); People v. Umbrero, 196 SCRA 821 (1991).

304. People v. Regalario, 220 SCRA 368 (1993); Balmadrid v. Sandiganbayan, 195 SCRA 497 (1991).

305. People v. Escosio, 220 SCRA 475 (1993).

306. People v. Gundran, 228 SCRA 583 (1993).

307. People v. Genial, 228 SCRA 283 (1993).

308. People v. Yabut, 226 SCRA 715 (1993).

309. People v. Sacrista, 223 SCRA 140 (1993); People v. Manlolo, 169 SCRA 394 (1989); People v. Martinez, 127 SCRA 260 (1984).



mga salarin, at patungo ang bawat hakbang nila, na sumasabay sa isa't isa, sa ikatatamo ng naturang layunin, at nagpapakita ng nagkakaisang damdamin, may pagsasabwatan.[310] Hindi kinakailangan ang pakikibahagi ng lahat sa bawat detalye ng pagsasakatuparan,[311] o ang pagsasama-sama ng mga magkasabwat sa lahat ng antas ng pagsasabwatan, o sa bawat baitang ng pagsasakatuparan nito,[312] o sa pagsasakatuparan ng lahat at bawat kagagawan o sangkap na bumubuo sa krimen.[313]

Kadalasang pinaghuhulo ang pag-iral ng pagsasabwatan mula sa mga kagagawan ng nasakdal, na isinakatuparan alinsunod sa isang hayag na kriminal o labag-sa-batas na layuning pinagsasaluhan nila o karaniwan sa kanila. Maaaring ibunyag ng pag-aasal ng mga nasakdal ang isang pagtutugmaan ng kanilang pagsisikap at pagkakaisa ng balak na pumatay at magdulot ng malubhang panunugat sa kanilang mga biktima.[314] Kung sama-sama at hiwa-hiwalay na isasaalang-alang ang mga kagagawan ng mga nasakdal, maaaring ipinakikita nito ang pagkakaroon ng iisang balak tungo sa pagsasakatuparan ng isang labag-sa-batas na layunin.[315] Sa ganitong layunin, makabuluhan sa pagpapatunay ng pagsasabwatan ang pag-aasal ng mga nasakdal na natunghayan hindi lamang sa mismong sandali ng pagsasagawa ng krimen, kundi pati na rin yaong nabunyag bago pa man ito gawin at yaong ipinakita nila pagkatapos nitong maisagawa.[316]

310. People v. Valenzuela, 128 SCRA 15 (1984).

311. People v. Sarino, 221 SCRA 234 (1993); Venturina v. Sandiganbayan, 193 SCRA 40 (1991); People v. Lorenzo, 200 SCRA 207 (1991).

312. People v. Camaddo, 217 SCRA 162 (1993); People v. Punzalan, 203 SCRA 365 (1991); People v. Maranion, 199 SCRA 421 (1991); People v. Cabiling, 74 SCRA 285 (1976).

313. People v. Manero, Jr., 218 SCRA 85 (1993); People v. Veras, Jr., 201 SCRA 551 (1991).

314. People v. So, et al., 127 SCRA 135 (1984).

315. People v. Regato, et al., 127 SCRA 287 (1984); People v. Manala, et al., 133 SCRA 626 (1984); People v. Kagamson. 129 SCRA 383 (1984).

316. People v. Tapic, 220 SCRA 190 (1993); *tignan din* People v. Serrano, 136 SCRA 399 (1985) (pagbabalak sa tahanan ng isang nasakdal sa umaga bago sinagawa ang krimen, sama-samang pagsasakatuparan ng krimen, at pagtutulungan pagkatapos mapatay ang biktima sa pagtatapon ng bangkay nito sa dagat); People v. Tawa, 126 SCRA 362 (1983) (sabayang pagdating sa tindahang kinaganapan ng krimen bago ito isinakatuparan, pagtutulungan sa pagsasagawa nito, at sabayang pagtakas, kung kaya natutop silang ng pulis na magkasama sa iisang sasakyan patungong Virac); People v. Cristobal, Jr., 91 SCRA 71 (1979) (magkakasama sa inuman bago maganap ang krimen; magkakasama pa rin nang matutop ng pulis pagkatapos gawin ang krimen, sa pagtatangkang magtago tuwing may sasakyang magdaraan sa kinaroroonan nila, bukod sa pagtutulung-tulong sa mismong sandali ng pagsasakatuparan ng krimen).

Hindi naman kailangang patunayan nang tuwiran ang pagkakaroon ng pagkakasundo o sabayang pagsang-ayon ng kanilang mga isipan.[317] Hindi kailangang patunayan ang nangunang balak na nabuo nila, ni ang kanilang mga dahilan o motibo, interes o layunin sa pagsasagawa ng krimen.[318] Kaya naman, may pagsasabwatan kung dalawa sa nasakdal ang humawak sa mga kamay ng biktima, habang sinasaksak naman ng pangatlong salarin ang biktima mula sa likuran.[319] Sapat ding patunay ng pagsasabwatan kung, sa sandali ng kanilang pananalakay, nagpakita ang lahat ng mga nasakdal, sa pamamagitan ng kanilang mga kagagawan, ng pinagkaisahang hangarin at pagnanais na manalakay.[320]

Subali't dapat namang maging positibo at kapani-paniwala ang patunay ng pagsasabwatan.[321] Hindi nagpapatunay ng pagsasabwatan ang payak na paghihinala, haka-haka,[322] pala-palagay,[323] kaugnayang pagkakamag-anak o pakikitungo at pagsasamahan.[324]Dapat mapatunayan ang pag-iral nito sa katulad na kalinawan at kapani-paniwalang paraan na hinihingi ng pagpapatunay sa pagsasagawa ng krimen mismo;[325] samakatwid, dapat patunayan ang pagkakaroon ng pagsasabwatan sa ibayo ng makatwirang pag-aalinlangan.[326]Upang maging malinaw at kapani-paniwala ang pagpapatunay ng pagsasabwatan, hindi kinakailangang magkaroon ng mga saksi na tetestigo sa naging pag-uusap, mga kasunduan at mga kagagawan ng mga nasakdal, habang nagsasabwatan silang magsagawa ng krimen.[327] Maaaring mapatunayan ang pagsasabwatan mula sa iba't ibang mga pangyayaring dumalo sa pagsasagawa ng krimen[328]o mula sa mga anyo o kaparaanang ginamit sa pagsasakatuparan ng

317. People v. Barnayo, 129 SCRA 725, hindi mahalaga kung hindi napatunayan ang pagtatagpo ng isip ng mga salarin sa iisang layunin; People v. Tabadero, 115 SCRA 755 (1982); People v. Monaga, et al., 118 SCRA 616 (1982).

318. People v. Regalario, 220 SCRA 368 (1993).

319. People v. Rhoda, G.R. No. L-58613, (24 Hun 1983); People v. Bustarde, 182 SCRA 554 (1990); People v. Jaredo, 185 SCRA 383 (1990); People v. Arceo, 187 SCRA 265 (1990).

320. People v. Boholst-Caballero, 61 SCRA 180 (1974); Castanares v. Court of Appeals, 92 SCRA 567 (1982).

321. People v. Palon, 127 SCRA 529 (1984); People v. Mazar, 130 SCRA 568 (1984).

322. *Id.*

323. People v. Campos, 202 SCRA 387 (1991).

324. People v. Sosing, 111 SCRA 368 (1982).

325. People v. Camaddoi, 217 SACRA 162 (1993); Perez v. Sandiganbayan, 180 SCRA 9 (1989); People v. Taaca, 178 SCRA 56 (1989); Valdez v. People, 173 SCRA 163 (1989); People v. Custodio, 47 SCRA 289 (1972).

326. People v. Gaoat, 222 SCRA 385 (1993); People v. Divina, 221 SCRA 209 (1993); People v. Robante, 178 SCRA 552 (1989).

327. People v. Carcamo, 87 SCRA 9 (1978).

328. Manalaysay v. Court of Appeals, 172 SCRA 99 (1989); People v. Molleda, 86 SCRA 669 (1978).



krimen[329]o mula sa mga pangyayari o mga kalagayan na nagpapahiwatig, kapag pinagsama-sama, na nagtulung-tulong at nagsikap ang mga salarin tungo sa di-magkakaibang layunin[330] o mula sa ilang mga pangyayaring isinagawa alinsunod sa iisang labag-sa-batas na layunin.[331]

Gayon pa man, masasabing may pagsasabwatan mula sa malapit na pakikipag-ugnayan at samahan ng mga nasakdal at sa kanilang nagkakaisang pagsisikap na patayin ang biktima, na nagpapahiwatig ng isang pinagkaisahang balak.[332] Ang "pagtutugmaan ng mga kalooban" at ang "pagsasabayan ng pagkilos at pagkakaisa ng layunin" ang pambuod na sangkap ng pagsasabwatan.[333] Ipinapakita ito ng "tahasan at bukal sa kaloobang pagtutulung-tulungan sa pagsasagawa ng pananalakay."[334] Kung gayon, hindi maituturing na isang kasabwat ang isang nasakdal na umurong at hindi sumama, bagama't dumalo sa pagpupulong na isinagawa sa kanyang tahanan mismo nang ibalangkas ang panukalang panloloob sa isang bangko, sa pagdadahilang masakit ang kanyang paa at magiging sagabal lamang siya.[335]

Subali't hindi nagkaroon ng pagsasabwatan kung naging isang lantay na pagkakataon lamang at hindi pinaghandaan ang pagtatagpo ng mga nasakdal at ng biktima[336] sa isang tindahan, at wala namang katibayan na nalaman ng mga nasakdal na magsasadya sa tindahan ang biktima. Sinamantala lamang ng mga nasakdal ang pakakataong iyon upang maisagawa ang pagbaril sa biktima, bagama't sabay silang lumisan pagkaraang mabaril ang biktima. Napatunayan na kapwa nakatira ang mga nasakdal sa karatig na lugar lamang at isa lamang sa kanila ang nagdala ng sandata. Ipinangatwiran din na kung kasabwat ng isang nasakdal ang kasamang-nasakdal na siyang may dalang armas, dapat sanang nakapagdala rin ito ng sarili niyang sandata. Hindi rin itinuring na katibayan ng pagsasabwatan ang pangyayaring kapwa nagsipagtago ang mga nasakdal, dahil ipinaliwanag naman na ginawa lamang ito ng isa sa kanila nang dahil sa takot sa anak na pulis ng biktima at narinig ng ina nito na nagbanta ang pulis na babarilin siya kapag nakita, kung kaya mismong ang ina na niya ang nagpayong manatili na lamang siya sa tahanan ng kanyang mga biyenan, at gayon na rin ang dahilan ng ginawang pagtungo ng isa pang nasakdal sa lalawigan, sa payo naman ng kanyang asawa.[337]

329. People v. Ruiz, 93 SCRA 730 (1979).

330. People v. Bernales, 34 SCRA 604 (1969).

331. People v. Aguel, 97 SCRA 795 (1981).

332. People v. Medrano, 114 SCRA 335 (1982).

333. People v. Deuna, 227 SCRA 788 (1993); People v. Cepalac, 117 SCRA 874 (1982).

334. People v. Aleta, 72 SCRA 542 (1976).

335. People v. Doble, 114 SCRA 631 (1982).

336. *Tignan din* People v. Vda. De Quijano, 220 SCRA 66 (1993); People v. Resavaga, 159 SCRA 427 (1988).

337. People v. De Jesus, 118 SCRA 616 (1982).

Hindi sapat ang kaalaman, o pagsang-ayon sa kagagawan, nang walang pakikipagtulungan o kasunduang makikipagtulungan, upang maituring ang isang tao na kasama sa isang pagsasabwatan.[338] Kung nagawa lamang patunayan na inupahan ang nasakdal upang magmaneho ng sasakyang ginamit sa pagbibiyahe ng mga biktima, patungo at magmula sa iba't ibang lugar na pinagdalhan sa kanila, wala pa ring katibayan ng pagsasabwatan kahit na nagpadala ang nasakdal ng koronang bulaklak para sa isang namatay na biktima at dumalo pa nga siya sa burol nito.[339] Hindi rin sapat ang pagiging naroroon lamang sa kinaganapan ng krimen, nang walang namang idinudulot na mga panunugat sa nasawi, upang magpatunay ng pakikipagsabwatan ng nasakdal sa ginawang pananalakay ng iba sa nasawi kung wala namang katibayan ng nangunang pakikipagkasundong namagitan sa kanila na isagawa ang gayong pananalakay.[340] Hindi nangangahulugan ang pangyayaring napasama lamang ang nasakdal sa pagkakasunud-sunod na turno ng mga opisyal na lumalagda sa butser na naging bahagi na siya ng isang pagsasabwatan upang magsagawa ng isang labag-sa-batas na pakana.[341] Subali't nagpapatunay ng pagsasabwatan kung naging matapat na magkasama ang mga nasakdal magmula pa man sa baitang ng pagbabalak hanggang sa tuluyang mailipat sa iba ang mga bunga ng krimeng isinagawa.[342] Sa katunayan, dahil ipinapalagay ng pagsasabwatan ang pagkakaroon ng isang nauna-nang-binuong balak o kasunduan, sapat na para sa mga taong magkasabwat o nauugnay sa pagsasabwatan na dumalo o maparoon sa kinaganapan ng krimen nang isinagawa ito.[343]

*C. Iba Pang Anyo ng Pakikibahagi sa Krimen: Pahapyaw na Tanaw*

Sa lahat ng mga krimen, laging may dalawang panig: (1) ang tahasang tauhan (*sujeto activo; ahente*), o kriminal na nagsasagawa ng paglabag; at (2) ang kabalikang tauhan o tauhang dinatnan ng krimen (*sujeto pasivo; paciente o victima*), na siya namang nasaktang panig. Maaaring tukuyin din bilang tauhang masigasig o tauhang kumikilos ang tahasang tauhan; at tauhang mahinahon o tauhang payapa ang kabalikang tauhan.[344] Sa Artikulo 16, iniisa-isa at

338. People v. Bragaes, 203 SCRA 555 (1991); People v. Izon, et al., 104 Phil. 690 (1958); People v. Cornel, et al., 2 C.A.R. (2s) 802 (1960).

339. People v. Valerio, Jr., 112 SCRA 208 (1982).

340. People v. Wong, 23 SCRA 146 (1968).

341. Macadangdang v. Sandiganbayan, 170 SCRA 308 (1989).

342. People v. Quijano, 197 SCRA 761 (1991).

343. People v. De la Cruz, 200 SCRA 379 (1991).

344. Ang kabalikang tauhan ng krimen ang may hawak ng napinsalang karapatan na kinikilala ng batas at, kung gayon, may karapatang balikan, sa pamamagitan ng kaukulang pag-uusig, ang masigasig na tauhan ng krimen: ang isang taong likas, ang katauhang lalang ng batas, ang bakasan o samahan, at ang Estado. Kaya naman, bagama't hindi maaaring maging tahasang tauhan ng krimen ang isang korporasyon o bakasan, maaari nga itong maging kabalikang tauhan nito. Bilang pangkalahatang tuntunin, hindi maaaring maging isang



pinagpapangkat ang mga tauhang masigasig o kumikilos kaugnay ng mga krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal.

Tanging ang mga likas na tao lamang ang maaaring maging masigasig na tauhan ng krimen, lalo na kung isasaalang-alang ang purong pangkaisipang pag-iral ng mga katauhan sa batas at ang kadalasang lubos na pansariling kalikasan ng saguting kriminal. Sa kabilang dako, maaari lamang kumilos ang isang korporasyon sa pamamagitan ng mga namumuno o kumakatawan (*incorporador*) nito. Ang namumuno sa isang korporasyon ang mismong may saguting kriminal kaugnay sa kanyang mga kagagawan, at hindi ang korporasyon na kinabibilangan niya, dahil bilang isang artipisyal o gawa-gawang tao lamang, hindi ito maaaring usigin sa paraang kriminal.[345] Walang kapangyarihan ang mga hukuman sa usaping kriminal na katawaning dalhin sa harapan nito ang mga korporasyon, ni maglabas ng mga kaparaanan ukol sa gayong layunin. Sa mga usaping kriminal, dinadala sa harap ng hukuman ang mga nasakdal sa pamamagitan ng mga kautusang-batayan ng pagdakip, na mailalabas lamang laban sa mga likas na tao.[346]

Datapwa't hindi basta-bastang mapananagot ang mga namumuno ng korporasyon kaugnay sa saguting kriminal;[347] ang *participis criminis*[348] ng isang opisyal ng korporasyon sa mga kagagawang pinarurusahan ng batas ang batayan ng kanyang saguting kriminal.[349] Nguni't maaaring magkaroon ng saguting kriminal ang isang tagapangasiwa ng bakasan kahit walang tuwirang katibayan ng pakikibahagi[350] kung siya, bilang tagapangasiwa at namumuno sa kumpanya, ang may kapangyarihang maglahad ng mga tuntunin at patakaran para sa mahigpit na pagsunod at gabay ng mga empleyado nito. Sapagka't maaari lamang kumilos ang mga korporasyon at bakasan sa pamamagitan ng mga opisyal at mga kinatawan nito, maaaring papanagutin sa paraang kriminal ang tagapangasiwa o tagapangulo nito kaugnay sa isang paglabag ng batas na

kabalikang tauhan ng krimen ang isang bangkay, ang isang hayop, ang isang punong-kahoy, o halaman kaya, habang walang karapatang kinikilala ng batas ang mga ito, sa dahilang pawang walang mga kapatang maaaring mapinsala ang bangkay, hayop, punong-kahoy o halaman. Datapwa't bilang kataliwasan, maaaring maisagawa ang krimeng paninirang-puri sa ilalim ng Artikulo 353 ng Binagong Kodigo Penal laban sa isang yumaong tao kung may mapanirang pagbibintang na makadudungis sa kanyang alaala. May mga batas na rin na nagbabawal sa pagmamalupit sa hayop, at mga taong nagtataguyod ng pagkilala ng batas sa karapatan ng mga punong-kahoy, halaman, at mga buhay na likas na yaman, bilang higit mabisang kaparaanan sa pangangalaga ng mga ito. *Tignan din* 1 CUELLO CALON, DERECHO PENAL 310.

345. People v. Campos, (C.A.) 40 O.G. Sup. 7, 12 (1941).

346. West Coast Life Ins. Co. v. Hurd, 27 Phil. 401 (1914).

347. People v. Montilla, CA 52 O.G. 4327 (1956).

348. Pakikibahagi sa krimen.

349. *Tignan din* People v. Lao Chio, (C.A.) 59 O.G. 4859 (1963).

350. *Id.*

maipaparatang sa nasabing katauhan. Sa nauna at kahawig na usapin,[351] isang presidente na kumikilos bilang pangkalahatang tagapangasiwa ng korporasyong lumabag sa Batas sa mga Sasakyang De-motor ang siyang pinatawan ng saguting kriminal sa isang kasalanang maisisisi sa korporasyon. Subali't sa ilalim ng ilang mga pasadyang batas, tulad ng Kodigo ng Korporasyon sa Pilipinas,[352] at maraming pang iba, maaaring papanagutin ng multa ang mga korporasyon kaugnay sa ilang mga paglabag ng mga tadhana nito. Pansining kaugnay lamang ang saguting kriminal sa maipapataw na multa.

Maaaring pagpangkatin naman ang mga taong nagkakaroon ng saguting kriminal bilang: (1) mga maykagagawan (*autores o coautores*); at (2) mga kinasangkapan. Maaari namang tukuyin ang mga itinuturing na maykagagawan ng krimen bilang: (1) mga kasabwat; at (2) mga pasimuno. Bagama't hindi kailangang umiral sa kanilang lantay na anyo dahil sa kalikasan ng pagsasabwatan, maaaring magkaroon ng tatlong uring katangian ang kasabwat: (1) kasabwat na tagapanukala; (2) kasabwat na nagbigay ng kinakailangang tulong; at (3) kasabwat na tuwirang nagsagawa ng krimen. Tumutugma ang mga kauriang ito sa tatlong anyo ng pagiging pasimuno na tinutukoy sa Artikulo 17: (1) pasimuno sa pamamagitan ng tuwirang pakikibahagi (pasimunong tagaganap; *autores proprio* o *autores en sentido estricto;* tinatawag din bilang "*ejecutores de los hechos culminantes*" o "*autores materiales*"); (2) pasimuno sa pamamagitan ng panghihikayat (pasimunong tagahikayat o tagaudyok, o pasimunong tagapilit; *motores* o *autores de induccion*); at (3) pasimuno sa pamamagitan ng kinakailangang pagtulong (pasimunong tagatulong; *correos;* tinatawag din bilang "*ejecutores de hechos necesarios*"). Dahil sa katangian ng naunang kahatian, makatutulong sa pag-iisip sa mga kagagawang saklaw ng ikalawa at ikatlong pangkat ng mga pasimuno kung tutunghayan sila bilang mga pasimunong nakibahagi nang di-tuwiran sa pagsasagawa ng krimen. Subali't hindi ito nangangahulugang laging katumbas ng kasabwat ang isang pasimuno. Totoo lamang ito kaugnay sa maaaring maging anyo o katangian ng pakikibahagi sa pagsasagawa ng krimen nguni't hindi kaugnay sa paraan ng pagkakaroon ng saguting kriminal.

May dalawang kahatian ang mga kinasangkapan ng mga pasimuno sa krimen: (1) yaong mga kinasangkapan-bago-nangyari-ang-krimen (*accessory-before-the-fact,* na tinutukoy sa Artikulo 18 bilang "[ac]*complices*"); at (2) yaong mga kinasangkapan pagkaraang mangyari ang krimen (*accessory-after-the-fact,* na buklurang tinutukoy sa Artikulo 19 bilang "*encubridores*"). Ang nagsilbing kasangkapan ng mga pasimuno bago isinagawa o habang isinasagawa ang krimen ay tinaguriang mga "kaagapay" sa pagsasagawa ng krimen (*auxiliadores o ejecutores de hechos secundarios o accesorios*). Sa kabilang dako, may tatlong uri ng mga kasangkapang ginagamit ng, o nagbibigay ng tulong sa, mga

351. People v. Cartesiano, CA-G.R. No. 17331-17337-R, (17 Mayo 1957).

352. Batas Pambansa Blg. 68 (1980).



maykagagawan ng krimen pagkaraang maisagawa ito: (1) mga kadamay sa pakikinabang sa bunga ng krimen (*continuadores*); (2) mga kadamay sa paglilihim ng krimen (*receptadores*); at (3) mga kadamay sa pagkukubli ng kriminal (*encubridores proprio*). Kaugnay sa huling pangkat, maaaring maging isa sa tatlong uri ang kadamay sa pagkukubli ng salarin: (1) tagakupkop; (2) tagatago; at (3) tagapagpatakas.[353] Samantalang nangunguna o sumasabay sa pangyayari ang kagagawan ng isang kaagapay, nasa dakong hulihan ng pangyayari naman ang kagagawan ng isang ang isang kadamay.

Maaaring pag-ibahin pa sa dalawang uri ang mga kadamay: (1) kadamay na may saguting kriminal (pinarurusahang kadamay), na tinutukoy sa Artikulo 16, talataan 3; at (2) kadamay na walang saguting kriminal (di-pinarurusahang kadamay), na tinutukoy sa Artikulo 20 at yaong hindi nababanggit, bagama't mahihiwatigan, sa ikalawang talataan ng Artikulo 16, kaugnay ng mga magagaang na krimeng pinarurusahan ng Binagong Kodigo Penal, at sa ikatlong talataan ng Artikulo 19, kaugnay sa mga kadamay na hindi nasasaklawan ng pasubali nito. Datapwa't kaugnay sa mga kagagawan ng tinatawag na mga kadamay, maliwanag na wala na itong tunay na kaugnayan sa mismong pagsasagawa ng krimen. Nagsisimula lamang silang gumanap ng kagagawang pinagmumulan ng saguting kriminal pagkaraang mangyari o maisagawa na ang krimen. Kaya naman, hindi tunay na sumasabay sa pagkakasala ang mga kadamay. Higit na naaangkop silang tunghayan bilang mga taong nagsasagawa ng isang bukod na paglabag sa batas, na nais ng maraming komentarista na ituring bilang *sui generis* na krimen,[354] na may malapit na kaugnayan nga lamang sa krimeng nagawa ng iba. Makikita lamang ang tunay na pagtatambal ng mga kriminal (*concurso de delinquentes*) o sabayang pagiging salarin o sama-samang pagkakasala (*codelinquencia*) o tambalang pakikibahagi sa krimen (*coparticipacion*) sa kalagayan ng mga pasimuno, samantalang pagtulong o pag-ayuda lamang naman ang matutunghayan kaugnay sa pagkakadawit ng mga kaagapay (*complicidad*); at dito, pangunahin ang pakikibahagi ng naunang pangkat (*participacion principal*), samantalang pangkatig o pumapangalawa naman ang huli (*participacion secundaria*).

Nagtatadhana ang Artikulo 16[355] ng tatluhang pagpapangkat ng mga taong may saguting kriminal, batay sa mismong kalikasan ng kanilang pakikibahagi sa

353. Batay ito sa tatlong anyo ng pagtulong sa pagkukubli o pagtatago ng salarin na nababanggit sa Artikulo 19.

354. Sinusundan ito sa panukala ng proyekto ng Kodigo ng mga Krimen ng 1954, na nagmumungkahing alisin na ang pagiging kadamay bilang pinakamababang antas ng pagkakaroon ng saguting kriminal, at sawatain sa halip ang iba't ibang anyo nito bilang mga hiwalay at may kasarinlang mga krimen.

355. KODIGO PENAL: Art. 16. *Sinu-sino ang may saguting kriminal.* --May saguting kriminal, kaugnay sa malulubha at di-gaanong malulubhang mga delito, ang mga sumusunod:

1. Mga pasimuno.
2. Mga kaagapay.

pagsasagawa ng krimen. Kapag isinagawa ng marami ang isang krimen, nang hindi pinagsasamahan ng lahat sa pantay-pantay na paraan, iba't ibang antas ng pananagutan ang ipinapataw ng batas sa bawat isa sa kanila. Sa gayong pagkakataon, maaari silang magkaroon ng saguting kriminal bilang mga pasimuno, mga kaagapay, o mga kadamay. Mahihiwatigang nahahati naman ang pagpapangkat ng mga kagagawang nasasangkot sa lima: (1) kagagawang nauugnay sa tuwirang pagsasakatuparan ng krimen (*toman parte directa en la ejecution del hecho*); (2) kagagawang tuwirang pumipilit o humihikayat sa iba ng pagsasakatuparan ng krimen (*fuerzan o inducen directamente a otros a ejecutarlo*); (3) kagagawang kinakailangan bilang tulong sa pagsasakatuparan ng krimen (*cooperan a la ejecucion del hecho por un acto sin el cual no se hubiera efectuado*); (4) kagagawang hindi saklaw ng tatlong pangkat na unang nabanggit nguni't nakakatulong sa pagsasakatuparan ng krimen, at maaaring nangunguna o sumasabay dito (*no hallandose comprendidos en el articulo 17, cooperan a la ejecution por actos anteriores o simultaneos*); at (5) kagagawang nanghihimasok pagkaraang maisakatuparan na ang krimen (*intervienen con posterioridad a su ejecucion*). Maliwanag dito na ang unang apat lamang ang may kinalaman sa pagsasakatuparan ng krimen, samantalang tapos na ang pagsasakatuparan ng krimen kapag naghihimasok ang ikalima. Kaya naman, sumasaklaw ang unang apat na pangkat sa tinatawag na tunay na pakikibahagi (*participacion verdadera*), samantalang mapanakop o mapagdamay na pakikibahagi (*participacion extensiva*) naman ang sa ikalima.

Bilang pangkalahatang panuntunan, pinarurusahan lamang ang magagaang na mga krimen kung tuluyang naging ganap ang mga ito.[356] Nguni't kung isinagawa ang mga krimeng magagaang laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba, maparurusahan ang mga ito kahit na nasa tinangka o nabigong antas ng pagsasakatuparan pa lamang[357] nang matutop. Subali't mga pasimuno at mga kaagapay lamang ang may saguting kriminal kaugnay ng mga krimeng magagaang.[358] Samakatwid, ligtas sa saguting kriminal ang mga kadamay kaugnay sa mga krimeng magagaang. Dahil sa pagkaltas sa pangkat ng mga kadamay mula sa pag-iisa-isa at pagpapangkat ng mga dapat managot kaugnay sa mga krimeng magagaang, mahihinuhang walang sagutin ang mga kadamay kaugnay sa mga krimeng magagaang. Ikinakatwiran dito na sa pagsasagawa ng mga krimeng magagaang, napakaliit ng kamaliang nagagawa sa lipunan, gayon din ang kapinsalaang naidudulot sa kapwa tao, kung kaya itinuturing na hindi

3. Mga kadamay.

Sumusunod ang may saguting kriminal kaugnay sa magagaang na mga delito:

1. Mga pasimuno.
2. Mga kaagapay.

356. Matangi roon sa mga isinagawa laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba. *Id.* at art.7.

357. *Id.*

358. *Id.* at art. 16.



na kailangan ang kaparusahan. Hindi pa rin mananagot ang mga kadamay kaugnay ng mga krimeng magagaang, kahit na isinagawa pa ang mga ito laban sa kapwa tao o ari-arian ng iba.[359]

## Epilogo Bilang Prologo

Hanggang dito, nagawa pa lamang tunghayan sa nangunang pagtalakay ang ilan sa mga pangkalahatang salik sa pagtutuos ng saguting kriminal. Sa puntong ito, maaaring hindi pa sapat na lumilitaw ang nangingibabaw na katangian ng Binagong Kodigo Penal sa mga pasadyang batas pamarusa, kaugnay sa kakayahan nitong maging lubusang mapanuri sa mga pangyayaring nakapaligid sa pagsasakatuparan ng isang paglabag. Nagsisilbing pambungad lamang ang mga tinalakay sa higit pang marubdob na pag-aaral na hinihingi ng batas kaugnay sa mga pangyayaring nabanggit, lalung-lalo na yaong nauugnay sa masusing pagsukat sa antas ng pakikibahagi sa krimen, bago pa man mahusgahan ang krimen at ang maykagagawan nito, sa layuning matuos sa abot ng makakaya ng tao ang mismong katindihan o kagaanan ng paglabag, upang maiangkop sa kalagayan ng salarin ang nauukol na kaparusahan.

Kahanga-hanga pa rin ang Binagong Kodigo Penal, sa kabila ng kakulangan ng patuloy na pagpapaunlad at paglilinang nito ayon sa hinihingi ng kasalukuyan, dahil na lamang sa pagsusumikap nitong maiangkop ang parusa sa tunay na kalikasan ng kagagawan at sa kalagayan ng salarin at maging higit na makatarungan sa kanya sa gayong paraan, habang nagsisimula na sanang humakbang patungo sa isang uring batas sa krimen ng hinaharap, na hindi lamang makatao kundi mapaghadlang, mapagligtas at mapagpabuti, sa halip na mapaghiganti. Kaya naman, sa pagtuklas ng mga katangiang ito at sa pagtataguyod ng ganitong mga layunin, hinihingi ang isang higit pang malalim at masigasig na pagsasaalang-alang mula rito.

359. *Id.*